# Manwal hinggil sa Pagsablay:

## Mga Taktica Laban sa Inhustisya

Brian Martin

Translated in Filipino (Tagalog) by Xavier Roel Alvara



**Irene Publishing**

Click here for more free Tagalog (wikang tagalog) resources!

# Manwal hinggil sa Pagsablay: Mga Taktika Laban sa Inhustisya

Brian Martin

Translated in Filipino (Tagalog) by Xavier Roel Alvaran

## Paunawa ng may-akda

Sinimulan kong pag-aralan at itaguyod ang di-marahas na kilos sa huling bahagi ng dekada ’70. Natatangi kong interes ang pagbuo ng lipunan para sa layuning mawala ang pangangailangan sa mga militar sa pamamagitan ng di-marahas ng paraan.

Isa sa mga nakakaintrigang salik ng di-marahas na kilos ay sa tuwing marahas na inaatake ang mga payapang nagpoprotesta, maaaring nauuwi ito sa mas matinding suporta para sa kanila. Tinawag itong “politikang jiu-jitsu” (*political jiu-jitsu*)[1] ng pangunahing mananaliksik ng kawalang-karahasan na si Gene Sharp. Sa isport na jiu-jitsu, maaaring makaapekto laban sa kalaban mismo ang sariling puwersa at momentum nito. Gayundin, sa pamamagitan ng pananatiling di-marahas, magagamit ng mga nagpoprotesta ang napakalakas na puwersa ng umaatake laban sa umaatake mismo, at makakakuha sila ng mas matinding suporta.

May di-mabilang na kaso ng pagtanggi sa inhustisya. Noong mga taong 2000, naging interesado ako sa mga sitwasyong walang gaanong pagtanggi. Tiningnan namin ng dalawa ko pang kasamahan - sina Wendy Varney at Adrian Vickers - ang mga pang-aabuso sa karapatang pantao ng puwersang militar ng Indonesia. Sa ilang mga kaso, tulad ng pagsakop sa East Timor, maraming halimbawa ng pagtanggi. Ngunit sa iba, kagulat-kulat na kakaunti lamang. Noong 1965, nagsimula ang mga puwersang militar ng Indonesia ng isang malawakang kampanya ng pagpatay na ang punterya ay ang mga komunista. Isa itong kampanyang itinuturing ng maraming iskolar bilang henosidyo (*genocide*). Marahil, may humigit-kumulang 800,000 biktima. Kung ikukumpara, kakaunti ang pagtanggi sa loob ng Indonesia at, higit na kagulat-gulat, kakaunting silakbo ng galit sa labas ng bansa. Naging isa

---

1 Gene Sharp, The Politics of Nonviolent Action (Boston: Porter Sargent, 1973).

itong pagdanak ng dugo na maluwag na tinanggap ng maraming gobyernong kontra sa mga komunista.[2]

Alam ko ang tungkol sa politikang jiu-jitsu. Ang mga biktima ng mga pagpatay ay hindi marahas na lumaban noong 1965-1966. Dahil dito, naisip ko kung bakit hindi nagaganap ang politikang jiu-jitsu sa ilang mga kaso. Naisip ko na maaaring may ginagawa ang mga umaatake para mapalabnaw ang epektong jiu-jitsu. Kinalaunan, nakabuo ako ng mga ideya tungkol sa mga paraang ginagamit ng mga tagapasimuno para pahupain ang silakbo ng galit. Dahil ang balangkas na binuo ko ay may mahahalagang salik na hindi kabilang sa politikang jiu-jitsu ni Sharp, tinawag ko ang epektong ito bilang "pagsablay" (*backfire*).

Sa huling dekada, inilapat ko ang modelo ng pagsablay sa malawak na saklaw ng mga kaso. Nailalapat agad ito sa mga masaker ng payapang tagaprotesta sa East Timor at South Africa, halimbawa. Maiaangkop din ito sa mga inhustisya na hindi pasók sa karaniwang balangkas ng di-marahas na kilos, tulad ng sa sensura, seksuwal na panliligalig, panggugulpi ng mga pulis, labis na pagpapahirap o *torture* at henosidyo.[3]

Dinisenyo ang manwal na ito upang magbigay ng mga praktikal na gabay sa paggamit ng modelo ng pagsablay. Para ito sa mga gumagawa ng aksiyon laban sa inhustisya at sa mga gustong pag-isipan nang mabuti ang mga pinakamabisang hakbang na gagawin.

Isa lamang gabay ang modelo ng pagsablay sa pag-iisip ng mga estratehiya at taktika. Hindi ito kapalit ng pag-iisip. Ang sinuman upang maging epektibo ay nangangailangan ng lokal na kaalaman at praktikal na pagtingin. Walang pormula ng pagtatagumpay ang tatalab sa lahat ng okasyon. Ang pinakamagandang magagawa ng isang modelo ay magbigay ng mga paalala hinggil sa mga bagay na dapat isaalang-alang.

Ang pinakamahalagang mensahe mula sa modelo ay ang pag-iisip tungkol sa mga pagpipilian at pagsaalang-alang ng kung ano ang malamang na gagawin ng kabilang panig. Ganoon naman talaga kung sasabihin sa ganitong paraan, ngunit sa aktuwal, madalas na ginagawa ng mga aktibista ang mga dati na nilang ginagawa at nag-iisip lamang ng kung ano ang gusto nilang makamit at ano ang pinaplano nilang gawin, hindi kung ano ang gagawin ng mga kalaban.

Ipinapakilala ng Kabanata 1 ang modelo ng pagsablay. Inilalarawan ng Kabanata 2 ang pag-aanalisa ng pagsablay: paano tuklasin at unawain ang mga taktikang ginagamit ng mga tagapasimuno ng inhustisya na pumipigil sa silakbo ng galit. Nagbibigay ang Kabanata 3 ng

---

2 Brian Martin, Wendy Varney, at Adrian Vickers, "Political Jiu-Jitsu against Indonesian Repression: Studying Lower-profile Nonviolent Resistance," Pacific Review, Vol. 13, 2001, pp. 143-156.

3 Para sa iba-ibang artikulo, tingnan ang "Backfire materials," http://www.bmartin.cc/pubs/backfire.html

mga mungkahi sa paghahanda para sa aksiyon, habang isinasaalang-alang kung ano ang maaaring gawin ng mga kalaban. Nagbibigay ang Kabanata 4 ng mga ideya tungkol sa paggawa ng aksiyon habang nagaganap ang inhustisya, at pagkatapos ng mga malalaking pangyayari. Nagbibigay ang Kabanata 5 ng mga tugon sa ilang mga tanong tungkol sa modelo.

Gumamit ako ng ilang kaugnay na mga sitwasyon, tulad ng mga panggugulpi ng mga pulis, bilang mga halimbawa. Kailangan mong mag-isip ng iyong sariling mga halimbawa, lalo na ang mga isyu na may marami kang nalalaman, at suriin mo ang mga ito. Ang modelo ng pagsablay ay isa lamang pangkat ng mga kasangkapan para sa pag-iisip, hindi sunod-sunod na paraan ng aksiyon. Kailangan mong magsanay na mag-isip nang estratehiko. Kaya mag-isip ng sarili mong mga halimbawa. Ano ang gagawin mo kung sumabog ang isang sandatang nuklear sa kalapit na siyudad? Ano ang gagawin mo kung nakatuklas ka ng isang malawakang pandaraya ng gobyerno? May ilang mga pagsasanay na magagamit sa Kabanata 6. Maaari ka ring bumuo ng sarili mo.

Maraming saliksik sa dalubhasang pagganap na nagpapakita na upang maging mahusay sa isang bagay, kailangan mong gumugol ng maraming oras sa pagsasanay ng mga pinakamahirap na bahagi ng gawain.[4] Kung gusto mong maging mahusay sa pagiging epektibong aktibista, kailangan mong gumugol ng maraming oras sa pag-iisip ng mga taktika at estratehiya. Maaaring maging isang kasangkapan ang modelo ng pagsablay para tulungan kang magawa iyon.

Sa aking *website*, naglagay ako ng maraming artikulong ginagamit ang modelo. Kung maaari ay magpadala sa akin ng mga kopya o *link* para mapalawak ang pundasyon ng impormasyon tungkol sa modelo.[5] Lalo akong interesado sa pag-alam ng mga kahinaan ng modelo at sa mga paraan kung paano ito maiuugnay sa mga bagong larangan, sa pamamagitan marahil ng pagsasaayos nito. Sa pagdaan ng mga taong napaunlad at nagamit ko ang modelo, dahan-dahan itong nagbago. Napakarami pa ring puwang para mapabuti ito.

---

4 Kabilang sa mga mababasang salaysay ng saliksik sa dalubhasang pagganap ay Geoff Colvin, Talent is Overrated: What Really Separates World-class Performers from Everybody Else (New York: Penguin, 2010); Daniel Coyle, The Talent Code. Greatness Isn’t Born. It’s Grown. Here’s How (New York: Bantam, 2009); David Shenk, The Genius in All of Us: Why Everything You’ve Been Told about Genetics, Talent, and IQ Is Wrong (New York: Doubleday, 2010).

5 Email: bmartin@uow.edu.au

## Pagkilala

Napakarami kong natutuhan hinggil sa pagsablay (*backfire*) mula sa mga tumulong sa akin at mula sa maraming indibidwal na nagbigay ng mga komento, sanggunian at panghikayat na gawain. Nagbigay ng mahahalagang puna ang ilang mga tao sa mga borador ng manwal na ito: sina Sharon Callaghan, Karen Kennedy, Majken Sørensen at Steve Wright. Salamat nang lubos kay Jørgen Johansen para sa kaniyang suplemento at masigasig na suporta.

# Ang modelo ng pagsablay

Minsan, sumasablay ang mga pag-atake. Salungat ang epekto nito para sa mga umaatake. Ang totoo, labis na nakapipinsala ang mga ito para sa mga umaatake na mas gugustuhin nilang wala na lamang sana silang ginawa.

- Noong 1991, ginulpi ng mga pulis ng Los Angeles ang isang motoristang nagngangalang Rodney King, na nagpapatakbo nang matulin para iwasan ang pag-aresto. Nang lumabas ang video ng panggugulpi sa telebisyon, sumiklab ang galit ng mga nakapanood at lumagpak ang suporta ng publiko sa pulisya. Sumablay sa mga pulis ang panggugulpi.
- Noong dekada '90, kinasuhan ng McDonald's ang dalawang anarkistang sina Helen Steel at Dave Morris, dahil sa kanilang polyetong "*What's wrong with McDonald's?*" (Ano'ng hindi tama sa McDonald's?) Hindi patas para sa nakararami ang naging legal na aksiyon at humantong ito sa isang napakalaking kampanya ng suporta para kina Steel at Morris. Dagok ito sa ugnayang pangmadla ng McDonald's. Sumablay sa McDonald's ang pagdemanda nito kina Steel at Morris.
- Noong 2004, iniulat ng media ang labis na pagpapahirap (*torture*) sa mga bilanggong Iraqi sa kulungan ng Abu Ghraib. Nakita sa mga maselang larawan ang mga Amerikanong guwardiya ng kulungan na ngumingisi habang pinapahiya at pinapahirapan ang mga bilanggo. Lubhang nasira ng paglathala ng mga larawan ang reputasyon ng gobyerno ng Estados Unidos, lalo na sa Gitnang Silangan. Sumablay ang *torture* sa mga Amerikanong militar.
- Noong 1991, libo-libong mga tao ang sumama sa isang paradang paglibing sa Dili, East Timor, na ginamit ang okasyon upang payapang magprotesta laban sa pananakop na gawa ng Indonesia. Habang patungo ang prusisyon sa sementeryo ng Santa Cruz, walang habas na nagpaputok ang mga sundalong Indonesio na pumatay sa daan-daang tao. Naroon ang mga Kanluraning mamamayahag at nakunan nila ng video ang masaker. Naghimok ang kanilang testimonya at ang ebidensiyang video ng

napakalaking pagtaas sa internasyonal na suporta para sa kilusang pangkalayaan ng East Timor at naging pundasyon ito ng kasarinlan makalipas ang isang dekada. Sumablay ang masaker ng mga payapang nagprotesta sa gobyerno ng Indonesia.

May sangkot na inhustisya sa bawat isa sa mga kasong ito: kalupitan ng mga pulis, sensura, *torture*, masaker. Sa bawat kaso, ang mga nagpasimuno ng pag-atake - ang kapulisan, McDonald's, mga Amerikanong guwardiya ng bilangguan, mga sundalong Indonesio - ay nagdulot ng pinsala sa kanilang mga target.  Ngunit sa bawat kaso, sumablay sa huli ang pag-atake na nagdulot ng higit na pagkasira sa umatake at mga kaalyado nito.

Maaaring maging napakalaking tulong ng mga pagsablay sa mga pagsisikap laban sa inhustisya. Ang problema, karamihan sa mga pag-atake ay *hindi* sumasablay. Wala o kakaunting atensiyon ang natatanggap ng karamihan sa mga panggugulpi ng pulis. Halos hindi nalalaman ang karamihan sa mga legal na aksiyon para sa paninirang-puri. Palihim na ginagawa ang karamihan sa mga *torture*. Kung ikukumpara, kakaunting pagkabahala rin ang maaaring matanggap kahit ng mga masaker, na mas mahirap itago.

Ano ang nangyayari? Bakit sumasablay ang ilang mga pag-atake at hindi ang iba?




*Naganap ang masaker ng Santa Cruz habang idinaraos ang prusisyon sa libing ni Sebastiao Gomes noong 1991.*



*Noong 1960, may mga protesta sa buong South Africa laban sa mga mapangdiskriminang batas sa pagpasok sa teritoryo (pass laws). Sa Sharpeville, walang habas na nagpaputok ang mga pulis sa mga payapang nagpoprotesta at napatay ang halos sandaang katao. Bagaman sinubok ng mga pulis at gobyerno na pahupain ang galit ng mga tao, malubhang nasira ng masaker ang reputasyon ng gobyerno ng South Africa sa ibang bansa.*

Ang modelo ng pagsablay ay isang paraan ng pag-aanalisa ng mga pag-atake. Binibigyan nito ng diin ang mga aksiyong ginagawa ng bawat panig para mapahupa o mapatindi ang galit sa isang naoobserbahang inhustisya.

Ang modelo ay hindi naglalayong sabihin sa mga tao kung ano ang gagawin. Marami ang nalalaman ng mga aktibista tungkol sa lokal na sitwasyon at nasa pinakamagandang posisyon sila upang gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga pagpipilian. Ang modelo ay isang pangkalahatang kasangkapang tumutukoy sa mga uri ng mga bagay na malaki o may posibilidad na mangyari. Makatutulong ito sa mga aktibistang pumili nang mabuti.

Ang modelo ng pagsablay, tulad ng anumang modelo, ay isang kasangkapan. Hindi nito matitiyak ang tagumpay. Ipagpalagay na hawak ng isang hukbo ang pinakamahusay na posibleng estratehiya. Makatutulong iyon, ngunit kung ang hukbo ay may kakaunting sundalo, kulang sa pagsasanay at lipás na ang mga sandata, maliit ang tsansa na magtagumpay ito kahit na mayroon pang mahusay na estratehiya. Gayundin, makatutulong ang modelo ng pagsablay sa mga aktibista sa pagbuo ng mga mahusay na estratehiya, ngunit hindi ito garantiya ng tagumpay. Isa lamang itong salik sa mas malawak pang proseso.

## “*Backfire*” o pagsablay: mga batayang kaalaman

Tuwing may makapangyarihang grupo na gumagawa ng di-makatarungang bagay, maaari itong gumawa ng aksiyon para pahupain ang silakbo ng galit ng mga tao.

- Pagtakpan ang ginawa.
- Ipawalang-halaga o balewalain ang target.
- Ibahin ang interpretasyon sa nangyari sa pamamagitan ng pagsisinungaling, pagpapaliit, paninisi, at pag-akma sa isang paraan ng pagtingin.
- Gumamit ng mga opisyal na linya para pagmukhaing makatarungan.
- Takutin o gantimpalaan ang mga taong sangkot.

Ang *torture* ay kinokondena sa buong mundo, kaya tuwing gumagamit ng *torture* ang mga gobyerno, posibleng gumagamit sila ng isa o higit pa sa mga teknik na ito para pahupain ang silakbo ng galit.

### Pagtakpan ang ginawa

Madalas na ginagawa ng mga gobyerno ang *torture* nang palihim. Minsan, gumagamit ang mga taga-*torture* ng mga paraan, tulad ng pananakit sa mga talampakan ng mga paa, na nag-iiwan ng kaunting ebidensiya.

Kapag nakatago ang mga aksiyon, hindi malalaman ito ng mga tagalabas, at hindi magiging dahilan ng kanilang pagkabahala.



*Pag-torture sa mga bilanggo ng Abu Ghraib*

### Ipawalang-halaga ang target

Ipinapalagay ng mga gobyerno na ang mga bilanggo, na ipinapailalim sa interogasyon, ay mga terorista, kriminal, subersibo, o iba pang mga di-kanais-nais na klase ng tao. Kapag

ang mga tino-*torture* ay nakikita bilang mapanganib, dapat ikondena, o kung hindi man ay mababa ang katayuan sa buhay, nagmimistulang hindi napakasama ng ginagawa sa kanila.

## Ibahin ang interpretasyon sa nangyari sa pamamagitan ng pagsisinungaling, pagpapaliit, paninisi at pag-akma sa isang paraan ng pagtingin

Kapag iginigiit ng mga tagalabas na may nangyayaring *torture*, sinasabi ng mga gobyerno na wala: nagsisinungaling sila. Sinasabi nilang tinatrato nang maayos ang mga bilanggo.

Kung alam na ang ilang mga paraan - tulad ng pagpigil sa pagtulog, *waterboarding* (walang humpay na pagpapatulo ng tubig upang malunod ang biktima), o *sensory deprivation* (pagkakait na makakita, makarinig, makaamoy, makalasa, o makadama) - ay ginagamit, sinasabi ng mga gobyerno na hindi naman ganoon kasama ang mga ito: wala namang malubhang nasasaktan. Sinasabing hindi naman lubos na mapaminsala ang mga epekto nito: pinapaliit ang mga ito. Binabansagan ang mga pamamaraan ng *torture* na abuso o pagpapahiya o anumang maliit lamang - kahit ano basta hindi *torture*. Ginagamit ang wika upang paliitin ang pagkaseryoso ng *torture*.

Minsan, sinisisi ng mga gobyerno ang *torture* sa mga tampalasang guwardiya na gumagawa ng aksiyon kahit walang pahintulot: sinisisi ang mga bantay upang makaiwas sa responsabilidad ang mga opisyal.

Sinasabi ng mga gobyerno na gumagamit sila ng mga lehitimong teknik sa interogasyon upang kumuha ng impormasyon para sa mga bagay na nangangailangan ng madaliang aksiyon. Ito ay ang kanilang punto de bista. Isa itong balangkas o paraan ng pagtingin sa mundo. Tinatawag na *framing* o pag-akma sa isang paraan ng pagtingin ang pagpepresinta ng mga bagay mula sa isang pananaw.

## Gumamit ng mga opisyal na linya upang pagmukhaing makatarungan

Sa ilang okasyon, ang mga pahayag tungkol sa *torture* ay sukdulang iginigiit kaya nagtatakda na ang mga gobyerno ng opisyal na pagsiyasat, o kung ‘di kaya’y hinahabla ang ilang mga sangkot. Kadalasang nakatuon ang mga siyasat at hukuman sa mga may mabababang tungkulin, hindi sa mga mambabatas o opisyales, at maaaring may kaukulang magaang parusa lamang. Nagmumukhang may nangyayaring hustisya, ngunit pakitang-tao lamang ito.


Kabilang sa mga opisyal na linya ay ang mga ombudsman, hukuman, komisyong pansiyasat, lupon ng mga eksperto, proseso ng pagtugon sa mga hinaing, at anumang iba pang pormal na proseso ng pagtugon sa mga problema. Kadalasang napapahupa ng mga opisyal na linya ang silakbo ng galit ng publiko dahil iniisip ng mga tao na tinutugunan ang mga problema, Mabagal ang mga opisyal na linya, kaya humuhupa ang pagkagalit ng mga tao sa pagdaan ng panahon. Gumagamit ang mga opisyal na linya ng mga kumplikadong proseso at inaasahan ng mga ito ang mga eksperto tulad ng mga abogado, kaya kakaunti ang kakayahang lumahok o interes sa paglahok ng mga tagalabas.

## Takutin o gantimpalaan ang mga taong sangkot

Ang *torture* mismo ay isang anyo ng pananakot. Ang mga taong tino-*torture* ay maaaring natatakot na magsalita dahil sa panganib na lalong pahirapan. Sa mga bansang may mapaniil na gobyerno, maaaring mapanganib para sa iba - mga miyembro ng pamilya, kaibigan, mamamahayag, grupong nagtataguyod ng karapatang pantao - na magprotesta laban sa *torture*, dahil maaaring punteryahin sila. Sa kabilang banda, ang mga humaharap sa ngalan ng gobyerno ay maaaring tumanggap ng mga gantimpala, tulad ng kabayaran o promosyon.

Pinipigil ng pananakot ang pagpapakita ng silakbo ng galit. Takot ang mga tao sa mga kahihinatnan. Isang tukso ang posibilidad ng gantimpala para manahimik o para lumahok sa mga pagkilos.

Limang paraan ng pagpapahupa ng silakbo ng galit, at kung paano nauugnay ang mga ito sa isang pangyayari, mga pagtingin dito, at mga reaksiyon dito




Ano ang maaaring gawin sa harap ng limang paraang ito na nagpapahupa sa silakbo ng galit sa inhustisya? Ang sagot: salungatin ang bawat isa sa mga ito. Narito ang mga paraan.

- Ilantad ang nangyari.
- Magpatunay sa target: ipakita ang mga positibong aspekto ng kung sino o ano ang inaatake.
- Bigyang kahulugan ang mga kaganapan bilang di-makatarungan.
- Magpakilos ng suporta. Iwasan o siraan ang mga opisyal na linya.
- Labanan ang pananakot at tanggihan ang mga gantimpala.

## Ilantad ang nangyari.

Ang mga lumalaban sa *torture* ay maaaring dokumentahin ito at ilantad ang impormasyon sa mundo. Ito ay isang pangunahing kasangkapan ng Amnesty International. Nagbibigay ng hamon ang paglalantad sa pagtatakip. Partikular na makapangyarihan ang paggamit ng mga larawan.

### Magpatunay sa target. Ipakita ang mga positibong aspekto ng kung sino o ano ang inaatake.

Kailangang maipakitang tao ang mga dumaranas ng *torture*. Nakatutulong ang mga larawan at personal na detalye na maipakita ang ibang "mukha" ng taong sangkot at hamunin ang mga nakakapanirang kategoryang ikinakabit o mental na imahen.

### Bigyang kahulugan ang mga kaganapan bilang di-makatarungan.

Maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa kung ano talaga ang nangyayari (upang salungatin ang mga kasinungalingan), tungkol sa mga nakakasirang epekto ng *torture* (upang labanan ang pagpapaliit), tungkol sa kung sino talaga ang responsable (upang salungatin ang paninisi) at tungkol sa pinsalang dulot ng *torture* pati na ang kahinaan nito sa pagtamo ng impormasyon (upang salungatin ang pag-akma ng pagtingin).

### Magpakilos ng suporta. Iwasan o siraan ang mga opisyal na linya.

Nangangahulugan ang pagpapakilos ng suporta ng paghimok sa mas maraming tao na makita ang mga bagay sa paraan kung paano mo ito nakikita, sumali sa iyong mga kampanya, at magprotesta laban sa *torture*. Ito ay ang pangunahing paraan sa paggamit ng silakbo ng galit upang hamunin ang inhustisya. Dahil kadalasang napapahina ng mga opisyal na linya ang galit, mas mabuting iwasan ang mga ito, o kung hindi nama'y huwag umasa sa mga ito.



*Pagkatapos ng aksidente sa planta ng enerhiyang nuklear ng Chernobyl noong 1986, gumamit ang gobyernong Soviet ng iba't ibang teknik upang pahupain ang silakbo ng galit, ngunit naging lubhang di-matagumpay ito.*

### Labanan ang pananakot at tanggihan ang mga gantimpala.

Kailangang manindigan ng ilang tao sa harap ng pananakot, halimbawa na ang pagsasalita tungkol sa *torture*. Makatutulong din ang pagdokumento at paglantad ng pananakot: maaari itong makapukaw ng mas matinding silakbo ng galit at makapag-ambag sa pagsablay. Gayundin, kailangan ng ilang taong labanan ang tukso ng pagkamit ng gantimpala.

Napapataas ng paggamit ng limang uring ito ng paraan ang tsansa na sasablay ang mga pag-atake. Gayunman, nakadepende ang kahihinatnan ng pakikipaglaban sa malawak na saklaw ng mga salik.

Ang modelo ng pagsablay ay isang gabay sa mga taktikang malamang na ginagamit ng mga makakapangyarihang tagapasimuno ng inhustisya upang pahupain ang silakbo ng galit at ang kung ano-anong panlabang taktika na maaaring makapaghimok ng silakbo ng galit. Inilalarawan nito ang mga taktika at panlabang taktika, ngunit nakadepende ang kung ano talagang nangyayari sa mga sirkunstansiya, mga taong sangkot, at desisyong ginawa.

## Anong hindi kasama sa modelo

- Pipiliing mga paraan. Kailangan bang mas pagtuonan ang paglalantad ng inhustisya o ang paglaban sa pagpapawalang-halaga, o iba pa? Ang mga desisyon tungkol sa kung anong paraan ang gagamitin ay kailangan gawin ng mga taong sangkot, batay sa mga sirkunstansiya.
- Oras. Kailan ang pinakamabuting panahon para ilantad ang isang inhustisya? Malamang hindi kung nauna nang nakatuon ang *media* sa sakuna o kuwentong *showbiz*, o kung hindi pa handa ang kilusan na kunin ang oportunidad ng pagsiklab ng galit. Lubhang mahalaga ang pagpili ng tamang oras.
- Lokal na kaalaman. Ang mga taong may malalim na pagkakasangkot sa isang isyu ay may malaking-malaking nalalaman tungkol sa kasaysayan, dinamikang panlipunan, paliwanag, personalidad at kung ano-ano pa. Tanging pangkalahatang balangkas ang ibinibigay ng modelo. Mahalaga ang lokal na kaalaman sa pagbibigay ng saloobin sa kung anong gagawin at kailan ito gagawin.
- Kultura at pagpapahalaga. Nakadepende sa kanilang kultura o umiiral na pagpapahalaga ang kung anong itinuturing ng mga tao na makatarungan o di-makatarungan. Batay ang modelo sa kung anong lagay ng mga bagay sa kasalukuyan --- ang umiiral na buklod ng mga paniniwala at pag-uugali. Kung nagbabago ang mga paniniwala ng mga tao tungkol sa inhustisya, isang prosesong minsa’y

naiimpluwensiyahan ng pangangampanya, magbabago rin sa gayon ang batayan ng galit.

- Pangmatagalang pagbabago. Nakatuon ang modelo sa mga reaksiyon sa mga aksiyon. Hindi nito tinutugunan kung paano maghahatid ng pagbabago sa pangmatagalang panahon.

### Paano makatutulong ang modelo

- Karamihan sa mga aktibista ay nakatuon lamang sa pag-iisip sa kung anong gagawin, tulad ng pagdaos ng kilos-protesta o pagsisimula ng isang kampanya. Nakatuon ang pansin ng modelo ng pagsablay sa kung anong gagawin ng mga kalaban, partikular na ang mga taktikang gagamitin ng mga makapangyarihang kalaban upang pahupain ang silakbo ng galit sa inhustisya.
- Iniisip ng ilang mga aktibista na nagbibigay ng solusyon ang mga opisyal na linya. Halimbawa, minsa'y nagkakampanya sila upang himukin ang gobyerno na maglunsad ng pagsiyasat. Ipinapakita ng modelo ang mga kakulangan ng mga opisyal na linya, lalo na ang paraan kung paano pinapahina ng mga ito ang galit.
- Kadalasang naniniwala ang mga aktibista na awtomatikong nagdudulot ng silakbo ng galit ang inhustisya. Halimbawa, kung ginulpi ng mga pulis ang mga nagpoprotesta o nilabag ng gobyerno ang batas, iniisip ng mga aktibista na makikita ng lahat ang pagiging hindi makatarungan nito. Ipinapakita ng modelo na maaaring gumamit ang makakapangyaring tagapasimuno ng maraming teknik na nagpapahupa sa silakbo ng galit.

# Pag-aanalisa ng Pagsablay

May nangyaring hindi maganda, tulad ng seksuwal na panliligalig, hindi makatarungang pagtitiwalag, isang sakuna sa kalikasan, o malawakang pagpatay. Ang pag-aanalisa ng pagsablay ay isang paraan ng pagsisiyasat ng pagbabanggaan ng mga reaksiyon ng mga tao.

Kadalasang tumutugon ang mga tao sa mga hindi magandang bagay sa pamamagitan ng pag-aalala, pagngingitngit, pagkainis, pagkadismaya, o matinding silakbo ng galit.[6] Madalas kong gagamitin ang salitang "salikbo ng galit" ngunit magagamit din ang ibang paglalarawan.

Sa pag-aanalisa ng pagsablay, ang tuon ay sa mga taktika. Ang mga taktika ay mga aksiyon; mga bagay ito na ginagawa ng tao. Sa pag-aanalisa ng pagsablay, hindi gaanong mahalaga na ipaliwanag kung bakit nangyayari ang mga bagay.

Sa pagtingin sa mga taktika, ang tuon ay kung paano napapataas o nababawasan ang silakbo ng galit.

Bakit mo gugustuhing mag-analisa ng pagsablay? Kung tutuusin, nangyari na ang nangyari at wala nang magagawa tungkol dito. Una, maaaring makapagbigay ang pag-aanalisa ng pag-unawa sa mga taktikang ginagamit ng mga tagapasimuno, upang matutuhan kung paano sila kumikilos, at nang sa gayon ay mas makapaghanda para sa susunod na pagkakataon. Ikalawa, maaaring gamitin ang pag-aanalisa upang iangat ang kamalayan ng mga tao tungkol sa paraan kung paano nagaganap ang mga pagbabanggaan sa silakbo ng galit - maaaring makapagbigay ito ng pag-unawa. Ikatlo, maaaring mabago ng pag-aanalisa ng pagsablay ang reaksiyon ng mga tao sa mga isyu: maaari nitong mapagalit sila o mapataas ang kanilang paninindigan. Habang natututo sila tungkol sa mga teknik na ginagamit ng mga makapangyarihang pasimuno - lalo na ang tungkol sa pananakot, pagtakip at pagpapawalang-halaga - maaari silang magkaroon ng mas malaking simpatiya sa mga pinupunterya ng pag-atake.

Sa kabanatang ito, magkukuwento ako tungkol sa kung paano magsagawa ng isang pag-aanalisa ng pagsablay. Ang unang paksa ay ang pagkolekta ng impormasyon: mayroon akong tatlong halimbawa ng kung paano ito magagawa. Pagkatapos, susubukan ko ang pagklasipika ng mga taktika sa ilalim ng mga kategorya ng pagtatakip, pagpapawalang-halaga, pag-iiba ng interpretasyon, mga opisyal na linya, at pananakot/paggantimpala. Ikahuli, sasabihin ko kung paano magsulat ng salaysay ng pagsablay.

## Pagkolekta ng impormasyon

Upang magsagawa ng isang pag-aanalisa ng pagsablay, kailangan mo ng maraming-maraming impormasyon. Maaaring manggaling ito sa mga libro, artikulo, *blog*, interbyu at personal na obserbasyon. Sabihin nating gusto mong mag-analisa ng mga taktikang

---

6 Sa ilang pagkakataon, mas malapit ang mga reaksiyon ng mga tao sa kawalan ng interes (apathy) o kawalan ng pag-asa (despair), na hindi gaanong kapaki-pakinabang sa pagsalungat ng masamang bagay.

ginagamit sa isang malaking kilos-protesta kung saan inatake at inaresto ng mga pulis ang mga nagprotesta. Maaari kang kumuha ng mga ulat ng balita, *blog*, larawan, at nilalaman ng interbyu - anumang nakapagbibigay ng impormasyon. Kung nangyari ang kilos-protestang iyon noong 1915, kailangan mong ganap na sumangguni sa mga nakatalang dokumento, sapagkat wala nang nabubuhay pa ngayon na naroon sa pangyayari. Gayunman, marahil ay mayroong mga anak o apo o iba pa na nakarinig ng mga salaysay ng pangyayari.

Kung kamakailan lamang naganap ang kilos-protesta, maaari kang makipag-usap sa mga taong naroon. Malaking trabaho iyon. Maaaring daan-daan o libo-libo pa ang naroon. Gayundin, kung pangunahing balita ang kilos-protesta, maaaring mayroong daan-daang kuwento mula sa *media*. Sapat lamang na dami ang kailangan mong kunin - hindi ang lahat ng maaaring makuhang impormasyon. Babalikan ko ito.

Kung posible, kailangan mong kumuha ng impormasyon mula sa magkabilang panig: mga nagprotesta at mga pulis. Kaya maghanap ng mga pahayag ng *media* ng kapulisan, istorya sa balita na may binabanggit na sinabi ng pulis, pahayagan ng kapulisan at ikonsidera ang paghingi ng panayam sa mga pulis. Nakapagbibigay ng mas malawak na pag-unawa sa mga taktikang ginamit ang pagkuha ng impormasyon mula sa iba't ibang pananaw. Higit pa, magkakaroon ng higit na kredibilad ang iyong suri kung iba-iba ang batayang gagamitin.

Sa ilang pagkakataon, mayroong maraming panig. Maaaring may mga pagtanaw ang mga politiko o komentarista ng *media* na naiiba sa mga nagpoprotesta o kapulisan. Narito ang tatlong halimbawa ng kung paano ako nagkolekta ng impormasyon para sa pag-aanalisa ng pagsablay.

## Halimbawa 1: Rodney King

Noong ika-3 ng Marso ng 1991, inaresto ng mga pulis ng Los Angeles ang isang lalaking nagngangalang Rodney King, na nagmamaneho habang nakainom ng alak at tinatakasan ang mga humahabol na pulis. Sa proseso ng pag-aresto, gumamit ang mga pulis ng mga *taser* (panguryente) laban kay King at pinalo siya gamit ang mga bakal na batuta nang ilang dosenang beses. Nakuhaan ang panggugulpi sa *videotape* ng isang saksi sa isang malapit na tinutuluyan at pagkatapos ay naipalabas sa telebisyon, kaya humantong sa isang malaking pagtugon laban sa kapulisan.



*Kuhang larawan mula sa video ng panggugulpi kay Rodney King*

Nagdesisyon akong imbestigahan ang panggugulpi kay King bilang halimbawa ng pagsablay. Dahil kilalang-kilala ang kaso, ipinagpalagay kong maraming materyal na magpapakita ng mga teknik sa paghupa at paghimok ng silakbo ng galit - at tama ako. Nakakuha ako ng humigit-kumulang sampung libro na pinapaksa ang panggugulpi, ilan mula sa panig ng kapulisan, ilan sa panig ni King at ilang walang malakas na posisyon. Binasa ko ang mga libro, at isinulat ang mga nadaanan kong mga halimbawa ng mga paraang may epekto sa silakbo ng galit. Halimbawa, nabasa ko ang tungkol sa "*police code of silence*" o kodigo ng pananahimik ng kapulisan, isang di-nakasulat na tuntunin kung saan hindi inuulat ng mga opisyal ang mga pang-aabusong gawa ng mga kapwa-pulis. Nalaman kong naroon ang 20 pulis nang maganap ang pag-aresto ngunit wala ni isa sa kanila ang nag-ulat ng anumang problema. Pasok ito sa kategorya ng pagtatakip o *cover-up*. Nangangahulugan ang kodigo ng pananahimik ng pulis na wala sa 20 pulis ang malamang na mag-uulat ng nakita nila, kahit pa sa palagay nila ay napakarahas ng panggugulpi.

Dahil napakaraming nakalathalang materyal, nagdesisyon akong hindi na humingi ng mga panayam. Lalo na't nakapanayam na ng mga peryodista at imbestigador ang lahat ng mga sangkot na tao, at sa ilang pagkakataon ay may lubos na lalim, kaya maaari kong asahan ang kanilang mga salaysay. Minsan, may maliliit na hindi pagkakatugma sa pagitan ng iba't ibang pahayag, kaya kinailangan kong pagpasiyahan kung ano ang sasabihin, kung mayroon man, tungkol sa mga puntong ito.[7]

## Halimbawa 2: Ang pagsisante kay Ted Steele

Noong 2001, sinisante sa trabaho si Ted Steele, isang matagal nang asosyadong propesor sa biyolohiya, mula sa University of Wollongong - kung saan ako nagtatrabaho.

---

7 Brian Martin, "The beating of Rodney King: the dynamics of backfire," Critical Criminology, Vol. 13, No. 3, 2005, pp. 307-326.

Nagbibigay-puna si Steele sa *media* tungkol sa "*soft marking*" (malabnaw na pagmamarka), o ang pagbibigay sa ilang mga mag-aaral ng mga markang mas mataas kaysa sa karapat-dapat para sa kanila. Nang walang abiso, sinisante ng Bise-Kansilyer si Steele. Lumikha ito ng napakalaking atensiyon ng *media*, kung saan dinedepensahan si Steele buhat ng kalayaan sa pagpapahayag. Ang pagsisante ay gumawa ng napakalaking di-kanais-nais na publisidad para sa unibersidad sa matagal na panahon: sumablay ito.

Sa pangkaraniwan, mas gusto kong hindi nag-aanalisa ng mga kaso sa anumang organisasyon kung saan mayroon akong personal na ugnayan. Mas mabuti kung tagalabas ang gagawa nito, dahil malalapitan nila ang mga isyu sa mas balanseng paraan at may higit silang kredibilidad gawa ng pagiging independiyente. Gayunman, sa kabila ng malawak na pag-ulat ng pagtitiwalag at mga kasunod na pagdinig sa korte, walang gumawa ng malalim na suri, kaya nagdesisyon akong magsulat ng isang artikulo tungkol sa kaso, bahagi na rin bilang pagdepensa sa Kagawaran ng Mga Agham Biyolohiya, na naipit sa tunggalian sa pagitan ng mga paratang ni Steele at ingay dulot ng kaniyang pagkakatiwalag.

Hindi na ako nagsagawa pa ng mga panayam, dahil marami na ring mga inilathalang materyal tungkol sa mga kaganapan. Bilang akademiko sa unibersidad, mayroon akong isang bentahe: ang *access* sa mga *email* hanggang noong mga nakaraan pang taon, mula kay Steele at sa iba pa, partikular na sa mga hamon ni Steele sa pangasiwaan ng unibersidad. Dagdag pa, dumalo ako sa isang mahalagang pulong ng lokal na sangay ng National Tertiary Education Union - na saklaw ang mga akademiko sa buong Australia - kung saan tinalakay ang isyu ng pagsuporta kay Steele. (Marami sa mga kasamahan ni Steele sa Agham Biyolohiya ay hindi gustong sumuporta sa kaniya.) Pagkatapos mailathala ang aking sulat tungkol sa pagtitiwalag sa isang pahayagan, mas maraming tao ang nakipag-usap sa akin tungkol sa kaso, at nakakuha ako ng impormasyon mula sa ilan sa kanila. Palagi kong sinusuri ang mga pahayag sa higit sa isang tao.

Matapos akong makapagsulat ng borador ng aking artikulo, ipinadala ko ito sa lahat ng mga pangunahing sangkot, kabilang si Steele, ang Bise-Kansilyer, mga miyembro ng Agham Biyolohiya, at mga opisyal ng unyon. Iilan lamang sa kanila ang sumagot; natulungan akong maiayos ang ilang punto ng mga puna mula sa mga nagbigay ng sagot. Dahil napapanahon noon ang kaso, kinailangan kong maging mas maingat sa isinalaysay ko.[8]

---

8 Brian Martin, "Boomerangs of academic freedom," Workplace: A Journal for Academic Labor, Vol. 6, No. 2, June 2005, http://www.bmartin.cc/pubs/05workplace.html.




Halimbawa 3: Plotilyang Pangkalayaan patungong Gaza, 2010

Noong Mayo ng 2010, isang plotilya ng anim na barko ang naglayag patungong Gaza upang magpadala ng mga tulong pantao, na naging hamon sa pagbangkulong ng gobyerno ng Israel. Inatake ng mga sundalong Israeli ang plotilya, kung saan napatay ang siyam na pasahero at kinulong ang natira. Maraming nagtamo ng pinsala, kabilang ang ilang sundalo. Ibinalita sa buong mundo ang pag-atake sa plotilya at naging malaking dagok ito para sa ugnayang pangmadla ng gobyerno ng Israel.

Halos lahat ng mga komentaryo ay tungkol sa kung ano ang nangyari at kung makatwiran ba ito. Nagdesisyon akong magsulat ng isang maikling suri ng pagsablay upang bigyang-diin ang mga taktikang ginamit ng gobyerno ng Israel para pahupain ang silakbo ng galit. Maraming detalyadong ulat ng *media* ang maaasahan, dagdag pa ang mga materyal sa *internet* mula sa mga kasapi ng plotilya. Hindi ko sinubok basahin ang lahat ng ito --- mahabang oras ang gugugulin, at gusto kong matapos sa loob ng ilang linggo kaysa buwan. Walang dudang mas mapapabuti ang aking suri kung kukuha ng mas maraming impormasyon mula sa mga sangguniang Israeli at mula sa mga lumahok sa plotilya. Gayunman, higit pa sa sapat ang mayroon akong impormasyon para sa layunin ko: isang maikli at mabilis na suri.[9]

9 Brian Martin, "Flotilla tactics: how an Israeli attack backfired," Truthout, 27 July 2010.

## Impormasyon at kalidad nito

Upang gumawa ng suri ng pagsablay, kailangan mo ng impormasyon kung ano ang nangyari. Hindi iyon palagiang madali. Sa mga kilalang-kilalang kaso, tulad ng panggugulpi kay Rodney King o ang pag-atake sa plotilya, napakarami ng mga pampublikong impormasyon. Sa ibang mga kaso - gaya ng pag-aresto sa isang lokal na aktibista - maaaring hindi gaanong marami ang impormasyon maliban kung kausapin mo ang mga sangkot na tao. At marahil, hindi gugustuhin ng pulisya na makipag-usap sa iyo o magbigay sa iyo ng anumang impormasyon.

Kahit pa makakuha ka ng ilang impormasyon, kailangan mong husgahan ang kalidad nito. May mga taong magsisinungaling sa iyo, magtatago ng mga kritikal na impormasyon at sa ilang pagkakataon ay maghihimok sa iyong umiwas sa pagkomento, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbabantang kakasuhan ka ng paninirang-puri. Maaaring gumawa sila ng magugulong kuwentong magpapalito o magbabaluktot ng mga bagay-bagay. Kaya sa tuwing kumukuha ka ng impormasyon, kailangan mong gumawa ng mga paunang pag-iingat ng isang mananaliksik o nag-iimbestigang mamamahayag: husgahan ang kalidad ng ebidensiya, suriin ang kredibilidad ng pinanggalingan at kumuha ng impormasyon mula sa iba't ibang independiyenteng sanggunian. Habang nagsisimula ka na sa pagbubuo ng isang salaysay, maaaring gustuhin mong magsiyasat pa nang mas malalim sa ilang mga isyu, lalo na ang may kinalaman sa pagtatakip at pananakot, kung saan malamang na mayroong panlilinlang o pagbabaluktot.

## Pagpili ng panig

Kailangan mong maging handa para sa mga lubhang malakas na paniniwala, na marubdob na ipinapahayag, at minsan ay salungat sa mga batayang punto. Halimbawa, ang henosidyo (*genocide*) sa Rwanda noong 1994 ay madalas na ipinapakita bilang maramihang pagpatay sa mga Tutsi sa kamay ng mga Hutu. Gayunman, maraming mga "*moderate*" o nasa gitnang Hutu ang napatay rin: ang pagpatay ay hindi lamang batay sa etnisidad, sangkot din ang politika. At naroon din ang komplikasyon ng mga pagpatay ng *Rwandan Patriotic Front* (RPF, Kilusang Makabayan ng Rwanda), isang partidong pinamumunuan ng Tutsi. Nabagabag ang ilang mga tagasuporta ng RPF sa mga sinasabing pagpatay na gawa ng mga Tutsi.



*Makikita ang malalalim na laslas na gawa ng mga pumatay sa mga bungong pumupuno sa isang kuwarto sa Paaralan ng Murambi.*

Nangangahulugan ang mga uring ito ng pagkakaiba na hindi maaaring walang pinapanigan ang suri ng pagsablay. Maaari kang magpasiyang pagtuonan ang mga kaparaanang ginamit ng gobyerno ng Rwanda sa panahon ng henosidyo na nagpahupa sa silakbo ng galit[10], o maaaring magpasiya kang tingnan ang mga paraang ginamit ng RPF upang pahupain ang silakbo ng galit tungkol sa mga kalupitang ginawa ng mga miyembro nito. O maaari mong gawin ang pareho. Kahit na gawin mo ang pareho, maaaring mauwi ka pa rin sa di-balanseng suri dahil mas maraming impormasyon ang mayroon tungkol sa mga aksiyon ng isang panig kaysa sa isa pa, o dahil lubhang mas matindi ang kalupitan ng isang panig kaysa sa isa pa.

Maaaring suriin ang mga pag-atake ng 9/11 bilang proseso ng pagsablay.

10 Ito ang ginawa ko sa "Managing outrage over genocide: case study Rwanda," Global Change, Peace & Security, Vol. 21, No. 3, 2009, pp. 275-290.



*Masaker ng My Lai. Noong 1968, sa panahon ng Digmaang Indochina, pumatay ang mga kasundaluhan ng Estados Unidos ng daan-daang mga sibilyang Vietnamese sa nayon ng My Lai. Sa kinalaunan, nakatanggap ng napakalaking negatibong reaksiyon ng publiko ang masaker tungo sa gobyerno ng Estados Unidos at patakarang pandigmaan nito, matapos ang isang taong pagtatakip sa isyu.*

Kakaunti ang ginagawa ng mga teroristang al Qaeda upang pigilin ang silakbo ng galit. Bukas sa publiko ang kanilang pag-atake: wala halos pagtatakip tungkol sa aksiyon, ngunit may ilan tungkol sa pag-ako rito. Maliit ang kakayahan ng al Qaeda na ipawalang-bahala ang mga biktima at maliit ang pagkakataong gumamit ng mga opisyal na linya. Pagkatapos ng 9/11, maliit ang kakayahan ng al Qaeda na manakot pang muli. Sa kabilang banda, ang pambobomba sa Afghanistan, isang aksiyon ng paghihiganti na sinimulan noong Oktubre ng 2001, anim na linggo makalipas ang 9/11, ay kumitil sa buhay ng libo-libong sibilyan ngunit halos hindi nakalikha ng anumang silakbo ng galit sa Kanluran kumpara sa 9/11.[11] Kapag gumagawa ka ng suri ng pagsablay, gumagawa ka ng pagpili: tumingin sa 9/11, pambobomba sa Afghanistan - o iba pa.

## Pagklasipika ng mga paraan

Ang limang paraan - pagtatakip, pagpapawalang-halaga, pag-iiba ng interpretasyon, mga opisyal na linya at pananakot/paggantimpala - ay isang kumbenyenteng paraan para klasipikahin ang mga posibleng paraan ng pagpapahupa sa silakbo ng galit. Walang nakatakda sa limang paraan: minsan ay nagsasanib ang mga ito at maaari pang biyakin sa mas maliliit na paraan. Gayunman, maaaring maging kapaki-pakinabang na pag-aralan ang mga pagkakaiba ng mga ito.

---

11 Brendan Riddick, "The bombing of Afghanistan: the convergence of media and political power to reduce outrage," Revista de Paz y Conflictos, No. 5, 2012, pp. 6-19.

Ang pagtatakip (*cover-up*) ay anumang pumipigil sa mga tao na maging malay sa nagaganap na pangyayari. Maaari din itong tawaging pagtatago o pagbabalatkayo.




*Napatay ang hindi bababa sa 10 sibilyang Afghan, kabilang ang walong batang mag-aaral, sa labanang sangkot ang mga kasundaluhang Kanluranin sa distrito ng Narang sa Probinsiya ng Kunar sa Afghanistan noong ika-27 ng Disyembre, 2009.*

Ang pagtatakip ay kadalasang pinakamabisang paraan ng pagpigil sa silakbo ng galit. Kung walang nakakaalam tungkol sa isang pagpaslang, walang madidismaya. Sa maraming pag-abuso, ang pagtatakip ay ang inisyal na paraang ginagamit, at maaaring maging lubos na mabisa ito kaya hindi na kakailanganin pa ng ibang mga paraan. Gayunman, kung hindi matagumpay ang pagtatakip, maaari nang gumamit ang mga umatake ng iba pang mga teknik.

May kaugnayan ang pagtatakip sa mga tagasubaybay. Halimbawa, maaaring may nalalaman ang mga mamamahayag tungkol sa isang katiwalian sa politika, ngunit kung hindi iuulat ng *media* sa madla ang istorya, sa gayon ay napagtakpan na ang katiwalian kaugnay ng karaniwang publiko.

Hindi ganap na katulad ng sensura ang pagtatakip: ang sensura ay aktibong pumipigil sa karapatan sa impormasyon o iba pa, kadalasan ay sa pamamagitan ng ilang batas o polisiya (bagaman minsan ay lihim ang sensura: ang pag-iral ng sensura ay pinagtatakpan). Maaaring maganap ang pagtatakip sa ibang paraan bukod sa sensura.

Halimbawa, maraming panggugulping gawa ng mga pulis ang hindi nalalaman ng kapulisan.[12] Hindi nagsasabi ang mga pulis sa sinuman maliban na lamang marahil sa ibang pulis, na pinapanatili ang pagiging lihim nito. Maaaring hindi magsabi ang mga biktima ng panggugulpi sa sinuman dahil sa pagkahiya o dahil natatakot sila sa patuloy na panliligalig o pananakit ng mga pulis (ito ang taktika ng pananakot). Kapag naririnig ng mga mamamahayag ang tungkol sa mga panggugulpi, maaaring hindi nila iulat ang mga ito dahil tinatanggap nila ang punto de bista ng mga pulis (ito ay ang taktika ng pag-iiba ng interpretasyon ng pag-iiba ng pagtingin). Walang opisyal na sensura ng mga panggugulpi ng mga pulis, ngunit nililimita ang impormasyon tungkol sa mga ito. Isa itong uri ng aktuwal na pagtatakip: nangyayari ito sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga proseso.

Ang pagpapawalang-halaga (*devaluation*) ay pagpapababa o pagmamaliit sa katayuan o opinyon ng isang tao, grupo o bagay. Ang mga prehuwisyo (*prejudice*) o hindi matuwid na pagkiling o pagpapalagay, tulad ng rasismo (*racism*) o *sexism*, ay mga anyo ng pagpapawalang-halaga, na minsan ay malalalim ang pagkakaugat sa isang kultura. Maaaring maging isang aktibong proseso rin ang pagpapawalang-halaga, gaya ng pag-uuri o pagbabansag sa isang tao bilang lihis sa lipunan (*deviant*), kriminal o terorista. Ang isa pang paraan ng pagpapawalang-halaga sa isang tao ay sa pamamagitan ng pagkalat ng mapanirang impormasyon, tulad halimbawa ang tungkol sa pagkakasapi sa isang di-popular na organisasyon.

Ang trabaho ng pagpapawalang-halaga ay pagmukhaing hindi karapat-dapat ang target, upang kung ano man ang gawin sa kanila ay hindi magmimistulang ganoon kasama ito. Iisipin ng ilang tao na ayos lamang ang paggulpi o pagkulong sa isang terorista, kaya maaaring epektibo na bansagang mga terorista ang mga kalaban, kahit mas tumpak na ilarawan sila bilang mga nagpoprotesta o mga aktibistang pangkalikasan.

Gamit na gamit ang pagpapawalang-halaga, kahit pa malabong mangyari ang pagsablay. Tinatawag na tamad ang mga taong walang trabaho at tinatawag namang mga puta ang babaeng ginagahasa. Halimbawa ang mga ito ng paninisi sa biktima.[13]

---

12 Regina G. Lawrence, The Politics of Force: Media and the Construction of Police Brutality (Berkeley: University of California Press, 2000); Charles J. Ogletree, Jr., Mary Prosser, Abbe Smith, at William Talley, Jr.; Criminal Justice Institute at Harvard Law School for the National Association for the Advancement of Colored People, Beyond the Rodney King Story: An Investigation of Police Misconduct in Minority Communities (Boston: Northeastern University Press, 1995).

13 May mahabang kasaysayan ang paninisi sa biktima. Ang klasikong pagtalakay ay kay William Ryan, Blaming the Victim (New York: Vintage, 1972).

Binabansagan ang mga nagpoprotesta na panggulo (*rabble*), bayaran (*rent-a-crowd*), mga gahaman o di-makuntento, mga kriminal o mga terorista.



*Isa sa mga larawan ng Abu Ghraib*

Ang *pag-iiba ng interpretasyon* ay paglalarawan sa inhustisya sa ibang paraan, upang magmukha itong hindi ganoon kasamâ o hindi talaga isang inhustisya. Maraming paraan para gawin ito, kaya madali kung gagamit ng ilang klasipikasyon: pagsisinungaling, pagpapaliit, paninisi at pag-iiba ng pagtingin.

Ang *pagsisinungaling* ay isang tuwirang paraan ng panlilinlang sa mga tao. Isang pinakakilalang kasinungalingan ay ang pahayag, bago ang pagsakop sa Iraq noong 2003, na mayroong matibay na ebidensiya na si Saddam Hussein ay may mga sandatang nuklear at kaugnayan sa al Qaeda.

Kadalasan, may malapit na pagkakaugnay ang pagsisinungaling at pagtatakip. Kung wala talagang binabanggit na kung ano, maaaring bahagi ito ng isang pagtatakip. Sangkot sa mga kasinungalingan ng gobyerno ng Estados Unidos ang pagtatakip ng ilang impormasyon, tulad ng mga ulat pang-intelihensiya. Nagsisilbing pag-iiba ng interpretasyon ang mga kasinungalingan dahil maraming tao ang kontra sa pananakop at hinahamon ang mga katwiran ng gobyerno ng Estados Unidos.

Kung magiging partikular, nagsisinungaling lamang ang isang tao kung may kamalayan sila sa panlilinlang sa iba. May dalawang pangunahing uri ng mga kasinungalingan. Una ay ang hindi paglantad ng katotohanan, minsang tinatawag na

pagsisinungaling sa pamamagitan ng pagkaligta (*lying by omission*). Ang isa pa ay kabulaanan. Kapag kumbinsido ang isang tao na totoo ang sinasabi nila, hindi ito isang kasinungalingan, kahit pa iniisip ng iba pa na mali ito. Nang ipagpalagay ni Pangulong George W. Bush na may mga sandatang nuklear at ugnayan sa al Qaeda si Saddam Hussein, naniwala ba talaga siya sa mga sinasabi niya? Tiyak na mahirap masabi. Gayunman, kapag nagkaklasipika ng mga taktika, pasok ang mga kabulaanang ito sa kategorya ng pag-iiba ng interpretasyon.

Ang *pagpapaliit* ay pagsasabing hindi ganoon kasamâ ang mga bagay-bagay tulad ng maaaring isipin mo. Bilang halimbawa, pagkatapos ng masaker sa Dili --- kung saan pinatay ang daan-daang tao --- sinabi ng mga opisyal ng gobyerno ng Indonesia na 19 tao ang namatay. Sumunod ay itinaas nila ito sa 50. Ang aktuwal na bilang, ayon sa isang independiyenteng siyasat, ay 271.

Sa ilang pagkakataon, ang pagpapaliit ay isang uri ng pagsisinungaling, bagay na bumabaluktot sa katotohanan sa direksiyong nais ng umaatake. Tulad ng pagsisinungaling, iba ang pagpapaliit sa pagtatakip. Nauna nang sinubok ng gobyerno ng Indonesia na pigiling makalabas ang anumang impormasyon tungkol sa masaker sa Dili: sinubok nitong pagtakpan ang nangyari. Lumabas lamang ang pahayag nito tungkol sa 19 na pinatay pagkatapos ng mga lumabas na pahayag na may naganap na masaker, at samakatwid, mas lalong akma sa kategorya ng pag-iiba ng interpretasyon.

Ang isa pang uri ng pagpapaliit ay sa mga paglalarawan ng mga teknik ng *torture*, kung saan sinasabing hindi ganoon kasamâ ang mga ito. Maaaring sabihin ng mga komentarista na hindi talaga ganoon nakakasakit o nakakapinsala ang pagkakait ng tulog (*sleep deprivation*).

Ang *paninisi* ay ang pagsabi na iba ang gumawa ng isang bagay at ito ang dapat managot. Madalas na sinusubok ng mga umaatake na sisihin ang mga biktima. Kapag ginugulpi ng mga pulis ang mga nagpoprotesta, maaaring sabihin ng mga pulis na ang mga nagprotesta ang umatake sa kanila. Tumatawid ito sa taktika ng pagpapawalang-halaga.

Nagkakaroon ng ibang uri ng paninisi kung maraming tao ang nagalit nang lubos sa isang inhustisya. Maaaring subukin ng ilang pinapanagot na sisihin ang ibang sangkot. Pagkatapos ipalabas sa telebisyon sa buong bansa ang panggugulpi kay Rodney King noong 1991, sinisi ng hepe ng pulisya ng Los Angeles na si Daryl Gates ang mga pulis na nag-aresto. Sa kabilang banda, sinisi ng ilan sa mga pulis na ito si Gates.

Madalas, mas madali para sa mga makakapangyarihang personalidad na sisihin ang mga may mas mababang katungkulan. Pagkatapos mailantad noong 2004 ang pag-*torture* sa mga bilanggo sa Abu Ghraib sa Iraq, sinisi ng gobyerno ng Estados Unidos ang mga

sangkot na opisyal ng bilangguan. Walang nakasuhang mga nakatataas na opisyal ng Estados Unidos, kahit pa masasabing responsable sila sa mga patakarang nagpahintulot o naghimok sa *torture*.

Ang pagkakahon o *framing* ay isang paraan ng pagtingin sa mundo. Isiping nasa labas ka ng isang bahay at tumatanaw mula sa isang maliit na bintana. Nakadepende ang iyong nakikita sa bintana: tumitingin ka mula sa porma ng bintana. Kapag tumingin ang isang to mula sa loob ng parehong bahay ngunit sa ibang bintana, at iba ang makikita niya, dahil tumatanaw sila mula sa magkaibang direksiyon, sa ibang kuwarto, at marahil ang kanilang bintana ay may salaming kumukulay o bumabaluktot sa nakikita.

Nagaganap ang labanan sa pagtingin tuwing tumitingin ang iba't ibang tao sa iisang bagay --- tulad ng bahay --- mula sa iba't ibang pananaw. Sinasabi ng mga tao na ang pinagmumulan nilang kuwardro ay ang tama.

Isipin ang isang kilos-protesta. Nakikita ng mga nagpoprotesta ang kanilang mga sarili na ipinapahayag ang kanilang mga punto de bista at isinasakatuparan ang kanilang malayang pagpapahayag. Sa kabilang banda, tinitingnan ng mga pinuno ng gobyerno ang mga nagpoprotesta bilang mapanganib na banta sa kaayusang panlipunan at sa lehitimong papel ng gobyerno bilang mambabatas. Gumagamit ang mga nagpoprotesta ng salamin ng pakikilahok at malayang pagpapahayag, samantalang ginagamit naman ng gobyerno ang salamin ng kaayusang panlipunan at panlipunang kontrol.

Kapag inatake ng mga pulis ang isang nagpoprotesta, tinitingnan ito ng mga nagpoprotesta bilang isang karahasan ng kapulisan. Ibang-iba ang pagtingin dito ng mga pulis: ginagawa nila ang kanilang trabaho upang pigilin ang mga banta sa kaayusan ng publiko at mga paglabag sa batas, at kaukulang kaparaanan.

Ang mga kuwadro o salamin ay lubhang makapangyarihan at nakakatulong sa pagpapaliwanag kung bakit pinaniniwalaan ng mga tao kung ano pinaniniwalaan nila at kumikilos nang ganoon. Ipinapalagay minsan ng mga aktibista na siniko o mapang-uyam, tiwali at masama ang mga pulis o politiko dahil "hindi maaaring pinapaniwalaan nilang tama ang kanilang ginagawa." Ang problema, maaaring pinapaniwalaan talaga nila ito, at malamang na oo, dahil nakikita nila ang mga bagay gamit ang ibang pananaw.

Kapag nagsisimula ang mga politikong maniwalang tama sila - dahil mayroon silang impormasyon s loob at kumbinsido silang dala-dala nila sa puso ang pinakamabuting interes ng bansa - sa gayon ay naniniwala silang may responsabilidad silang protektahan ang lipunan mula sa mga mapanganib na banta. Nakikita ang mga nagpoprotesta bilang isang mapanganib ng banta, kaya para sa mga politika, nagiging lehitimong bantayan ang mga nagpoprotesta, magpasa ng mga mapang-aping batas at gumamit ng matinding puwersa ng

kapulisan. Mula sa kanilang pananaw, lehitimo ang pagsisinungaling dahil may mas mataas itong layunin, ang pagpapawalang-halaga sa mga nagpoprotesta ay pawang pagsasabi ng katotohanan at makatwiran ang pananakot dahil nakikita bilang mapagbantang kalaban ang mga nagpoprotesta.

Ang pag-akma sa isang mungkahing pagtingin, kung batay sa tapat na paniniwala, ay ang tanging teknik sa pag-iiba ng interpretasyon na maaaring ituring na lehitimo. Sa huli, dahil papaniwalaan ng mga tao kung ano ang kanilang gusto, kahit na mauwi pa sila sa baluktot na pagtingin sa mundo. Lehitimong panghawakan ang isang paniniwala, ngunit nagkakaroon ng mga problema kung susubukin mong ipilit ang paniniwalang iyong sa iba at itaguyod ito sa pamamagitan ng mga teknik tulad ng pagsisinungaling at pananakot.




*Noong 1984, namatay ang libo-libong at napinsala ang daan-daang libong tao dahil sa pagtagas sa isang planta ng kemikal sa India. Ang may-ari ng planta, ang kompanyang Union Carbida na nakabase sa Estados Unidos, ay gumagamit ng maraming teknik para mapahupa ang galit ng publiko.*

Ang mga *opisyal na linya* ay kinabibilangan ng mga proseso para sa karaingan, mga lupon ng mga eksperto, pag-apila sa mga politiko, mga ombudsman, mga opisyal na imbestigasyon, at mga hukuman. Maaari ding tawaging mga pormal na proseso ang mga opisyal na linya. Ang mga opisyal na linya ay mga prosesong ipinagpapalagay na nakapagkakaloob ng hustisya, katarungan o katotohanan.

Sa ilang mga kaso, tumatalab ang mga opisyal na linya kung paano ito inaasahang tumalab. Ang isang tao ay gumawa ng krimen tulad ng *murder*, ay pagkatapos ay inaresto, dininig ang kaso at sinentensiyahan. Nakikitang may natamong hustisya.

Gayunman, kapag ang isang gobyerno, makapangyarihang korporasyon o militar ang gumagawa ng krimen, maaaring hindi ganoon ang bisa ng mga opisyal na linya: pakitang-tao lamang ito ng pagiging patas. Dahil maraming tao ang naniniwalang makapagbibigay ng hustisya ang mga opisyal na linya, humuhupa ang galit ng tao kahit *hindi* pa nagkakaroon ng hustisya.

Ang papel ng mga opisyal na linya sa pagpapahupa ng silakbo ng galit ay ang pinakakontrobersiyal na salik na modelo ng pagsablay. Madalas na hinihingi ng mga aktibista ang pagkilos ng gobyerno: nananawagan sila para sa siyasat sa kahirapan o karahasan sa bilangguan. Maaari silang magsimula ng pagsasampa ng kaso, halimbawa ang laban sa karahasan ng pulis o lakas nuklear.

Minsan, magandang pagpipilian ang paggamit ng mga opisyal na linya. Hindi sinasabi ng modelo ng pagsablay na huwag gamitin ang mga ito. Ang sinasabi nito ay may tendensiyang mapahupa ng mga opisyal na linya ang silakbo ng galit sa inhustisya, pangunahing dahilan na rito ay naniniwala ang napakaraming tao na kung mayroong opisyal na entidad na gumagawa ng paraan sa problema, hindi nila kinakailangang lubos na mabahala tungkol dito.

Napapahina rin ng mga opisyal na linya ang silakbo ng galit sa iba pang mga paraan.

- Mabagal ang mga ito. Maaaring tumagal ng buwan o minsan ay taon ang mga siyasat at kaso sa hukuman. Sa panahong ito, maaaring mamatay ang dating marubdob na damdamin ng mga tao, at umaangat ang iba pang mga isyu, na nakikipaglaban sa atensiyon.
- Nakatuon sa proseso ang mga ito. Sangkot sa mga ito ang kung ano-anong detalyadong tuntunin, regulasyon at pormalidad. Sa mga kaso sa hukuman, sinusunod ang mga tuntunin ng ebidensiya. Kadalasang nangangahulugan itong karamihan ng atensiyon ay nakatutok sa mga teknikalidad - mga hindi mahalagang punto ng proseso - at hindi sa mismong inhustisya.
- Umaasa ang mga ito sa mga eksperto. Kinakailangan ang maraming kaalaman at karanasan upang paandarin nang mabisa ang paggamit ng mga proseso sa karaingan, siyasat ng gobyerno, lupon ng eksperto at kaso sa hukuman. Nangangahulugan itong nabubukod at nawawalan ng interes ang karamihan ng mga tao. Wala gaanong partisipasyon ang publiko sa mga opisyal na linya.

Mainam na paraan ang mga ito para gawing isang labanan ng iilang eksperto ang isang malakihang kampanya.

Kapag dumudulog sa o nagtatakda ang makakapangyarihang tagapasimuno ng mga opisyal na linya, tulad ng mga siyasat sa mga masaker, inililipat nila ang isyu mula sa larangan ng publiko patungo sa ibang larangan: batas o burukrasya. Kailangang maging mulat ang mga tagapagkampanya rito.

Mas gusto ng makakapangyarihang pasimuno ang mga opisyal na linyang maaari nilang impluwensiyahan o kontrolin. Mas gusto nila ang mga panloob na siyasat, hindi ang mga independiyenteng siyasat. Mas gusto nila ang mga saradong siyasat, hindi ang mga siyasat na bukas sa publiko: mas pipiliin nilang hindi bukas sa mga mamamahayag ang mga hukuman kaysa sa pagpapatakbo ng bukas na hukuman. Karaniwang sinusubok nilang magpatibay ng mga tuntuning sanggunian - mga paksa ng inaasahang haharapin ng siyasat - na makitid, upang mapahina ang potensiyal na epekto.

Ang problema, wala gaanong kredibilidad ang mga nakasarang panloob ng siyasat na may tuntuning sanggunian. Kaya minsan, nagtatakda ang mga gobyerno ng bukas, independiyente at malawak na siyasat at umaasa sa magandang patutunguhan.

Sa ilang bibihirang okasyon, nagiging anyo ng pagkampanya ang isang siyasat. Sa gitnang bahagi ng dekada '90 sa isang estado ng New South Wales sa Australia, may komisyong pangmonarkiya sa pulisya. Nagdaos ang komisyon ng mga pampublikong pagdinig na nagdulot ng malawakang pagpapalabas ng balita. Mas nakakabigla pa, naglabas ang ilang tiwaling pulis ng mga impormante at nagtipon ng mga ebidensiyang naka-video ng mga kasunduan. Nang maipalabas sa telebisyon, naging imposible para sa gobyerno na iwasan ang pagpapatupad ng mga seryosong hakbang ng reporma.[14]

Gayunman, sa bawat nangangampanyang komisyon tulad nito, may dose-dosenang iba pa na mas "maamo". Ang ilan sa mga ito ay kumikilos nang patago o may kaunting-kaunting publisidad, upang maging mahina ang panawagan para sa pagbabago. Ang ilan sa mga ito ay naglabas ng mga kongklusyon na pinapagtibay ang posisyon ng gobyerno. Ngunit naglabas din ang iba ng mas pinalinaw at progresibong rekomendasyon, na katanggap-tanggap naman, liban sa hindi ipinatutupad ito ng mga gobyerno.

Sa pag-aanalisa ng papel ng mga opisyal na linya kaugnay ng silakbo ng galit ng publiko, makatutulong ang pag-iisip ng malawak na saklaw ng mga organisasyon at proseso

---

14 Rodney Tiffen, Scandals: Media, Politics and Corruption in Contemporary Australia (Sydney: University of New South Wales Press, 1999)

na maaaring magsilbing mga opisyal na linya. Halimbawa, maaaring magsilbing opisyal na linya ang paghingi ng suporta ng isang politiko, lalo na kung nangangakong tumulong ang politiko ngunit hindi nakakatupad o natatagalan. Ang eleksiyon ay isang uri ng opisyal na linya: ginagawa nitong lehitimo ang sistema ng gobyerno. Kaya maraming diktador ang naglulunsad ng eleksiyon. Kahit pa mapanloko at mapagkunwari ang mga ito, nagbibigay ang mga ito ng mukha, kahit sa iilang tao lamang, ng pagkalehitimo.[15]

Ang *pananakot* ay isang banta o pag-atake na pumipigil sa paghimok ng pagpapahayag ng silkabo ng galit. Gugustuhin ng isang empleyado ng gobyerno na magsalita tungkol sa katiwalian ngunit natatakot sa mga paghihiganti tulad ng pagtitiwalag sa trabaho. Gugustuhin ng isang mamamahayag na magsulat tungkol sa katiwalian ngunit natatakot ang patnugot o tagalathala na makasuhan. Maaaring gustuhin ng isang biktima ng karahasan ng pulis na magsalita ngunit natatakot sa dagdag na panliligalig ng mga pulis.

Bahagyang naiiba ang pananakot sa iba pang mga taktika, na dinesenyo para pahupain ang galit; hindi awtomatikong napapahupa ng pananakot ang pakiramdam ng galit, ngunit pinipigil nito ang mga tao na kumilos sa kanilang nararamdaman.

Sa ilang mga pagkakataon, ang pananakot ay parehong ang pag-atake at ang paraan ng pagpigil sa pagpapahayag ng galit. Maaaring magdulot ng silakbo ng galit ang panggugulpi ng mga pulis sa mga nagpoprotesta ngunit maaaring magdulot din ito ng pagkatakot ng ilang mga nagprotesta na ilantad kung ano ang nangyari.

Lantaran at madaling makita ang ilang anyo ng pananakot, tulad ng mga panggugulpi at pamamaril. Mas di-halata ang iba, tulad ng mapanindak na tingin, pasaring ng demanda, o presensiya ng mga pulis na kumukuha ng larawan sa isang kilos-protesta.

Para sa mga umaatake, may isang malaking kapinsalaan ang pananakot. Maaari itong magdulot ng karagdagang galit. Isaisip ang isang mamamahayag na nag-uulat sa isang protesta. Kung binantaan, ginulpi o inaresto ang mamamahayag, maaaring humantong ito sa mas matinding pagsisikap ng mamamahayag na ibulgar ang mga isyu, tulad ng nangyari sa East Timor noong 1991 at sa plotilya sa Gaza noong 2010. Maaaring mangyari ang parehong bagay kung pinagbabantaan o sinasaktan ng mga pulis ang mga nagpoprotesta, lalo na't mayroon ang karamihan sa mga ito ng teknolohiya at mga kasanayan sa pagsasapubliko ng mga pag-abuso.

---

15 Benjamin Ginsberg, The Consequences of Consent: Elections, Citizen Control and Popular Acquiescence (Reading, MA: Addison-Wesley, 1982).

Dahil nakikita ng marami ang pananakot bilang mali, madalas itong itinatago. Hindi inaanunsiyo ng mga pulis na tatakutin nila ang isang taong ginulpi nila. Madalas na kasabay ng pananakot ang pagtatakip.

Ang mga *gantimpala* ay anumang uri ng benepisyo, insentibo o suhol na mas pumipigil sa mga taong magpahayag ng galit. Ang mga abogadong kumikilos sa pagsasampa ng McDonald's ng kasong paninirang-puri laban kay Helen Steel at Dave Morris ay ginantimpalaan nang malaki dahil sa kanilang trabaho.

Maaaring maging napakahirap na humanap ng ebidensiya ng ganitong uri ng epekto.

Mahina ang ebidensiya na may naramdamang galit ang sinumang pulis ng Los Angeles sa panggugulpi kay Rodney King, kaya imposibleng malaman kung may nagagawa pang pagkakaiba ang mga potensiyal na gantimpala sa kanilang pag-uugali. Gayundin, mahirap malaman kung naisip ba ng mga abogadong kumikilos para sa McDonald's na may kakulangan ang kasong paninirang-puri na tinaguriang *McLibel*. Karaniwang kumikilos ang mga abogado sa mga kasong hindi nila pinapaniwalaan, at tipikal na isiping bahagi ito ng kanilang trabaho.

Kahanay na proseso ang mga gantimpala sa pananakot. Ang ideya sa likod ng parehong paraan ay maaaring makaramdam ng galit ang mga tao ngunit may potensiyal na mapigil sa pagpapahayag nito, dahil sa takot sa mga kahihinatnan (pananakot) o pangako ng ilang benepisyo (mga gantimpala). Iyon ang dahilan kung bakit pinagpangkat nang magkasama ang dalawang paraang ito sa modelo ng pagsablay bilang isang kategorya. Walang kaso kung paghihiwalayin ang mga ito.




Dahil napakahirap humanap ng matibay na ebidensiya ng pagbibigay ng mga gantimpala, kadalasan ay mas madaling hindi na banggitin ang mga ito sa suri ng pagsablay. Mas madaling mapuna ang pananakot dahil nakatuon ito sa punterya ng pag-atake at sa mga kaalyado ng punterya, samantalang mga kaalyado naman ng tagapasimuno ang tumatanggap ng mga insentibo.

GINAWA MO ANG TAMA BILANG *WHISTLEBLOWER*.

KAYA NATURAL LANG NA TANGGALIN KA NAMIN

SA TRABAHO. TSUPI!

May ilang mga kaso ng panunuhol sa mga punterya. Ang mga *whistleblower* --- mga taong nagsasalita para sa interes ng publiko --- ay kadalasang nagiging punto ng mga paghihiganti tulad ng panliligalig, pagsaway, ostrasismo, pagpapababa ng posisyon at pagtitiwalag o pagsisante sa trabaho. Potensiyal na pinagmumulan ng silakbo ng galit ang mga paghihiganting ito. Tuwing dumudulog sa hukuman ang mga *whistleblower* dahil sa di-makatwirang pagtitiwalag o para makakuha ng kabayaran, maaaring makatanggap sila ng handog na areglo: isang *payout* o lagay. Ang karaniwang kondisyon ng areglo ay pipirma ang *whistleblower* sa isang kasunduan na hindi magkokomento sa publiko tungkol sa areglo o sa orihinal na isyu. Upang makuha ang pera, kailangang manahimik ang *whistleblower*. Isang uri ito ng suhol.

Minsan, ang benepisyo sa pananatiling tagapanood lamang o tahimik na kolaborador ay ang hindi ka na guluhin pa. Madalas na walang sinasabi ang mga empleyadong nakakakita ng tiwaling pag-uugali dahil alam nilang may babalik sa kanila kung magsalita sila. Ang "gantimpala" ng hindi panggugulo ay maaari ding tingnan sa mga termino ng taktika ng pananakot: maaaring takot ang mga empleyado na gantihan. Ipinagpapalagay nito ang malapit na ugnayang nagaganap minsan sa pagitan ng pananakot at mga gantimpala.

## Kapag pinapahupa ng mga punterya ang silakbo ng galit

Karaniwang-karaniwang ginagamit ng mga tagapasimuno at kanilang mga kaalyado ang mga taktikang nagpapahupa sa silakbo ng galit. Hindi nagsasalita ang mga gumagawa ng *torture* tungkol sa kanilang ginawa at gayundin ang mga gobyerno. Ngunit minsan, may ambag ang mga biktima. Madalas na labis ang *trauma* at takot ng mga biktima ng *torture*. Maaaring hindi nila lubos na nararamdamang ligtas sila para magsalita tungkol sa kanilang mga karanasan. Kapag nananatili silang tahimik, nag-aambag sila sa pagtatakip.

Absurdong sisihin ang mga biktima ng *torture* sa pagtatakip. Kapag gumagawa ng suri ng pagsablay, ang layunin ay upang maunawaan ang mga prosesong nag-aambag sa mas matinding silakbo ng galit. Dahil dumanas ang mga biktima ng *torture* ng matinding pananakot, maaaring magsalita ang iba sa ngalan nila.

Madalas na nararamdaman ng mga manggagawang inapi sa trabaho ang pagkakapahiya at pagkasira. Minsan ay napapaniniwala na sila sa kung ano ang tila pinapaniwalaan ng iba, na sila ang responsable kung anong nangyayari sa kanila. Ang resulta, maraming mga inaping manggagawa ang hindi nagkakaroon ng lakas ng loob na sabihin sa iba ang tungkol sa kanilang mga karanasan, o marahil ay may lakas lamang sila ng

loob na magsabi sa kanilang mga kaibigan at hindi sa iba. Masasabing may ambag sila sa pagtatakip. Ganap na mauunawaan ito at kailangan ang pinakamabuting pagkalinga sa paghimok sa mga inaping manggagawa na magsalita.



*Madalas na gumagamit ang mga terorista ng mga paraan na nagpapataas sa pagsalungat ng publiko sa kanilang mga gawain.*

Maraming tao ang naniniwala sa kapangyarihang maghatid ng hustisya ng mga opisyal na linya. Kadalasan, ang mga inaping manggagawa ay dumudulog ng reklamo sa kanilang mga amo at nakatataas na tagapamahala, gumagawa ng mga pormal na karaingan, o tumutuloy sa korte. Minsan, mabisa ang mga apelang ito; sa maraming kaso, sa kabila nito, mas masama pa kaysa sa wala ang mga ito. Maaaring kasangkutan ang mga proseso ng apela ng mga tangkang alisin ang kredibilidad ng manggagawa na nararanasan bilang pagpapatuloy ng pang-aapi.[16]

Kung titingnan ang modelo ng pagsablay, ang pangunahing punto ay ang malamang na mapapalabnaw ng paggamit ng mga opisyal na linya ang galit. Kung ang layon ay magpakilos ng suporta, sa gayon ay kadalasang mas mabuting iwasan ang mga opisyal na linya o gamitin ang mga ito bilang kasangkapan sa pagkampanya. Gayunman, hindi

16 Deborah Osborne, "Pathways into bullying," Mga talakayan sa 4th Asia Pacific Conference on Educational Integrity, Wollongong, 2009, http://ro.uow.edu.au/apcei/09/papers/18/.

nauunawaan ng lahat kung gaano kalakas ang nagagawa ng pagpapakilos ng suporta; ang ilan sa mga nakakaunawa ay maaaring gustuhin pa ring gumamit ng mga opisyal na linya.

Ang pangunahing punto rito ay minsan, may ambag ang mga punterya ng inhustisya sa pagpapahupa ng galit. Madalas, may mga mabuting dahilan para dito na dapat igalang. Ngunit minsan nga lamang, hindi natatanto ng mga punterya na nakikipaglaro sila sa mga kamay ng mga tagapasimuno.

## Kapag pinapataas ng mga tagapasimuno ang silakbo ng galit

Ayon sa modelo ng pagsablay, maaaring gumagamit ang makakapangyarihang tagapasimuno ng inhustisya ng iba't ibang paraang nagpapahupa sa galit sa kanilang mga aksiyon. Ngunit minsan, tila isinasantabi ng mga umatake ang mga paraang ito o ginagawa pa nga ang eksaktong kabaligtaran - gumagawa sila ng mga bagay na nagpapataas ng galit!

Simula noong 2002, nagbigay-hudyat si Pangulong George W. Bush at iba pang mga nakatataas na opisyal ng Estados Unidos ng kanilang mga intensiyong maglunsad ng pagsakop ng Iraq. Isa itong ilegal at agresibong digmaan na malamang na maghihimok ng oposisyon, ngunit sa halip na itago ang kanilang mga plano, ipinangalandakan pa nila ito. Nakatulong itong pumukaw ng malakihang pagtanggi, at ang pinakadramatikong tagpo nito ay ang pinakamalaking pagtitipong protesta sa kasaysayan noong ika-15 ng Pebrero ng 2003, kung saan milyon-milyong tao ang mga nasa lansangan sa mga siyudad sa buong mundo.

Salungat dito ang diskarteng ginamit ni Pangulong Ronald Reagan ng Estados Unidos noong dekada '80, kung saan pinagtakpan ang agresyon ng militar laban sa gobyerno at mamamayan ng Nicaragua. Sa halip na tuwirang atakihin ang Nicaragua, nagbigay ang gobyerno ng Estados Unidos ng palihim ng tulong sa mga Contras. Ang bahagyang pagtatakip na ito ng agresyon ay nangangahulugang mas mahirap na magdulot ng oposisyon.

Minsan, bukas na bukas ang mga umaatake tungkol sa kanilang mga aksiyon at motibasyon dahil naniniwala sila na walang makabuluhang oposisyon o dahil arogante sila at iniisip nilang kaya nilang gawin ang gusto nila, o dahil kailangan nilang magpakilos ng suporta para sa kanilang diskarte. Nagsisilbi ang ilang mga hayag na pag-atake bilang isang malakas na anyo ng pananakot.

At naroon naman ang terorismo: mga pag-atake sa mga sibilyan bilang isang paraan ng paghahatid ng mensahe sa madla.[17] May iba't ibang hangad ang mga terorista.



*Inatake ang World Trade Center noong Setyembre 11, 2001*

Ang ilan ay naghihiganti sa nakaraang mga inhustisya. Ang ilan ay naghahanap ng atensiyon sa kanilang layunin sa pamamagitan ng mga dramatikong aksiyon. Mas estratehiko ang iba: umaasa silang makakapaghimok ng reaksiyon mula sa kanilang mga punterya - halimbawa, mas mataas na pagkasupil - na sa lubhang lakas ay makakapagpakilos ito ng higit na suporta para sa kanilang layunin, at sasablay para sa kanilang pabor.

Anuman ang katwiran, tila dinisenyo ang mga aksiyon ng mga terorista na palakasin ang silakbo ng galit. Isaisip ang Setyembre 9, 2001: nangyari ang mga pag-atake sa mga sibilyan sa umagang-umaga, kaya nagkaroon ng higit na publisidad; hindi tago ang mga ito. Walang gaanong kakayahan ang mga umatake na ipawalang-halaga ang kanilang mga punterya o na gumamit ng mga opisyal na linya o pananakot laban sa kanilang mga kalaban. Ang resulta: malaking pagsablay sa anyo ng popular na suporta para sa gobyerno at mga mamamayan ng Estados Unidos, pambobomba sa Afghanistan at malawakang pagpapalawig ng sistemang panseguridad ng Estados Unidos.

Ang aral: huwag ipagpalagay na ginagawa ng mga tagapasimuno ang lahat ng posible para pahupain ang galit. Tuwiran man o hindi sinasadya, minsan ay ginagawa nila ang eksaktong kabaligtaran.

---

17 Sa modelong pangkomunikasyon ng terorismo na ito, tingnan ang Alex P. Schmid at Janny de Graff, Violence as Communication: Insurgent Terrorism and the Western News Media (London: Sage, 1982). Tingnan rin ang Brigitte L. Nacos, Mass-Mediated Terrorism: The Central Role of the Media in Terrorism and Counterterroism (Lanham, MD: Rowman & Littlefield, 2002); Joseph S. Tuman, *Communicating Terror: The Rhetorical Dimensions of Terrorism* (Thousand Oaks, CA: Sage, 2003).

## Pagsusulat ng salaysay ng pagsablay

Nakapagtipon ka na ng materyal tungkol sa mga taktikang ginagamit sa isang kaso ng inhustisya. Mayroon kang impormasyon tungkol sa pagtatakip, pagpapawalang-halaga at kung ano-ano pa. Handa ka nang magsulat ng salaysay. Paano mo oorganisahin ang materyal?

### 1. Salaysay, at suri pagkatapos[18]

Una, isasalaysay mo kung ano ang nangyari, halimbawa ang sirkunstansiya, ang masaker at mga kinahinatnan, habang ibinibigay ang lahat ng mahahalagang detalye habang nagpapatuloy sa pagsasalaysay. Pagkatapos sabihin ang kuwento, ituturo mo ang mga taktikang ginamit, una ang pagtatakip, pagkatapos ang pagpapawalang-halaga at hanggang sa magpatuloy.

Ang diskarteng ito ay may kalamangan sa pagpapahintulot ng buong naratibo, na hindi nagagambala ng mga reperensiya sa teorya habang nagsasalaysay. Mas madali-dali rin itong isulat. Ang desbentaha, maaaring hindi saulado ng mga mambabasa ang buong naratibo, kaya kung nasa suri ka na ng mga taktika, maaaring hindi na nila maalala ang mahahalagang detalye.

### 2. Salaysay na may suri sa gitna[19]

Binubuo mo ang salaysay sa paraang makakapag-analisa ka ng mga taktika habang nagpapatuloy. Maaaring simulan mong ilarawan ang mga elemento ng salaysay na may kinalaman sa pagtatakip, sunod ay ang pagpapawalang-bahala at anumang susunod. Minsan, makatutulong ang maikling buod ng mga pangyayari sa simula.

Nagbibigay ang pagbubuong ito ng parehong naratibo at malinaw na ugnayan sa mga taktika. Gayunman, maaaring maging mahirap na magkuwento sa paraang ito. Maaaring kailanganin mong bumalik sa isang pangyayari o sumangguni sa mahahalagang kaganapan nang higit sa isang beses.

### 3. Suri na may pagpapaliwanag ng mga halimbawa[20]

Sistematiko mong inilalarawan ang mga taktikang ginagamit. Para sa bawat taktika --- pagtatakip, atbp. --- gumagamit ka ng iba't ibang halimbawa. Sa pagsusuri ng mga taktikang


---

18 Ang mga halimbawa ay ang kabanata 2, 3 at 4 ng Justice Ignited.

19 Ang mga halimbawa ay ang kabanata 5, 8, 9 at 4 ng Justice Ignited.

20 Ang mga halimbawa ay ang kabanata 6, 11 at 12 ng Justice Ignited.

ginagamit sa *torture*, maaaring gumamit ka ng mga halimbawa mula sa iba't ibang lugar at oras.




*Halos araw-araw nagsusulat si Mohandas Gandhi.*
*100 tomo ang kaniyang tinipong akda.*

Itinatampok ng diskarteng ito ang suri habang pinapanatili ang bisa ng mga halimbawa. Wala itong bisa ng naratibo at may potensiyal na punahin dahil sa pamimili ng mga halimbawa na akma sa pagsusuri.

Walang ideyal na paraan ng pagsulat tungkol sa pagsablay. Ang mga ito ay tatlong pangkalahatang diskarte; marami pang iba. Nakasalalay kung paano magpapatuloy sa iyong tagasubaybay, iyong materyal at iyong layunin. Ibang-iba ang tono at estruktura ng mas mahabang akademikong pagsulat kumpara sa maikling pagsulat na nakatuon sa mga aktibista.

## Pagsusulat: paano ito gagawin

Nangongolekta ang karamihan ng mga mananaliksik ng maraming-maraming impormasyon, nagtatala sa proseso nito, at pagkatapos ay inuupuan upang magsulat ng tungkol sa natuklasan nila. Maaaring mabisa ito sa mga maliliit na proyekto ngunit paglaon ay hindi nagiging epektibo kung napakaraming materyal.




Ang isang alternatibong diskarte ay simulan ang pagsulat ng artikulo mula sa simula, batay sa alam mo na, at paunti-unting magdagdag rito. Napag-alaman ni Robert Boice sa kaniyang mga pag-aaral kasama ang mga manunulat at akademiko na mas produktibo ang mga nagsusulat nang paunti-unti sa isang araw, araw-araw, kaysa sa mga hindi nakapagsusulat ng kahit ano hanggang sa biglaang magmadali, kadalasan dahil sa palugit.[21] Tinatawag na *bingeing* (pamamakyaw) ang pagsusulat para maabot ang palugit. Lubhang nakakahapo ito kaya hindi mo nanaising maulit agad ito.

Para gamitin ang diskarte ni Boice, kailangan mong magsulat ng ilang bahagi ng artikulo kada araw, marahil ay magsulat ng bagong teksto sa loob ng 5 hanggang 20 minuto at pagkatapos ay gumugol ng parehong oras sa pagrerebisa ng nasulat mo na. Kung dadako naman sa bahaging hindi mo pa alam, mag-iwan ng paalala sa iyong sarili tungkol sa kailangan mong hanapin.

Ang kalamangan nito ay gumagana ang isip mo sa nalalabing bahagi ng araw, nang madalas ay hindi malay, habang hinaharap ang mga isyu at tinutulungang kang organisahin ang mga ito sa isang lohikal na balangkas. Nakakatipid ka ng oras dahil sa halip na magbasa ng napakarami bago magsulat, nakapagbibigay ang iyong araw-araw na pagsulat ng isang

---

21 Robert Boice, Advice for New Faculty Members: Nihil Nimus (Boston: Allyn and Bacon, 2000).

balangkas. Hindi mo na kailangang magbasa pa ng ganoon karami dahil alam mo na kung anong hinahanap mo.

Kapag nakatapos ka ng unang borador at nabalikan mo na ito upang gawing mas pulido, oras na para kumuha ng mga komento. Inirerekomenda ni Tara Gray, na ginawang isang programa para sa paglathala[22] ang diskarte ni Boice, na ipadala muna ang iyong borador sa mga hindi eksperto, mga taong kakaunti pa lamang ang alam tungkol sa paksa. Isiping nagsusulat ka tungkol sa mga taktikang ginagamit ng pamahalaan ng Estados Unidos na nagpapahupa sa galit mula sa pambobomba sa Afghanistan simula pa noong Oktubre 2001. Una, ipakita ang iyong borador na papel sa mga taong hindi pa napag-aralan ang giyera sa Afghanistan at hindi pamilyar sa modelo ng pagsablay. Gagawa sila ng mga komento at magbibigay ng mga tanong na makatutulong sa iyong linawin ang argumento. Halimbawa, maaari nilang tanungin kung paano mo nalamang may mga namatay o napinsalang sibilyan o kung ano ang ibig mong sabihin sa mga opisyal na linya.

## Paglathala

Saan mo dapat ilathala ang iyong suri ng pagsablay? Depende ito sa iyong inaasahang babasa at layunin mo.

Ang iyong pangunahing tagabasa ay maaaring mga aktibista, miyembro ng isang partikular na organisasyon, o sinumang interesado. Ang pag-iisip tungkol sa iyong inaasahang tagabasa ay mahalaga, dahil iimpluwensiyahan nito ang wikang gagamitin mo, ang dami ng impormasyon, at haba at hitsura ng iyong publikasyon.

Maaaring maging kapaki-pakinabang ang mga akademikong artikulo sa pagbibigay ng mga detalyadong dokumentasyon at masigasig na argumento. Ngunit ang karaniwang estilong akademiko ng pagsusulat ay madalang na kaakit-akit sa mga di-espesyalista (o kahit din sa mga espesyalista!). Kaya kung gusto mong mas mapalawak ang mga mambabasa, maaari kang magsulat ng anumang mas maikli, magkuwento ng isang salaysay, magbigay ng maraming halimbawa at malinaw na naipapahayag. Maaari kang makakita ng magagandang halimbawa sa mga *website* para sa komentaryong pampolitika.

Isang pagpipilian ang artikulo. Maaaring mo ring isaalang-alang ang *slide show*, programa sa radyo, *video* o poster. Maaari kang mag-isip ng iba’t ibang format, tulad ng debate, talaarawan o misteryo.

22 Tara Gray, Publish & Flourish: Become a Prolific Scholar (Teaching Academy, New Mexico State University, 2005).

Nakasalalay ang paraan sa pagpapatiloy sa iyong layunin. Maaaring gusto mong magbigay-alam sa mga tagasubaybay, halimbawa, upang tulungan ang mga aktibista na mag-isip tungkol sa kung paano magiging mas mabisa, o magbigay-hudyat sa mga miyembro ng publiko patungkol sa isang mahalagang isyu. Maaaring gusto mong mag-ambag sa mas mabuting pag-unawa ng isyu o ng proseso ng pagsablay. Maaaring gusto mong mapaunlad ang iyong mga kasanayan sa pag-aanalisa, pagsusulat, paglalathala o pakikipag-ugnayan sa mga tagasubaybay. Kung mas marami ang iyong mabubuo, higit mong mapapaunlad ang iyong mga kasanayan at magiging mas epektibo ka sa pagpapataas ng kamalayan.

## Paghahanda

Nagpaplano kang gumawa ng isang bagay at may pagkakataong maatake ka. Ano ang dapat mong gawin? Makakapagbigay ng gabay ang modelo ng pagsablay.

- Nagtatrabaho ka para sa isang kompanya at nakadiskubre ka ng ebidensiya ng katiwalian. Iniisip mong magsalita tungkol dito.
- Nagpaplano ka ng isang kilos-protesta at nag-aalala sa posibilidad ng karahasan ng pulisya.
- Nanguna ang iyong grupo sa pagsalungat sa isang makapangyarihang politiko. Nag-aalala ka sa paghihiganti.

Sa mga kasong tulad nito, kailangan mong pag-isipan ang mga posibleng panganib at magplano nang naaangkop. Gusto mong maghanda upang mas maliit ang pagkakataon na maaatake at nang sa gayon, kung maaatake man, maaaring sumablay ito para sa umaatake.




*Tay, gusto kong maging high-profile na kriminal* *Sa gobyerno o sa pribadong sektor?*

Upang magawa ito, magsimula sa pag-iisip ng kung ano ang maaaring gawin ng iyong kalaban --- iyon ay ang pag-atake --- at kung ano ang maaaring gawin ng kalaban para pahupain ang silakbo ng galit sa pag-atake. Ang mga maaaring paraan ay ang pagtatakip, pagpapawalang-halaga, pag-iiba ng interpretasyon, mga opisyal na linya at pananakot.

## Katiwalian

Nagtatrabaho ka para sa isang kompanya at nakadiskubre ka ng ebidensiya ng katiwalian. Nag-iisip kang magsalita tungkol dito.[23]

Ito ay isang halimbawa ng indibidwal na aksiyon na maaaring gawin kang bukas at walang laban sa pag-atake. Sangkot ang katulad ng mga dinamika sa pagtanggi sa pangbu-*bully*, rasismo, seksismo - anumang klase ng kawalang-katarungan o abuso na ineendoso o hinahayaan ng mga tagapamahala. Kailangan mong tingan kung ano ang maaaring gawin ng mga kalaban na magpapahupa sa silakbo ng galit, simula sa pagtatakip.

23 Sa whistleblowing, tingnan bilang halimbawa ang C. Fred Alford, Whistleblowers: Broken Lives and Organizational Power (Ithaca, NY: Cornell University Press, 2001); Myron Peretz Glazer at Penina Migdal Glazer, The Whistleblowers: Exposing Corruption in Government and Industry (New York: Basic Books, 1989); Geoffrey Hunt, ed., Whistleblowing in the Social Services: Public Accountability and Professional Practice (London: Edward Arnold, 1998); Marcia P. Miceli at Janet P. Near, Blowing the Whistle: The Organizational and Legal Implications for Companies and Employees (New York: Lexington Books, 1992); Terance D. Miethe, Whistleblowing at Work: Tough Choices in Exposing Fraud, Waste, and Abuse on the Job (Boulder, CO: Westview, 1999).

## Pagtatakip

Maaaring mong mahulaan na gagamit ang umaatake ng ilang mga paraan para pagtakpan kung ano ang kanilang ginagawa o ang pananagutan nila para dito. Siyempre, susubukin ng mga sangkot sa katiwalian na panatilihing lihim ito. Sa oras na magsalita ka, malalaman nila na ibinubulgar sila at gagawa sila ng mga susunod na hakbang para magtakip. Kaya isipin kung ano ang maaari nilang gawin.

Maaari nilang sirain ang ebidensiya. Ibig-sabihin, kailangan mong kolektahinang bawat isang posibleng piraso ng ebidensiya unang-una. Mapanganib na pumunta sa pulis at hilingin sa kanilang gumawa ng pag-*raid*, dahil kung mga tiwaling operador ang makaalam agad sa pag-*raid*, sisirain nila kaagad ang mga dokumento. Maaaring may kausap din sila sa pulisya.

Ipagpalagay na nakakolekta ka na ng maraming ebidensiya. Saan mo ito itinabi? Saan mo itinabi ito? Sa isang *file* sa iyong *computer*? Marahil ay magdedesisyon ang mga tiwaling operador na nakawin ang iyong *computer* o magbayad ng tao para nakawin ito, na pagmumukhain itong karaniwang pagnanakaw. Kaya kailangan mong masiguro na mayroon kang *back-up* na kopya: buong *set* ng lahat ng ebidensiya sa maingat na kamay ng ilang kaibigan o abogado.



*Si Andrew Wilkie, isang intelligence analyst na noong 2003 ay nagsalita tungkol sa mga pagkukulang sa katwiran ng gobyerno ng Australia sa pagsali sa pananakop sa Iraq. Gumamit ang gobyerno ng Australia ng iba't ibang teknik para siraan si Wilkie, ngunit mabisa niyang sinalungat ang mga ito.*

## Pagpapawalang-halaga

Kung magsasalita ka tungkol sa katiwalian - sa ibang salita, maging isang *whistleblower* - maaari mong maisip na papupurihan ka sa iyong katapangan at dedikasyon.

Mag-isip muli. Ang mga taong sangkot sa katiwalian, o pinapahintulutan ito, ay mas pipiliing pahupain ang silakbo ng galit. Ano ang mas mabuting paraan kaysa ang siraan ka?

Kaya maaaring magpakalat sila ng mga sabi-sabi tungkol sa iyo: ang di-magandang pagganap, seksuwal na asal, iyong mga pandaraya at panloloko, o iyong mga kasiraan sa personalidad. Maaaring may elemento ng katotohanan ang ilang mga sabi-sabi; maaaring ganap na gawa-gawa lamang ang iba. Maaari nilang tingnan ang iyong dokumento ng empleo, para maghanap ng kahit pinakamaliit na ebidensiya para siraan ang iyong reputasyon. Marahil ay may nagreklamo tungkol sa iyo 5 o 10 taon na ang nakakaraan. Isasapubliko ito at palalakihin bilang kasiraan. Maaari kang takutin at kantiin para mapuno ka at manigaw ng tao para itigil na ito; ngunit ang mismong paninigaw mo ay gagamitin para siraan ka. Ipangangalandakan ang bawat negatibong aspekto ng iyong mga ebalwasyon sa trabaho sa sinumang gustong makinig.

Maaaring hindi mangyari ang mga bagay na ito --- ngunit maaaring oo. Kaya kailangan mong maging handa. Bago ka magsalita, kailangan mong magtipon ng lahat ng makukuhang ebidensiya ng iyong magandang pagganap sa trabaho at kasiya-siyang personalidad. Itabi ang mga kopya ng lahat ng iyong namumukod-tanging ebalwasyon. Kumuha ng mga pahayag mula sa iyong mga tagapag-empleo at katrabaho. Tipunin ang bawat piraso ng dokumentasyon hanggang sa makakaya mo tungkol sa iyong mabuting karakter at maging handang gamitin ito para salungatin ang mga pag-atake sa iyong kredibilidad.

Kailangan mong maging handa para sa mga pagsisikap na himukin kang gumawa ng bagay na makikitang hindi kanais-nais. Ibig-sabihin, kung gumagawa ang iba ng masamang komento at gumagawa ng mga bagay na alam mong maiinis ka, kailangan mong labanan ang tuksong sumigaw, magdabog palabas o gumawa ng mga mapanlait na komento. Siyempre, maaaring ganap na nasa katwiran ka, ngunit hindi ito tungkol sa kung anong makatwiran, tungkol ito sa kung anong epektibo. Upang maging epektibo, kailangan mong magkaroon ng wastong asal, at mas mabuti sa kahit sino man. Kung posible, kailangan mong humanap ng ibang magsasalita sa ngalan mo, na magsasabi kung gaano ka kapita-pitagan at kabait na tao.

Maaaring may ilang mga bagay na mas pipiliin mong hindi alam ng mga tao. Siguro, iyong panahong naglasing ka o pumalpak sa trabaho mo. Paghandaang maisapubliko ang mga kuwentong ito nang higit pa sa inaasahan mo. Kung ang klaseng ito ng di-magandang publisidad ay makakasakit sa iyo at iyong mga minamahal sa buhay at hindi mo ito mapangangatawanan, panahon na para muli mong isaalang-alang kung magsasalita ka man. May iba pa bang mga pagpipilian?

Ang isa pang pagpipilian ay kumuha ng ibang trabaho, sa isang ligtas na sitwasyon na mayroong among may simpatiya, at saka magsalita. Maaari pa ring subukin ng dati mong mga tagapag-empleo --- ang mga tiwali --- na siraan ka, ngunit hindi ka na nila mahihimok na gumawa ng mga di-wastong pag-uugali.

Isa pa marahil na pagpipilian ay ilantad ang mga dokumento at hindi magpakilala. Maaari kang humanap ng sumisimpatiyang mamamahayag o kilusan para bigyan ng mga dokumento, o kung talagang malaki ang isyu, ipaskil ang mga ito sa WikiLeaks o iba pang *online* na repositoryo.[24] Kung 'di ka nakikilala, mas mahirap na siraan ka, at higit pa, mananatili ka sa trabaho, at makakakolekta ng mas marami pang materyal. Ngunit maging handa sa lahat ng klase ng pagsisikap na malaman kung sino ang tagapagbunyag. Iba pa iyong sitwasyong nangangailangan ng maingat ng paghahanda.

## Pag-iiba ng interpretasyon

Kailangan mong maging handa sa mga kasinungalingan, pagpapaliit sa kung anong nangyari, paninisi at pagpapalit ng pagtingin.

Ipagpalagay na nasa isang pulong ka nang may inutusan ang amo mo na pumirma ng mga di-wastong pahayag. Maaaring maisip mong maaari mong iulat ito - kung tutuusin, may isang dosenang testigo. Ngunit natuklasan mong itinatanggi ng amo na nagpapirma ito ng mga pahayag, at ang bawat tao roon ay sinusuportahan ang boss. Nagsisinungaling silang lahat! Kung ito ay talagang malaking isyu, maaaring maghanda ka sa pamamagitan ng patagong pag-*record* sa pag-uusap. (Mag-ingat: kung matuklasan ang iyong pagre-*record*, maaaring masira nito ang iyong mga ugnayan.) Aral: kung maaaring magsinungaling ang iba, kailangan mo ng matibay na dokumentasyon. Maaari ding maging moda ng pagtatakip ang pagsisinungaling.

Maaaring sabihin ng amo na ang pagpirma sa mga di-wastong pahayag ay hindi malaking usapin; nangyayari naman ito lagi. Ito ay ang teknik ng pagpapaliit: hindi ganoon kahalaga ang pagsasabi ng kung anong nangyari kumpara sa inaasahan ng iba. Para salungatin ito, maaaring kang magkolekta ng impormasyong nagpapakitang mahalaga ito. Siguro, may mga nakaraang halimbawa sa iyong sariling organisasyon kung saan itinuturing na isang pangunahing paglabag sa etika ang pagpirma ng mga di-wastong pahayag. Ang isa pang posibilidad ay ang pagtuklas kung paano itinuturing ang ganitong klase ng aksiyon sa ibang mga organisasyon, lalo na iyong mga may magandang reputasyon sa katapatan.

---

24 Sa pagsisiwalat, tingnan ang Kathryn Flynn, " The practice and politics of leaking," Social Alternatives, Vol. 30, No. 1, 2011, pp. 24-28, http://www.bmartin.cc/pubs/11sa/Flynn.html.

Ang pinuno --- kung nahuli sa aktong gumagawa ng mali --- ay maaaring subuking manisi ng iba. Ang isang posibilidad ay ang paninisi sa mga manggagawang pumirma sa di-wastong pahayag, at sabihin mayroon silang responsabilidad. Ang isa pang posibilidad ay ang paninisi sa mas mataas na pamunuan sa paghihingi ng ganitong klaseng gawi. Maaaring isipin mong di-makatwirang sisihin ang mga manggagawa na kinakailangang pumili sa pagitan ng pagpirma ng mga di-wastong pahayag at pagkawala ng kanilang mga trabaho, o maaaring isipin mong dapat silang sisihin lahat. Ang panganib na hayaang magkaroon ng paninisi ay kumakalat ang responsabilidad at sa kalauna'y pinaparusahan ang iilang pinagbubuntunan ng sisi. Kaya maging handa sa impormasyon at pag-unawa ng mga kalakarang nagpapahintulot sa sising mapunta sa nararapat.

Ikahuli, mayroong pananaw na ganito ang paraan kung paano ginagawa ang mga bagay-bagay: wala naman talagang masama rito dahil sa pangkalahatan, walang nasasaktan, at gumugugol lamang ng oras ang sobrang daming proseso at nakakasagabal lamang ito nang walang kahit anong benepisyo. O siguro, ang pananaw na ito ang paraan kung paano ginagawa ang mga bagay noon pa, at ayos lamang ito. Ito ay isang pananaw sa katiwalian na normal ito. Ito ay isang paraan ng pagtingin sa isyu, na kadalasan ay talagang pinanghahawakan. Mayroon kang naiibang punto de bista --- isang naiibang paraan ng pagtingin --- at iyon ay mali ang pagpirma sa di-wastong pahayag. Kailangan mong maging handa sa ebidensiya at mga argumento para salungatin ang pagtingin na "ayos lamang ang aming ginagawa."



*Kataas-taasang Hukuman ng Australia*

Ang kahirapan sa mga interpretasyon ay patungkol sa kahulugan ng mga pangyayari. Ano talagang nangyari? Gaano kahalaga ito? Normal na asal ba ito o katiwalian? Kailangan mong maging handang harapin ang ibang magpapakita ng impormasyon at pagtingin na ganap na naiiba sa iyo, at ikukubli at babaluktutin ang mga pag-unawa at interpretasyon sa mapagsariling paraan.

## Mga opisyal na linya

Madalas na napapahupa ng mga opisyal na linya ang silakbo ng galit. Kaya paano ka makakapaghanda para sa mga ito? Kung nagdesisyon kang magsampa ng pormal na reklamo o mag-umpisa ng aksiyon sa korte - kahit pa may mga desbentahe - hanapin kaagad kung ano ang mga opsiyong malamang na may pinakamabuting maibubunga. Minsan, mayroon kang pagpipilian ng mga opisyal na linya: isang patakaran sa pagsasampa ng reklamo sa organisasyon, ombudsman, pangkalahatang awditor, komisyong kontra-katiwalian, politiko o ilang uri ng korte, halimbawa. Bago magpatuloy sa mukhang pinakanakikita at nauukol na opsiyon, alamin ang tungkol dito. Sino pa ang nakagamit na ng parehong paraan? Gaano katagal ito? Matagumpay ba sila?

Malalim ang pagkakaalam ng mga *whistleblower* sa kanilang sariling kaso at kadalasang naniniwala, nang talagang matindi, na sila ay tama. Kaya iniisip nila, "Siyempre, pabor sa akin ang proseso ng pagtugon sa hinaing o ng korte." Isa iyong rason kung bakit sinusubok pa rin ng mga *whistleblower* ang mga opisyal na linya sa kabila ng mga kitang-kitang kahinaan ng mga ito. Ang problema, hindi basehan ng mga opisyal na linya ang tama sa paggalaw nito: gumagalaw ang mga ito ayon sa mga tuntunin at pormal na proseso, at maaring isabotahe ng mga ito kahit pa ang pinakamalakas na kaso --- iyong malakas kung titingnan sa papel.

Sa pamamagitan ng pag-alam tungkol sa mga nakaraang karanasan sa mga opisyal na linya, maaaring magkaroon ng pagkarealismo sa pagpaplano. Kung 1 lamang sa 50 dating dumulog sa korte ang naging matagumpay, pareho ang iyong magiging tsansa: 1 sa 50.[25] Huwag makinig sa udyok na nagsasabing "Iba ang kaso ko" dahil dadalhin ka lamang nito sa landas ng pagkasira.

Paano kung walang anumang impormasyon tungkol sa mga nakaraang karanasan? Kung gayon ay magtanong-tanong upang malaman kung sino pang sumubok ng parehong bagay. Mas mabuti kaysa sa wala ang kahit isa o dalawang nakalipas ng salaysay.

Kung magdedesisyon kang dumulog sa isang opisyal na linya, tiyaking alam kung ano ang gagawin ng iyong mga kalaban. Susubukin nilang patagalin ang proseso, gawing kumpidensiyal ang mga bagay hangga't maaari, gawing teknikal o nakasalalay sa proseso

---

25 Para sa ilang mga korte, malapit ito sa aktuwal na bilang. Sa Estados Unidos, na may pinakamahabang karanasan sa lehislasyon ukol sa mga whistleblower, "(Between passage of the 1994 amendments and September 2002, whistleblowers lost 74 of 75 decisions on the merits at the Federal Court of Appeals, which has a monopoly on judicial review of administrative decisions) Sa pagitan ng pagpasa ng mga susog ng 1994 at Setyembre 2002, nabigo sa 74 ng 75 desisyon ang mga whistleblower sa Federal Court of Appeals, na may monopolya sa pagsusuring huridikal ng mga administratibong desisyon." Tom Devine, "Whistleblowing in the United States: The Gap between Vision and Lessons Learned," in Whistleblowing around the World: Law, Culture and Practice, ed. Richard Calland at Guy Dehn (Cape Town: Open Democracy Advice Centre; London: Public Concern at Work, 2004), pp. 74-100, at pp. 83-84.

ang lahat hangga't kaya, at patataasin ang iyong mga gastos. Umaasa ka sa isang mabilis, nakatuon, at bukas na proseso. Swertehin ka sana, dahil ang lahat ng puwersa ay papunta sa kabilang direksiyon. Maging handa para sa matagal-tagal na proseso. Suriin ang iyong mga salapi, iyong mga ugnayan at iyong mga tagasuporta. Magtatagal ka ba nang buwan o taon? Kung pupunta ka sa korte, handa ka ba para sa mga apela, na lalong magpapaikot sa proseso nang ilang taon? Maaari kang magdesisyong iwasan ang mga opisyal na linya at sa halip ay mag-umpisa ng isang kampanya. Kabilang dito ang pagsusulat ng mga salaylay ng iyong mga karanasan, pagtitipon ng mga sumusuportang ebidensiya, paghahandang magsalita, paghahanap ng mga kaalyado, pagbubukas ng impormasyon, pakikipag-ugnayan sa *media*, at marami pang iba.[26]

## Pananakot

Kapag gumagawa ka ng mga bagay tulad ng pagsasalita tungkol sa katiwalian, kailangan mong maghanda sa mga paghihiganti. Huwag mabigla at hayaang mawalan ng balanse. Sa halip, maging handa. Basahin ang tungkol sa kung ano'ng sangkot sa pagiging "matatag" sa harap ng kagipitan.[27]

Dapat mong sabihin sa iyong pamilya at malalapit na kaibigan kung ano ang dapat asahan, kung ang impormasyong ito ay hindi magdudulot sa kanila ng labis na pagkabalisa. Kung handa sila, maaari ka nilang mas epektibong masuportahan.

Kung ang ilang mga paghihiganti ay may mga implikasyon sa pananalapi tulad ng kung maaari kang mawalan ng trabaho o makasuhan, gumawa nang aksiyon agad upang mabawasan ang panganib. Maaaring mangahulugan ito ng pagbabayad ng mga utang, pagbabawas ng mga gastusin, paghahanap ng ibang trabaho, o paglilipat ng mga ari-arian sa iba.

Kung may mga pisikal na panganib, halimbawa na ang maatake, kailangan mong protektahan ang iyong sarili. Kung paano gagawin ito ay lubos na nakadepende sa mga sirkunstansiya. Maaaring mangahulugan ito ng pag-iwas sa ilang mga lugar, pag-inspeksiyon sa iyong sasakyan bago magmaneho, pag-alis sa bayan o kahit pa ang paggawa ng bagong identidad.

Isa sa pinakamakapangyarihang paraan ng pagharap sa pananakot ay ang pagdokumenta at paglantad rito. Ito ay dahil maraming taong iniisip na mali ang pananakot at mas susuportahan ka nila kung iniisip nilang inaatake ka. Kaya maging handa sa paggamit

---

26 Brian Martin, The Whistleblower's Handbook: How to Be an Effective Resister (Charlbury, UK: Jon Carpenter, 1999), http://www.bmartin.cc/pubs/99wh.html.

27 Salvatore R Maddi at Deborah M. Khoshaba, Resilience at Work: How to Succeed no Matter what Life Throws at You (New Yori: Three Rivers Press, 2009).

ng lahat ng mga karaniwang pamamaraan ng pagkolekta ng impormasyon, ngunit sa oras na ito ay mauna sa posibleng paghihiganti. Maaaring kabilangan ito ng pagkolekta ng mga *e-mail* o sinumpaang salaysay, pagre-*record* ng mga pag-uusap o pagkuha ng mga larawan. Maaaring kabilang dito ang pagkakaroon ng mga sekundaryang plano sa sandaling arestuhin ka, upang maaaring makagawa ng aksiyon ang iba para sa iyo.[28]



Maaaring hindi na kailangan ang mga paunang pag-iingat na ito at maaaring isipin ng iba na nagiging paranoyd ka. Nasa katwiran pa rin naman ang pagiging handa sa pag-atake kahit pa tila mas matapang ang maghintay na lamang at harapin kung ano ang darating. Mas magkakaroon ka ng kumpiyansa at makakakilos kung handa para sa pinakamasama: hindi mo na kailangang mag-alala nang sobra.

Kung nakapaghanda ka nang maaayos, mas maliit talaga ang tsansang umatake ng mga kalaban, kung matatanto nilang malalantad at potensiyal na sasablay ang kanilang mga pag-atake. Kaya madalas na mabuting ideyang hayaang malaman ng iba na handa ka.

## Karahasan ng pulisya

Nagpaplano ka ng isang kilos-protesta at nag-aalala sa posibilidad ng karahasan ng pulisya.

Isa itong halimbawa ng pag-atake sa isang pampublikong protesta. Maaari ding manggaling ang mga pag-atake sa mga kalaban (mga kontra-protesta), mga *vigilante* o mga bayarang tauhan.

28 Zorana Smiljanic, "Plan B: Using Secondary Protests to Undermine Repression," New Tactics in Human Rights, http://www.newtactics.org/en/PlanB

## Pagtatakip

Tuwing gumagamit ng puwersa ang mga pulis laban sa mga nagpoprotesta, bihirang gusto nilang may mga saksing makakakita ng ginagawa nila. Kung lumalabas silang marahas, magmumukha silang masama sa mga saksi. Sa katunayan, klasikong uri ito ng wala sa katwiran: isang taong umaatake sa isa pa, na hindi lumalaban, nang walang kadahilanan.

Kaya mahuhulaang susubukin ng mga pulis at kanilang mga kaalyado na limitahin ang bisibilidad na sangkot ang karahasan ng pulisya - lalo na sa mga independiyenteng sumusubaybay. Paano nila magagawa ito?

Ang isang paraan ay ang panggugulpi sa mga nagpoprotesta nang labas sa paningin, kung saan nila iniisip na walang makakakita o magre-*record* ng karahasan. Nagagamit ang mga kamera para kontrahin ito. Alam ito ng mga pulis, kaya sinusubok nilang kumpiskahin o sirain ang mga kamera. Para paghandaan ito, kailangang mayroong mga kamera ang maraming nagpoprotesta. Isa pang opsiyon ang pag-*record* ng *audio*, para makuha kung ano ang sinasabi ng mga pulis.

Ang pag-*record* ng *video* at *audio* ay unang hakbang. Ang susunod ay hayaang magamit ito ng mga tagasunod, nang may kredibilidad. Maaaring i-*upload* ang mga *video* sa YouTube; kailangang matukoy ang mga ito upang maging makatwiran ang mga pangyayari. Kailangang masabihan ang mga tao tungkol sa materyal sa YouTube.

Patuloy na umuunlad ang teknolohiya para sa pag-*record* at pamamahagi ng impormasyon. Mahalaga ang mga teknolohikal na detalye at kailangang suriin sa pagsasaalang-alang ng mga pangunahing elemento ng hamon ng pagtatakip:

- magtipon ng mga impormasyon
- magbahagi ng impormasyon sa mga sumusubaybay
- gawin itong may kredibilidad

Magkakaroon ng kredibilidad ang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangkot sa isang respetadong mamamahayag o iba pang tagamasid, pagkolekta ng mga larawang may mataas na kalidad at pagsasama-sama sa mga ito para makabuo ng matibay na naratibo, at pamamahagi ng impormasyon sa mga linyang may pangalan o impluwensiya.

Sa ilang pagkakataon, wala gaanong nabubunyag ang mga larawan. Mga mga paraan ang mga pulis na saktan ang mga nagpoprotesta nang hindi nagmumukhang masama, halimbawa, paghawak na hindi labis ang pinsala (*pain compliance holds*), pagwisik ng *pepper spray* sa mga mata, at mga nakakakuryenteng batuta. Para mailantad ang mga uring ito ng paraan, kailangan mong mag-isip tungkol sa kung ano ang mapagkakatiwalaan ng

makikinig o manonood. Marahil ay magiging epektibo ang pagkakaroon ng ilang nagpoprotestang nagkukuwento ng tungkol sa kanilang mga karanasan. Maaaring magpatunay ang isang eksperto sa medisina tungkol sa epekto ng mga ginamit na paraan.

Paminsan-minsan, may miyembro ng pulisya na handang magsalita. Gayunman, maaaring mangahulugan iyon ng katapusan ng kanilang karera sa buhay. Isa pang opsiyon ay ang mga lihim na natuklasan mula sa loob ng kapulisan, halimbawa ay mga tala ng mga plano ng pulis o mga na-*record* na siyasat. Kung magkakaroon ang mga tagaprotesta ng tagaloob na pulis, isa itong makapangyarihang paraan para maibunyag ang pang-aabuso. Kung iniisip ng kapulisan na may miyembro silang nagbubunyag ng impormasyon, maaaring humantong ito sa mas matinding pag-iingat sa kanilang panig. Maaaring mauwi rin ito sa *witch-hunt* o pagtugis sa maaaring nagbubunyag.

Tila halos naiibang paksa ang pagtalakay sa mga *witch-hunt* para sa mga nagbubunyag sa kapulisan mula sa orihinal: ang pagtatakip ng karahasan ng pulisya at paano kokontrahin ito. Ang pangunahing punto rito ay hindi tungkol sa kung aling partikular na pangontrang taktika ang pipiliin mo, ngunit ang proseso ng pag-iisip tungkol dito. Magsisimula ka sa pag-iisip ng kung ano ang maaaring gawin ng mga pulis - panggugulpi sa mga nagpoprotesta - at ipagpalagay na susubukin nilang itago ang karahasan sa mas maraming tao. Pagkatapos ay tutuloy ka sa pag-iisip ng kung paano ilalantad ang kalupitan, at ano ang maaaring gawin ng mga pulis para pigilin ka sa paglalantad nito. Kailangan mong mag-isip nang malikhain. Walang sagot na laging gumagana, dahil natututo ang mga pulis mula sa mga aksiyon mo at matutuo ka mula sa mga aksiyon nila.




*Nakakakuryenteng batuta. Gumagamit ng iba't ibang paraan ang mga gobyerno at kompanya na nagbebenta at gumagamit ng kagamitan para sa torture para pahupain ang silakbo ng galit ng publiko.*

## Pagpapawalang-halaga

Maaaring makatakas ang mga pulis mula sa kanilang pagmamalupit nang mas madali kung iniisip ng mga tao na mababa ang katayuan ng mga nagpoprotesta. Para sa karamihan ng mga tao, hindi ganoon kasama ang pananakit sa isang kriminal, terorista o hindi respetadong tagaprotestang kakaiba ang asal kumpara sa pinahahalagahang miyembro ng komunidad.

Samakatwid, mahuhulaang gagamit ang mga pulis at iba pang sumusuporta sa pulisya o sumasalungat sa mga tagaprotesta ng teknik na pagpapawalang-halaga. Gagamit sila ng mga bansag: tatawagin nila ang mga itong “panggulo”, “hampaslupa,” “bayaran” o “terorista”. Ipapakita ng mga hindi sumisimpatiyang tagakuha ng larawan ang di-magandang hitsura ng mga nagpoprotesta, halimbawa ay sa pamamagitan ng mga larawan ng mga hindi gaanong nakasanayang tagaprotesta na hindi kaaya-aya ang porma. Sasabihin nilang marahas ang mga nagpoprotesta. Maghahalughog sila ng impormasyon, tungkol halimbawa sa mga nakaraang krimen, masamang asal, di-wastong paggamit ng pondo, pakikipag-away o pahayag ng diskriminasyon, at gagamitin ito para siraan ang mga nagpoprotesta. Maaaring mapanlinlang o gawa-gawa lamang ang ilan sa mga impormasyon. Ang layon ay siraan ang mga nagpoprotesta.

Para maging handa para sa mga taktika ng pagpapawalang-halaga, dapat na isaalang-alang ang ilang mga salik.

- Bihis o hitsura
- Kalahok
- Asal
- Reputasyon
- Pagtataya

Hinuhusgahan ng maraming tagamasid ang mga nagpoprotesta sa kanilang bihis o hitsura, kahit pa sa lohikal na aspekto, maliit o wala namang kinalaman ito sa kredibilidad ng ipinaglalaban ng mga nagpoprotesta. May nagagawa ang bihis o hitsura. Ang marusing o kakaibang pananamit ay maaaring makapagpababa sa kredibilidad. Kaya mag-isip nang mabuti tungkol sa imahen na gusto mong ipakita. Tungkol ba ito sa mga responsableng mamamayan? Maaaring mas piliin mo ang ordinaryong hitsura, para maghimok ng mas malaking pakikilahok. Isang alternatibo ang pormal na pananamit, na nagpapakita ng mas mataas na katayuan. O maaaring magsuot ang lahat ng parehong kulay. O ang mga grupo sa

kanilang trabaho, tulad ng mga nars at koponan ng isports, ay maaaring magsuot ng kanilang uniporme sa trabaho.

Mas mahirap ang pagpapawalang-halaga kung may mataas na katayuan ang mga kalahok. Kaya dapat isipin kung sino ang sasali. Maaaring magbigay ng awtoridad ng karanasan at pagkanakakataas ang mas matatandang tao. Ang mga prominenteng indibidwal - mga politiko, artista, personalidad sa *media* - ay maaaring magdagdag ng halina. Marahil, may kredibilidad ang ilan sa mga nagpoprotesta dahil sa kanilang papel bilang mga mamamahayag, abogado, doktor o pinuno ng relihiyon. Kung biktima ng karahasan ng pulisya ang mga indibidwal na may kredibilidad, makatutulong ang kanilang mga personal na kuwento para patotohanan ang mga nagpoprotesta, lalo na sa mga sumusubaybay na nagtitiwala sa kanila.

Malaki ang magagawa ng asal ng mga nagpoprotesta. Kung di-magandang islogan ang sigaw ng mga nagpoprotesta at iwinawagayway nila ang kanilang mga kamao, nagbibigay ito ng pahiwatig ng pagiging galit at agresibo, kaya mas madali silang ipakitang marahas. Sa kabilang kamay, kung mapitagan ang mga nagpoprotesta, nasa tono ang pagkanta at pagsasaya, nagbibigay ito ng pahiwatig ng pagiging positibo at masaya, isang imaheng mas mahirap ipawalang-halaga.



Kahit para iilan lamang ang mga nagpoprotestang may asal na maaaring siraan - halimbawa, ang pagmumura, pagpapakita ng mga walang-galang na sensya, pamamato o pananakit ng mga kalaban - maaaring gamitin ito para siraan ang buong grupo. Madalas na nakatuon ang *media* sa pinakamarahas o mapagmalabis na aksiyon, at kumukuha lamang ng ilang segundo ng salungatan na *newsworthy* o may kagat sa balita at hindi pinapansin ang ilang oras ng payapang asal. Upang iwasan ang klaseng ito ng mapanirang pagpapakita ng imahen, kailangang maghanda ang mga nagpoprotesta sa paglaban sa tuksong umasal sa mga paraang maaaring ipakita nang negatibo. Alam ng mga pulis na masama ang karahasan ng nagpoprotesta para sa mga nagpoprotesta, at maaaring subukin nilang himukin ang mga

tagaprotesta gamit ang pang-uuyam o barumbadong pagtrato, habang umaasang mauubusan ng pasensiya ang ilang nagpoprotesta at gumanti. Kapag nangyari iyon, mas madaling pangatwiranan ang karahasan ng pulisya: nakikita ito bilang tugon sa karahasan ng nagpoprotesta.

May ilang mga puwersa ng pulisya na gumagawa ng higit pang hakbang para lalong pang udyukin ang mga nagpoprotesta. Maaari silang gumamit ng *agents provocateurs* o tagasulsol, mga ahente ng pulisya o pahantungan ng sisi na nagpapanggap na mga nagpoprotesta at kumikilos sa paraang nakakasira sa protesta. Sa ilang pagkakataon, nangunguna ang mga tagasulsol sa pagtaguyod ng karahasan, namamato o nangangasiwa ng pagbilis ng mga materyales na ginagawang pampasabog. Ang mga tagasulsol na mas palihim ay ginagamit ang kanilang impluwensiya para kumbinsihin o udyukin ang iba na gumamit ng karahasan. Iniisip ng mga tagaprotestang nalinlang ng tagasulsol na sariling desisyon nila ang paggamit ng karahasan, habang maaaring manatili sa likod ng ang tagasulsol, at marahil ay maglalaho sa eksena.

Ipinapakita ng paggamit ng mga tagasulsol na minsan ay mas gusto ng mga pulis na agresibo ang mga nagpoprotesta. Ang dahilan ay imahen: kapag gumagamit ng karahasan ang mga nagpoprotesta, naniniwala ang maraming tagamasid na ang layunin ng mga nagpoprotesta ang pagiging agresibo at pagdulot ng pinsala: tinitignan ng mga tagamasid ang mga ginamit na paraan at ipinapalagay na pareho ang layunin sa mga paraan. Maaaring tuon ng mga nagpoprotesta ang mga problema sa kalikasan o karapatang pantao, ngunit kung gagamit sila ng karahasan, maaaring mawala ang kanilang mensahe dahil sa nalikhang imahen. Ang teoriya sa likod nito ay tinatawag na *correspondent inference theory* o teoriya ng kaukulang hinuha: naghihinuha ang mga tagamasid sa pagpapalagay na may ugnayan sa mga aksiyong ginawa.[29] Mabuti itong argumento para sa pag-asal sa mga paraang tugma sa mga layuning hinahangad.

Maaari kang protektahan ng  iyong reputasyon, sa ilang punto, laban sa pagpapawalang-halaga. Kung kilala ang grupong nag-oorganisa ng protesta bilang responsable, may mabuting pangalan, alam ang kinikilos at may prinsipyo, malamang na hindi papaniwalaan ang mga bansag na kamuhi-muhi o kriminal ang grupo. Sa katunayan, kung talagang maganda ang iyong reputasyon, ang mga tangkang pagpapawalang-halaga ay maaaring kitang-kitang mali kaya masisiraan ang mga umaatake.

Ang susunod na tanong ay kung paano bumuo ng reputasyon. Hindi ito madali. Kahit na kabilang sa protesta ang mga sikat na artista sa pelikula at mga nagwagi ng Nobel Prize,

---

29 Max Abrahms, “Why terrorism does not work,” International Security, Vol. 31, No. 2, Fall 2006, pp. 42-78.

maaari silang atakihin bilang mga nalinlang ng mga tagapag-organisa. Kadalasan, nanggagaling ang pinakamagandang reputasyon mula sa pakikisangkot ng mga taong personal na kilala sa komunidad. Kung kabilang sa mga kalahok ang mga kalapit na kapitbahay, pampamilyang doktor, mga guro sa paaralan at mga manggagawa ng komunidad - mga taong personal na kilala at ginagalang - malamang na ang kanilang bersiyon ng protesta ang pagkakatiwalaan kaysa sa mga pahayag ng mga kritiko.

Tuloy-tuloy na hamon ang pagbuo ng reputasyon. Ngunit sadyang makabuluhan ang pagsisikap na gawin ito.

Ang isa pang paraan ng paglaban sa pagpapawalang-halaga ay ang paggawa ng mga pagtataya. Kung sinasabi ng mga tagapag-organisa na dapat manatiling hindi marahas ang bawat isa, o makilahok ang lahat sa mga pagsasanay sa kawalang-karahasan sa umpisa, maaaring mapataas nito ang kredibilidad ng protesta. Kapaki-pakinabang ang mga pagtataya, ngunit para magkaroon ng kredibilidad, kailangang tugma ang mga ito sa inaasal.

## Pag-iiba ng interpretasyon

Sinasabi mong marahas ang mga pulis at lubhang nasaktan ang mga nagpoprotesta. Sinasabi ng mga pulis at politiko na hindi nanakit ang mga pulis ng sinuman, na marahas ang mga nagpoprotesta, na maliit lamang ang mga pinsalang natamo ng mga nagpoprotesta, na walang kabuluhan ang mga karaingan ng mga nagpoprotesta, na iilang lagalag na pulis ang responsable sa mga pinsala, na ginagawa lamang ng mga pulis ang kanilang tungkulin, at na kailangang mapanatili ang batas at kaayusan.

Sa tuwing inaatake ng mga pulis ang mga nagpoprotesta, maaari mong mahulaan ang mga klaseng ito ng mga kasinungalingan, pangangatwiran at pagbibigay-dahilan. Magsisinungaling ang mga pulis tungkol sa kung anong nangyari, mamaliitin ang kahalagahan nito, sisisihin ang iba (mga nagpoprotesta, lagalag na pulis, politiko - kung sino-sinong madaling sisihin) at titingnan ang mga pangyayari mula sa kanilang punto de bista. Kung mahuhulaan mo ang mga klaseng ito ng pag-iiba ng interpretasyon, samakatwid ay makakapagplano ka nang maaga para kontrahin ang mga ito.

*Pagsisinungaling.* Kung nagsisinungaling ang mga pulis tungkol sa kung anong nangyari, kailangan mong magkaroon ng mabuting ebidensiya para ilantad ang mga kasinungalingan. Bilang isang proseso, may pagkakatulad ang pagsisinungaling sa pagtatakip. Ang pagtatakip ay ang pagtatago ng katotohanan o, sa ibang salita, *lying by omission* o pagsisinungaling sa pamamagitan ng hindi pagbanggit. Isa itong uri ng panlilinlang. Ang pagsisinungaling ay pagsasabi ng isang kabulaanan. Nangyayari ito sa lahat ng oras. Maging handa sa parehong-

parehong klase ng mga paghahanda tulad ng sa pagharap sa pagtatakip, gaya mismo ng mga paraan para ipakita sa mga tao kung ano ang talagang nangyari.



Halos laging naniniwala ang mga pulis na kailangan nilang manindigan nang sama-sama. Nakikita bilang pinakamababang gawi ang pagpapabatid ng mga pulis tungkol sa maling asal ng ibang pulis. Tumutupad ang mga pulis sa "*code of silence*" o tuntunin ng pananahimik: isang tuntuning huwag bumaligtad sa kapwa pulis. Ibig-sabihin, ayos lamang na magsinungaling kung para sa ibang pulis.[30]

*Pagpapaliit.* Madalas na iniisip ng mga tagapasimuno ng pag-atake na ang kanilang ginawa ay hindi kasinglubha ng ginawa ng mga biktima.[31] Maaaring ito ay batid na panlilinlang - isang kasinungalingan  ngunit maaaring tapat na kawalan ng kakayahang makita ang mga bagay-bagay mula sa punto de bista ng mga nasa kabilang panig, o tapat na hindi pagsang-ayon sa kanilang pananaw. Kapag gumagamit ang mga pulis ng puwersa sa paghuli o pag-aresto sa isang tao, hindi sila nag-iisip ng tungkol sa sakit at pinsalang naidudulot nila, samantalang damang-dama ito ng mga hinuhuli o inaaresto, at sa ilang pagkakataon ay hanggang sa napakatagal na panahon pagkatapos. Samakatwid, para maipaliwanag ang kanilang mga aksiyon, maaaring paliitin ng mga pulis ang mga epekto ng kanilang mga aksiyon kumpara sa mga pananaw ng mga tumatanggap nito.

Maaaring kontrahin ang pagpapaliit na pananalita ng pagiging handa sa pagkolekta ng ebidensiya tungkol sa mga epekto. Kabilang dito ang mga kamera, testigo, pahayag ng

30 Michael W. Quinn, *Walking with the Devil: The Police Code of Silence* (Minneapolis: Quinn and Associates, 2005).

31 Roy F. Baumeister, *Evil: Inside Human Violence and Cruelty* (New York: Freeman, 1997).

biktima, larawan at testimonya ng propesyonal sa medisina. Katulad ng paghahanda ang kung anong makatutulong sa paglaban sa pagtatakip.

*Paninisi*. Kapag nailantad ang mga pag-atake ng mga pulis at nagsimula ng masiraan ng negatibong publisidad ang pulisya, nagsisimula na silang manisi. Sasabihin ng mga sangkot na ibang tao ang responsable: maaaring sisihin ng mga pulis ang kanilang komandante o mga politiko; maaaring sisihin ng mga hepe ng kapulisan ang ilang "lagalag" o "masasamang bunga."


Paano mo paghahandaan ang paninisi? Nakadepende ito nang malaki sa sitwasyon at sa kung ano ang gusto mong matamo. Mas madaling magkolekta ng ebidensiya tungkol sa kapulisang gumagamit ng labis na puwersa, sa pamamagitan ng pagkuha ng mga larawan, pagkolekta ng mga pangalan at paglantad ng mga indibidwal. Gayunman, kapag kumikilos ang mga pulis sa ilalim ng mga kautusan, may ilang mga responsabilidad sa mga komandante o politiko. Karaniwang mas mahirap kumuha ng mga ebidensiya tungkol dito. Kung makakakilala ka ng mga miyembro ng pulisya, maaaring makakuha ka ng mga kaalaman o kahit pa mga dokumento, tulad ng mga *email*, na magdadawit sa mga nakatataas na opisyal.

Kung mas marami ang alam mo sa una tungkol sa kung sinong responsable sa asal ng pulis, mas makakapaghanda ka para sa mga taktika ng paninisi matapos maganap ang karahasan ng mga pulis. May magagawa ba ito sa umpisa? Ang isang posibilidad ay makipag-ugnayan sa mga pulis, at marahil sa ibang mga sumusubaybay, tungkol sa asal ng pulis. Sa paraang iyon, malalaman nilang alam mo kung paano kontrahin ang mga taktika ng paninisi.

*Pag-iiba ng paraan ng pagtingin*. Ilalarawan ng mga pulis kung anong nangyari sa kanilang sariling balangkas ng mga konsepto. Nangangahulugan ito ng isang pangkat ng mga ideyang gagamitin nila upang bigyang-kahulugan ang mundo. Karaniwang naniniwala ang mga pulis na gumagawa sila ng hindi napakahalagang paglilingkod sa komunidad. Maaaring naniniwala silang ang magulong protesta --- o kung tutuusin ay anumang protesta --- ay banta sa kaayusang panlipunan. Maaaring naniniwala silang kailangan nilang ipatupad ang batas. Maaaring naniniwala sila na ang mga nagpoprotesta ay kalaban, o mga ahente ng kalaban, at kailangang parusahan para sa kanilang pag-uugali.

Sa tuwing ginugulpi ng mga pulis ang mga nagpoprotesta, nakikita nila ito nang iba kumpara sa mga nagpoprotesta. Nakikita ito ng mga pulis bilang pagganap sa kanilang trabaho, alinsunod sa mga inaatas at batayang kalakaran. Kapag hinahamon, hindi nila ito iniisip sa mga termino ng karahasan kundi sa mga termino ng paggawa sa kanilang trabaho.

Ang pag-iiba ng pagtingin ay isang paraan ng pag-iisip at kadalasan ay tapat. Hindi ito mapanlinlang ng teknik tulad ng pagsisinungaling, ngunit isang bagay na ginagawa ng lahat sa isang paraan o iba pa.




Kapag naghahanda para sa posibilidad ng karahasan ng pulisya, dapat mong asahan ng magkakaroon ng tunggalian ng mga paraan ng pagtingin. Sa ibang salita, isang paglalaban ukol sa paraan kung paano bibigyan ng kahulugan ang nangyari. Mahalagang mabatid na ganap na magkaiba ang pananaw ng mga pulis at kanilang mga tagasuporta kumpara sa iyo. Kung mauunawaan mo ang kanilang pananaw, maaaring makaisip ka ng mga paraan para hamunin o kontrahin ito, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbuo ng mga malikhaing paraan para balangkasin ang iyong pananaw sa paraang nakakaabot sa mga sumusubaybay at pinarurupok man o ginagawang hindi akma ang pagbalangkas ng mga pulis. Ang mga konsepto tulad ng “malayang pamamahayag,” “demokrasya” at “karapatang pantao” ay maaaring makatulong. Maaaring makatulong ang isang islogan o imahen sa pagpapakita ng iyong sariling balangkas.

Kadalasang naniniwala ang mga nagpoprotesta na malinaw ang kanilang pananaw sa iba. Kung tutuusin, nagpoprotesta sila para sa interes ng lahat, hindi tulad ng mga kalaban. Ang pangunahing usapin ay para matantong ang iyong pananaw, kahit pa may prinsipyo ito, ay *hindi* malinaw sa iba. Kailangan mong maging handa para sa pangungumbinsi ng kabilang panig ng kanilang sariling punto de bista, sa maraming pagkakataon dahil talagang pinapaniwalaan nila ito. Makatutulong na paalalahanan ang sarili na walang malinaw sa bawat isa. Kahit pa ang karumal-dumal na pagpatay ay hindi nakapagpapakita ng kuwento sa sarili lamang nito: kailangan itong bigyan ng interpretasyon.

## Mga opisyal na linya

Kadalasan, magkakaiba-iba ang pagtingin ng mga nagpoprotesra sa mga opisyal na linya. Kung ang mga opisyal na linya tulad ng mga patakaran sa paghain ng karaingan at mga hukuman ay talagang mabisa, wala ng pangangailangang magprotesta. Halimbawa, para pigilin ang isang mapanganib ng teknolohiya o isang binubuong proyektong nakakasira sa kalikasan, ang kakailanganin ay magpakita ng makatwirang kaso sa mga kagawaran ng gobyernong dapat na maglilisensiya sa proyekto, at magkakaroon ng tamang desisyon. Gayunman, madalas na tiwali ang mga ahensiya at mga prosesong tumutugon sa mga proyekto, sa pamamagitan man ng impluwensiya sa loob o nangingibabaw na idelohiyang pinagsisilbihan ang makakapangyarihang grupo.

Dahil kadalasang hindi mabisa ang mga opisyal na linya, nagpoprotesta ang mga tao upang maipabatid ang kanilang mga pagtingin. Ang protesta ay isang hindi opisyal na linya. Kadalasan, ang protesta ay isang pagtanggi sa mga opisyal na linya.

Maaaring dumulog ang mga nagpoprotesta o ang mga pulis o pareho sa mga opisyal na linya. Ang pangunahing bagay ay tandaang napapahupa ng mga opisyal na linya ang silakbo ng galit ng publiko sa pangkaraniwan. Sa ilang pagkakataon, maaari mong isiping tugma sa sakripisyong ito ang mga benepisyo. Sa ilang pagkakataon, walang ka nang pagpipilian ngunit ang masangkot, halimbawa, pagkatapos maaresto. Kung ang layunin mo ay pataasin ang silakbo ng galit ng publiko sa isyung tuon ng iyong protesta, kailangan mong mag-isip ayon sa mga termino ng mobilisasyon o pagpapakilos: ang paghimok sa mga taong makisangkot at maging aktibo.

Para maghanda kaugnay ng mga opisyal na linya, ang pangunahing dapat gawin ay pag-isipan ang iyong mga tugon sa iba’t ibang maaaring mangyari.

- Kung gumagamit ng karahasan ang mga pulis, magsasampa ka ba ng mga pormal na reklamo? Dadalhin mo ba sa hukuman ang mga pulis? Ang mga klaseng ito ng pagpipilian ay malamang na magpapahupa sa silakbo ng galit. Ang talagang higit na makapangyarihan ay ang pagkakaroon ng planong isapubliko ang impormasyon tungkol sa karahasan sa mas malawak na tagabasa o tagapanood.
- Kung gumagamit ng karahasan ang mga pulis at nagdudulot ito ng di-magandang publisidad para sa mga pulis, maaaring mag-organisa ng siyasat ang gobyerno o ang mga pulis mismo. Dinadala ng isang siyasat ang isyu ng karahasan ng pulisya mula sa pampublikong labanan --- kung saan pinag-uusapan ng mga miyembro ng publiko ang isyu --- tungo sa isang pormal na labanang batay sa mga tuntunin at patakaran.

Hindi mo mapipigil ang isang siyasat. Kapag naitakda na ang isa, maaari kang maghain ng mga apila.

- Ang siyasat ay kailangang gawa ng isang independiyenteng pangkat - hindi pinapatakbo ng mga pulis o gobyerno.
- Kailangang bukas ang siyasat, kung saan bukas sa *media* at miyembro ng publiko ang mga pagdinig.

Kung sarado ang siyasat at pinapatakbo ng pulisya, malamang ay isang paghuhugas-kamay ito. Walang nakakaalam kung ano ang nagyayari, kaya walang publisidad. Gugustuhin ng ilang taong maghintay na mapakinggan ang mga resulta. Sa kabilang banda, namamatay na ang silakbo ng galit.

Mas maraming posibilidad sa pagpapanatili ng atensiyon sa isyu ang isang bukas na siyasat, sa pamamagitan ng mga ulat ng *media* sa mga pagdinig. Kahit pa, hindi mo dapat ipagpalagay na sapat na ito, dahil maaaring suportahan ng siyasat ang mga pulis o magbigay ng mahihinang rekomendasyon. Dapat mong subuking gamitin ang siyasat para makakuha ng suporta sa iyong pinaglalaban.

Para bumalik sa iyong orihinal na sitwasyon: nagpaplano ka ng isang protesta at kailangan mong maging handa para sa karahasan ng pulisya. Kung hindi marahas ang mga pulis, hindi mangingibabaw ang buong isyu ng mga opisyal na linya. Kung marahas sila, kailangan mong maging handa sa mga posibilidad na sangkot ang mga opisyal na linya.

## Pananakot at paggantimpala

Ang posibilidad na aatakihin ng mga pulis ang mga nagpoprotesta ay kumikilos bilang isang klase ng pananakot mismo, at maaaring maging dahilan kung bakit natatakot ang mga taong sumali sa isang protesta. At naroon ang pag-aresto at marahil ay mga anyo ng indibidwal na panliligalig sa oras ng pag-aresto at habang nasa bilangguan. Pagkatapos, maaaring pumili ang mga pulis para sa espesyal na atensiyon, halimbawa, paniniktik, pagbisita at pag-aresto.



*Protesta sa Sanaa, Yemen (Pebrero 3, 2011)*

Ang pinakamabuting proteksiyon laban sa mga sitwasyong ito ay sa pamamagitan ng paghahahandang magdokumenta at maglantad ng mga pang-aabuso. Ang paghahanda para sa pananakot ay katulad lamang ng paghahanda para sa karahasan ng mga pulis sa isang protesta. Halimbawa, kung pagkatapos ng pag-aresto ay nakatuon sa ilang aktibista ang mga pulis para sa paniniktik at panliligalig, kailangang mailantad ito. Kailangang maging maayos ang asal ng mga aktibidad, dahil ang mga galit ng komento o mga aksiyon ay maaaring makasira sa kredibilidad at gamitin bilang dahilan para sa pagkilos ng mga pulis.

Ang isa pang paraan para maghanda para sa pananakot ay ang paghimok sa mas maraming taong magprotesta. Mas ligtas ang pakiramdam ng mga taong kumikilos kung nasa isang grupo. Sa pangkaraniwan, maliit ang tsansa ng mga pulis na atakihin ang isang malaking pangkat kaysa sa isang maliit na grupo. Paano ka makakapaghimok ng mas maraming kalahok? Ang mga batayang paraan ay ang pagpapapasok sa mas maraming tao na sumali sa pagkilos at pagbuo ng aksiyong nakaaakit sa mga tao. Kung malaking salik ang takot sa karahasan ng pulis, may kabuluhan kung pipili ng oras, lugar at diskarteng mababa ang panganib. Halimbawa, isang kilalang lokasyon kung saan maraming manonood na hindi naman kalahok.

Sa dami ng mga kalahok sa isang kilos-protesta, mas malaki ang panganib na gagamit ang iba ng karahasan at magbibigay ng pangangatwiran para sa karahasan ng pulis. Samakatwid, mas mabuting isipin ang iba't ibang klase ng aksiyon, halimbawa, ang

pagsusuot ng mga tao ng berdeng damit, pag-awit, o pagbati sa mga hindi kilala sa daan, na maaaring simple lamang sa panlabas, ngunit maaaring maging simbolo ng pagkakaisa.

Maaaring mapahupa ng mga gantimpala ang insentibo ng mga taong gumagawa ng anuman tungkol sa inhustisya. Alam ng mga pulis na kung mananatili silang tapat sa kanilang mga komandante --- kabilang ang pagsunod sa kodigo ng pananahimik, ang hindi pagsasalita tungkol sa mga pang-aabuso ng mga kasamahang opisyal --- mas malaki ang pagkakataong mapanatili nila ang kanilang mga trabaho at mapataas pa sa puwesto. Nagiging impormante ng mga pulis ang ilang mga nagpoprotesta; kadalasang nakakatanggap sila ng mga bayad para sa kanilang mga pagsisikap.

## Mga paghihiganti

Nanguna ang iyong grupo sa pagsalungat sa isang makapangyarihang politiko. Nag-aalala ka para sa maaaring mga paghihiganti.

Isa itong halimbawa ng pangkalahatang isyu ng pagiging hantungan ng pag-atake. Maaaring kabilang dito ang pagmamatyag, panghihimasok, pagpapakalat ng maling balita, panliligalig sa mga miyembro, pangungumpiska ng kagamitan, mapagbantang mensahe, paninira ng pagkatao sa *media*, pag-awdit ng pananalapi, puwersahang pagpasok at marami pang ibang paraan. Kumikilos sila upang gawing mas hindi mabisa ang iyong grupo, sa pamamagitan ng pagsira sa reputasyon ng grupo, pananakot sa mga miyembro, pag-ubos ng oras at enerhiya sa pagdepensa, at pagdudulot ng hidwaan sa mga miyembro at tagasuporta. Paano ka makakapaghanda sa mga paraang makapagsasalag sa pag-atake at gugustuhin ng mga umatake na hindi na lamang sana sila nagsimula?

### Pagtatakip

Bukas ang ilang mga pag-atake, tulad ng tuwing pinupuna ng isang politiko ang iyong grupo sa isang pagbrodkast sa telebisyon. Mas madaling harapin ito at maaaring kapaki-pakinabang sa aktuwal, at makapagbibigay sa iyong grupo ng higit na bisibilidad.

Ang ibang mga pag-atake, gayunman, ay ginagawa sa mga paraang naitatago ang mga umaatake at kanilang mga kaparaanan. Upang kontrahin ang mga ganoong pag-atake, kadalasang mabisang dokumentahin ang mga pag-atake at ilantad ang mga ito.

- Kung nakakatanggap ka ng mga mapagbantang mensahe, kumuha ng mga kopya at sabihin sa mga tao kung ano ang nangyayari. Kung sa *e-mail* dumarating ang mga

mensahe, mas madaling itabi ang mga ito. Kung nakakatanggap ka ng mga mapagbanta o abusadong tawag sa telepono, mag-ipon para makabili ng teknolohiya para mairekord ang mga susunod na katulad na tawag. Gayundin, kung makakatanggap ka ng mga pasalitang banta nang harap-harapan: gumamit ng isang *recorder*. Kapag mayroon kang matibay na ebidensiya, maaari kang makabuo ng makatotohanang salaysay - isang nakasulat na pahayag, isang *recording* o kahit pa isang *video* - at ipakalat ito sa sinumang magiging interesado, gamit ang iba't ibang *medium*. Makatutulong ang pagsasapubliko ng mga banta sa kondisyong hindi gaanong katatakutan ang mga tagasuporta sa impormasyong ito. Kailangang ipakita mo na hindi ka natatakot, ngunit sa halip, ay handa kang manindigan laban sa mga banta.

- Kung may potensiyal na umatake sa pamamagitan ng isang tagapamagitan, kailangan mong subuking alamin kung sino'ng nasa likod ng aksiyon. Halimbawa, isiping inutusan ang mga pulis ng isang politiko na magsagawa ng panloloob laban sa iyong mga tanggapan. Mayroon ka bang makakausap sa mga pulis --- o sa mga politiko --- na makakapagbigay sa iyo ng panloob na kuwento? Kapag mas marami ang mga impormanteng kaisa sa iyong layunin, mas mahirap para sa iyong mga kalabang manatiling lihim o itago ang responsabilidad sa kanilang mga aksiyon.
- Maaaring maging makapangyarihang paraan ng pag-atake ang mga tsismis o kumakalat na usap-usapan, dahil sa isang banda, walang umaako sa responsabilidad sa pagsisimula ng mga ito. Ang mga usap-usapan ay maaaring tungkol sa mga pinansiyal, seksuwal, ideyolohikal, o iba pang bagay. Halimbawa, ang usap-usapan ay maaaring mayroon kang mga koneksiyon sa isang organisasyon ng mga terorista. Ano ang magagawa mo para ilantad ang pagpapakalat ng tsismis? Maaaring maging mahirap at delikado ito. Kung tila seryosong hinaharap mo ang usap-usapan, halimbawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lohikal na sagot, maaaring magbigay ito sa iyo ng mas mataas na kredibilidad. Ang naiibang klase ng tugon ay ang pagtawanan ang usap-usapan, halimbawa, sa pamamagitan ng paggamit ng mga imahen o laro sa mga salita na nagpapakita ng kawalang-katwiran ng mga alegasyon.
- Kung may inaasahan kang mga partikular na uri ng pag-atake, isipin kung paano mailalantad ang mga ito. Katulad ito ng paghahanda sa paglalantad ng karahasan ng mga pulis, liban sa mas marami ang mga posibilidad.

## Pagsasatao/pagsasadula ng pag-atake

Kung inatake na dati ang iyong grupo at may inaasahan kang mga pag-atake pa, sadyang mahalaga ang pagpaplano. Ang isang bagay na dapat gawin ay maghanda para sa pag-ulit ng nakaraang pag-atake, kaya kung mangyari itong muli, makakakuha ka ng ebidensiya at mailalantad ito.

Upang maghanda para sa iba’t ibang klase ng mga pag-atake, maaaring kang magtalaga ng dalawa o tatlong miyembro na gaganap bilang mga umaatake at mag-iisip ng mga paraan kung paano atakihin ang iyong grupo. Pagkatapos, magpapangkat ang lahat para pag-usapan ang mga tugon sa bawat isa sa mga inisip na pag-atake.


Kung regular na pangyayari ang mga pag-atake, maaaring mahalaga ang pagsasadula ng iyong mga tugon. Tila mga pagsasanay para sa sunog ang mga ito: gagawin mo ang lahat ng magagawa mo sa aktuwal na pag-atake, at pagkatapos ay suriin kung ano ang nangyari at gamitin ang karanasan para makagawa ng mas mabuting paghahanda.

## Pagpapawalang-halaga

Maaaring atakihin sa lahat ng klase ng paraan ang reputasyon ng iyong grupo. Maaaring gumawa ang isang politiko ng mga mapanirang pahayag at maaaring magpatakbo ng mapaminsalang kuwento ang *media*. Maaaring magkaroon ng mga pahayag tungkol sa mga koneksiyon sa terorista, tiwaling negosasyon, mapaminsalang gawi, di-wastong seksuwal na pag-uugali at kung ano-anong klase ng iba pang mga bagay.

Maaari mong paghandaan ang ilang klase ng mga tugon.

1. Huwag pansinin ang mga pahayag, dahil di-makatwiran ang mga ito. Walang maniniwala sa mga ito.
2. Gumawa ng makatwiran at makatotohanang tugon, na may mga dokumento at testimonya.
3. Gumawa ng kontra-atake, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpuna sa malisyosong motibasyon ng mga kalaban.
4. Pagtawanan ang mga pag-atake.



*Kartun na akda ni Corax na gawa ni Optor*

1. Huwag pansinin ang mga pahayag

Maaaring ipagpalagay mong di-makatwiran ang mga ganitong klase ng pahayag kaya walang maniniwala sa mga ito. Hindi mo kailangan ng maraming paghahanda para sa tugong ito. Ngunit paano mo malalaman kung ito ang tamang gagawin? Maaaring makatulong ang pagsasagawa ng maliit na *survey* ng iyong mga tagasuporta at ng iba pa (mga walang pinapanigan) upang malaman ang tungkol sa reputasyon ng iyong grupo, at ang matitibay at mahihinang punto nito. Kung malaman mong may mga alalahanin na, halimbawa, tungkol sa ilang mga posisyon o aksiyong ginawa ng iyong grupo, maaaring magpahiwatig ito ng mga punto ng kahinaan. Maaaring mga punto ito kung saan mas mahalagang tumugon.

2. Gumawa ng makatwiran at makatotohanang tugon

Maaari kang magtipon ng mga totoong impormasyon para kontrahin ang pag-atake. Gamitin ang mga ito sa isang *media release*, *website*, listahan ng *email* at anumang iba pang paraang mayroon ka para tumugon. Para maging handa, kailangan ng iyong grupong magkaroon ng mga taong sapat ang kaalaman tungkol sa mga isyu at makakapaghanda ng tugon. Kailangan mong magkaroon ng mga taong may mga kasanayan sa pagsusulat at pagsasalita, para ipahayag mo ang tugon. Makatutulong ang pagkakaroon ng mga tagasuporta sa mga pangunahing lugar na makakapagsalita sa iyong ngalan.

Halimbawa, kung may kilala kang kaisang komentarista sa *media*, tiyaking sapat ang alam nila tungkol sa iyong grupo upang magawa nilang itanggi ang mga maling pahayag at

magbigay ng mga totoong impormasyon. Kung mayroong mga prominenteng tao na sumusuporta sa iyo - mga respetadong miyembro ng komunidad - tiyaking nasabihan sila tungkol sa iyong sinasabi at ginagawa. Alamin kung sino ang magiging handa sa pagsasalita sa iyong ngalan. Maaari ding may mga taong hindi sumusuporta sa iyo ngunit naniniwala sa patas na laban, at magiging handa sa paghapon sa mga kritisismong batay sa mga kasinungalin at misrepresentasyon. Lalong magiging makapangyarihan ang kanilang mga pahayag dahil makikita ang mga ito na hindi gaanong nakatuon sa pansarili.

Kung nakapaghanda ka nang mabuti, ang isang pag-atake ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyong grupo sa aktuwal, sa pamamagitan ng pagpapakilos ng lahat ng klase ng mga tao sa pagdepensa sa iyo. Tandaan lamang na kailangang sapat ang kanilang kaalaman tungkol sa iyong grupo para makontra ang mga maling pahayag.

3. Gumawa ng kontra-atake

Ang ideya dito ay ilipat ang pansin ng madla sa mga umaatake, at ipakita ang kanilang lihim na layunin, mga kasinungalingan, salungat ng interes, tiwalinggawi at iba pang kakulangan. Upang paghandaan ang kontra-taktikang ito, kailangan mong maghanda ng isang "*dirt file*' --- isang koleksiyon ng impormasyong nakakasira sa iyong mga kalaban --- at humanap ng mga paraan upang isapubliko ang mga pahayag. Halimbawa, maaaring may kilala kang mga taong may hinaing laban sa iyong mga kalaban at handang magsalita.

Maaaring maging isang makapangyarihang paglapit ito, ngunit kailangang mong mag-isip nang mabuti tungkol sa kung ito ang pinakamahusay na paraan para magpatuloy. Ang isang desbentaha ay maaaring makita ka bilang isang umaatake at hindi target ng pag-atake. Sa halip na maging isang pawang biktima ng mga walang prinsipyong politiko, maaaring makita lamang ng mga tagasubaybay na may pag-abusong ibinabato ang parehong panig, at samakatwid ay iisipin na "pwede ang kahit ano", kaya katanggap-tanggap ang mga taktikang di-kanais-nais.

Kung mas maraming mapagkukunan ang iyong mga kalaban at handang gamitin ang mga ito, maaaring mas mabuting iwasan ang paggawa ng kontra-atake. Sa kabilang banda, kung iniisip na ng karamihan sa mga miyembro ng publiko na tiwali ang iyong mga kalaban, hindi mo na kailangang lubos na mag-alala --- at hindi mo na kailangang magpasimuno ng kontra-atake, dahil maaaring gawin ito ng iba para sa iyo.

4. Pagtawanan ang mga pag-atake

Maaari kang gumamit ng pagpapatawa para pagaanin ang mga pag-atake. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng mga biro, panlolokong pahayag sa *media*, kasuotan o gimik sa protesta.

Noong 2000, ang kilusan ng mga aktibista na Otpor ay nakaranas ng pagsupil mula sa rehimen ng Serbia na pinamumunuan ni Slobodan Milosevic. Sinabi ng rehimen na ang Otpor ay mga terorista, pasista at adik sa droga. Isang kartunista ang gumuhit ng isang satirikong larawan ng Otpor bilang isang musmos na batang lalaking nakakuyom ang palad, na simbolo ng Otpor, na nasa semento habang binabantaan ng malalaking karikatura ni Milosevic at iba pang mga pinunong Serbian. Ginamit ng Otpor ang kartun sa mga polyeto na pinagtabi ang inosenteng imahen sa mga binabansag ng rehimen.[32]

Sa pamamagitan ng paggamit ng pagpapatawa, nagpapadala ka ng mensahe na ang mga pahayag tungkol sa iyong grupo ay hindi dapat seryosohin: kalokohan lamang ang mga ito. Nagiging mas mahirap para sa umaatake na magpatuloy sa mga pahayag, dahil ipinapaalala lamang nito sa mga tao ang kalokohan.

Ang malaking pagsubok ay ang makabuo ng mga nakakatawang teknik na tatanggapin ng mga tagasuporta at pati na ng mga kalaban. Kung masyadong nakakasuklam ang tingin sa pagpapatawa, maaaring magmukha itong isang kontra-atake. Ang pang-uuyam ay maaaring bigyang-kahulugan bilang seryoso. Upang maging handa sa pagpapatawa ng mga pag-atake, kailangan mong magsanay sa umpisa pa lamang at mag-isip ng mga nakalulugod na paraan sa pagtugon. Maaaring makabuo ka rin ng ilang mga ideya para sa mga aksiyong magagamit mo may pag-atake man o wala.

## Pag-iiba ng interpretasyon

Maaaring magsinungaling ang mga umaatake tungkol sa kanilang ginagawa o mga dahilan para dito, sabihing hindi ganoon kahalaga kung ano ang nangyayari, sisihin ang iba para sa anumang mga problema, at ipakita ang kanilang sariling pananaw sa kung ano ang ibig-sabihin ng lahat ng ito. Para maghanda, kailangang mayroon kang mga tao sa iyong panig na pamilyar sa mga totoong impormasyon, malinaw tungkol sa pagtingin sa mundo ng iyong grupo, at may kapasidad na makipag-ugnayan sa mga tagasubaybay. Kailangan mong masuportahan ang lahat ng sasabihin ng mga tao mo.

Halimbawa, kung may panloloob sa iyong mga opisina at kinumpiska ang iyong mga *computer*, maaaring sabihin ng mga pulis na regular na pagsuri lamang ito at wala namang

32 Majken Jul Sorensen, “Humour as a serious strategy of nonviolent resistance to oppression,” Peace & Change, Vol. 33, No. 2, April 2008, pp. 167–190.

kinuha. (Maaari din nilang sabihin na ang panloloob ay tungkol sa mga droga, isang pahayag na mas pumapasok sa pagpapawalang-halaga.) Kung mayroong kang ebidensiyang *video* na tinanggal ng mga pulis ang mga *computer*, maaari mong ilantad ang kasinungalingan. Kung mayroon kang mga impormanteng nagsasabing ipinag-utos ng isang politiko ang panloloob, maaari kang maglantad ng isa pang kasinungalingan. Maaari mong sabihin na isang mapagmalabis na pag-atake sa demokrasya at malayang pamamahayag ang ginawang panloloob.

Ang pagkumpiska ng iyong mga *computer* ay isang seryosong usapin, at kailangang maging handa ka. Sangkot dito ang sariling pagpaplano ng pag-aanalisa ng pagsablay.[33]

## Mga opisyal na linya

Kapag inaatake ang iyong grupo, malamang na may iba't ibang mga batas at regulasyon ang nalalabag. Maaaring matukso kang magsampa ng isang reklamo sa ombudsman ng pulisya, magdemanda sa korte para sa paninirang-puri, magsampa ng isang reklamo sa komisyon ng *privacy*, humingi ng pasya mula sa parlamento, o gumamit ng alinman sa ilan pang bilang ng mga pormal na proseso. Sa ilang pagkakataon, makatutulong ang mga opsiyong ito, ngunit malamang na magpapahupa sa silakbo ng galit.

Kapag nagpasa ka ng isang reklamo, umaasa ka sa sistema para ayusin ang problema - para magbigay ng hustisya. Ang problema ay karaniwang napakabagal ng mga proseso, kinasasangkutan ng maraming oras at enerhiya at minsan ay salapi, nangangailangan ng paggamit ng mga dalubhasa tulad ng mga abogado, at kinabibilangan ng mga teknikalidad. Nailalayo ka mula sa kampanya.

Kung gusto ng mga miyembo ng iyong grupo na isaalang-alang ang mga klaseng ito ng opsiyon, humingi ng impormasyon sa kanilang tungkol sa dami ng tagumpay ng mga nakaraang reklamo. (Kadalasan, hindi makukuha ang impormasyon.) Hilingin sa kanilang makipag-ugnayan sa ibang mga grupo na nagsampa ng mga katulad ng reklamo, at alamin kung gaano karaming oras, lakas at salapi ang sangkot. Tanungin sila kung ilang mga tao ang sangkot sa proseso ng reklamo.

Sa ilang pagkakataon, mabisa ang mga opisyal na linya kanilang sariling mga tuntunin, ngunit may isinakripisyong halaga: mayroong mga bagay na hindi mo ginawa dahil napakaraming oras at lakas ang nakadikit sa mga opisyal na linya. Kailangan mong isipin kung parehong oras at lakas ang inilagay sa pangangampanya. Sa halip na magsulat ng

---

33 Para sa isang paraan ng paglapit, tingnan ang Schweik Action Wollongong, "Safeguarding your group: a checklist," http://www.bmartin.cc/others/SAWchecklist.pdf.

isusumite sa ahensiya ng gobyerno, isipin kung inilagay na lamang ang parehong enerhiya sa pagsusulat ng mga kuwento para magpakilos ng suporta o mag-organisa ng aksiyon.

Para paghandaan ang panloloob sa iyong opisina, maglayong gamitin ang posibilidad ng pag-atake para makakuha ng mas malaking suporta. Anyayahan ang mga miyembro na gumugol ng oras sa opisina. Mag-*set up* ng mga kamera. Mag-*back up* ng impormasyon. Hayaang malaman ng mas maraming tao kung paano pinapatakbo ang lahat. Ipakilala ang mga tao sa isa't isa. Oo, ang paghahanda para sa posibleng panloloob ay maaaring maging oportunidad na maging mas matatag.

## Pananakot

Kung inaatake ang iyong grupo, maaaring matakot ang ilang mga miyembro. Maaaring sila ang atakihin, o maaaring mag-alala silang sila na ang susunod.

Para maghanda, kailangang muling mapatibay ang loob ng mga miyembro. Isa sa mga pinakamagandang paraan ay pag-isipan ang mga posibleng sitwasyon, planuhin ang mga tugon, at magplano nang naaayon. Kapag alam ng mga tao ang gagawin, mas hindi sila natatakot.

Malakas ang ilang mga tao sa harap ng krisis. May kumpiyansa sila, matapang at mapagkukunan ng inspirasyon. Ang ilan sa mga pinuno sa panahon ng krisis ay mga datihan na; ang iba naman ay bata o bago sa pagkampanya. Ang pagsubok para sa iyong grupo ay tukuyin ang mga pinuno sa panahon ng krisis, ihanda sila sa aksiyon at huwag hayaang madismaya sila kung walang nangyari. (Hindi mo kailangan ng panloob na krisis para lamang makatikim ng aksiyon.)

Kadalasan ay may mabubuting dahilan para matakot sa pag-atake: maaaring malagay sa panganib ang kanilang mga pamilya at kabuhayan. Kaya mag-isip ng mga paraan para maprotektahan sila.

Kung bahagi ang pananakot ng isang pag-atake, tiyaking may dokumentasyon ng lahat ng nangyayari. Mga banta, pag-atake at paghihiganti ay di-makatwiran para sa maraming tagalabas. Sa pamamagitan ng pagtatala at paglalantad ng mga aksiyong ito, maaari mong mapataas ang silakbo ng galit. Kung naghanda ka nang mabuti, naisagawa ang iyong mga plano nang maayos at sinasabayan pa ng kaunting suwerte, hihilingin ng mga umaatake na sana ay hindi na lamang nila ginawa iyon.

## Kongklusyon

Ang tatlong halimbawa - pagsasalita tungkol sa katiwalian, panganib ng karahasan ng pulisya at ang posibilidad ng mga paghihiganti laban sa iyong grupo - ay nagpapakita kung

paano gumawa ng mga plano sa paghahanda para sa mga banta. Maaari mong gamitin ang parehong klase ng paglapit sa lahat ng klase ng iba pang mga isyu, tulad ng *online* na sensura, seksuwal na panliligalig, pag-aresto, at *torture*. Ang pangunahing bagay ay isipin kung ano ang gagawin ng iba para pahupain ang galit patungkol sa kanilang mga aksiyon, at pagtapos ay isipin ang tungkol sa magagawa mo para tiyaking hindi ito magiging mabisa.

Ang mga paraan ng pagtatakip, pagpapawalang-halaga, pag-iiba ng interpretasyon, mga opsiyal na linya at pananakot ay pangkaraniwan. Sa pamamagitan ng pagiging sangkot sa mga syu at kampanya, matututo ka ng maraming tiyak na impormasyong mahalaga sa pagiging mabisa. Kaya huwag umasa sa listahan ng mga tuntunin. Mag-isip para sa iyong sarili at maging malikhain.

Kailangang matuto mula sa karanasan para maging epektibo. Maaari kang matuto mula sa kung anong nangyari sa iyo o iyong grupo sa nakaraan. Mahalaga ring makipag-usap sa iba at alamin kung anong naging mabisa para sa kanila at ano ang hindi. Anong mga paghahanda ang may nagawa? Aling mga paghahanda ang aksaya sa oras? At tiyaking alam ng iba ang mga aral mula sa iyong sariling karanasan.

# Ngayon at Pagkalipas

May nangyayaring inhustisya ngayon mismo.

- Inaresto ngayon lamang ang isang aktibista.
- Ginugulpi ng mga pulis ang mga nagpoprotesta.
- May isinasagawang ilegal na pagmamatyag ng mga mamamayan.
- Gumagawa ang gobyerno ng mga di-makatotohanang pahayag tungkol sa mga aktibista na mga terorista raw.
- Tino-*torture* ang mga tao.
- Pinapatay ang mga sibilyan ng mga pag-atake sa himpapawid.

Ano ang kailangang gawin? Nakadepende ang marami sa konteksto. Kailangang alam ng mga aktibista ang mga politikal na sirkunstansiya, ang kasaysayan ng isyu, ang sitwasyon ng mga potensiyal na kaalyado at malamang na makakalaban at kanilang sariling kapasidad na magpakilos ng aksiyon - at marami pang iba. Walang tamang sagot sa tanong ng kung ano ang gagawin.

Maaaring magbigay ang modelo ng pagsablay ng ilang pag-unawa. Ganoon ang lahat ng mga ito: mga ideya tungkol sa maaari mong gawin. Kailangang karugtong ito ng iyong pag-unawa ng kung ano ang nangyayari.

Kung nakapaghanda ka nang mabuti para sa nangyayari, kailangan mo lamang na sundin ang mga plano para sa pagtipon ng mga ebidensiya, pagpapakilos ng mga tagasuporta, at mga susunod pa. Gayunman, talagang hindi inaasahan ang ilang mga pangyayari - hindi mo mapag-iisipan ang paghahanda para sa mga ito.

Marahil ay may publisidad tungkol sa panggulpi ng pulis o may binubunyag ang *media* tungkol sa katiwalaan ng pamahalaan. Kung ito ay mga usaping mahalaga sa iyo, gugustuhin mong gumawa ng aksiyon. Mahuhulaan mong gagamit ang mga tagapasimuno ng mga paraan para pahupain ang silakbo ng galit. Maaari kang gumawa ng aksiyon para salungatin ang mga paraang ito.

Ang batayang limang paraan para sa pagpapataas ng silakbo ng galit ay ang paglantad ng aksiyon, pagpapatunay sa target, pag-unawa sa mga pangyayari bilang isang inhustisya, pagpapakilos ng suporta at pag-iwas sa mga opisyal na linya, at pagtanggi sa pananakot. Maaaring paikliin ito sa ibunyag, bawiin, ibahin ang pagtingin, ilipat ang direksiyon at itanggi.

## Ibunyag: ilantad ang aksiyon

Ang paglantad ng inhustisya ay isang lubhang makapangyarihang teknik. Kung magagawa mong magbunyag ng impormasyon, lalo na ang impormasyong malapit sa mga sumusubaybay, lumilikha ito ng popular na kamalayan na batayan para sa paghahatid ng pagbabago. Sa ilang pagkakataon, sapat ang paglantad para pigilin ang paggalaw ng inhustisya.

Samakatwid, nakakaengganyong maglabas ng maraming impormasyon hangga’t maaari, at gawin ito sa lalong madaling panahon. Gayunman, kailangan mo laging huminto nang saglit para pag-isipan kung paano magiging pinakamabisa. May ilang mga salik na dapat isaalang-alang.

### Pahintulot

Ipagpalagay na ang isang aktibistang nagngangalang Helen ay inaresto, nang walang anumang katwiran --- isa itong pananakot, walang labis, walang kulang. Handa ka na para sa kampanya ng publisidad. Ngunit kailangan mo munang tiyaking sumasang-ayon si Helen sa kampanya. Kung sinabi niya na sa umpisa, iyon na ang pahintulot na kailangan mo --- ituloy lamang. (Ito ay isang aspekto ng paghahanda sa umpisa.) Kung makakausap mo siya, at

pumayag siya --- ituloy lamang. Ngunit paano kung tumanggi siya? Sa gayon, kailangan mong igalang ang kaniyang kagustuhan - maliban na lamang marahil sa mga pambihirang sirkunstansiya. Halimbawa, maaaring may ebidensiya ka na pinupuwersa siyang tumanggi, o na kung walang kampanya ay malalagay siya sa matinding panganib.

Ang iba pang suliranin ay kung hindi mo makausap si Helen at hindi mo alam kung ano ang gusto niya. Samakatwid, kailangan mong gamitin ang iyong pagpapasiya. Mas mabuti kung pagkatapos ng pagkonsulta sa pamilya at malalapit na kaibigan ni Helen.

Maaaring may magagandang dahilan si Helen na tumanggi sa publisidad. Maaaring natatakot siya tungkol sa mapanirang impormasyon tungkol sa kaniyang pagpapalabas ng pulis, o hindi niya gustong malaman ng kaniyang pamilya, o mag-alala tungkol sa epekto ng publisidad sa kaniyang karera. Kailangan mong igalang ang kaniyang opinyon, kahit pa naniniwala kang mas makakabuti ang publisidad para sa kaniya. Maaaring ramdam lamang niyang hindi niya gusto, sa okasyong ito, na maging sentro ng kampanya. Hindi lahat ay gusto ito!



*Noong 1930 sa India, pinamunuan ni Mohandas Gandhi ang isang kampanya laban sa pamumuno ng Britanya sa pamamagitan ng paghamon sa mga batas sa asin. Sa isang pangunahing paghaharap, malubhang ginulpi ng mga pulis ang mga di-marahas na nakikibaka. Sa kabila ng mga tangka ng Britanya na pahupain ang silakbo ng galit, lubos na pinahina ng mga ulat ng pagkilos na ito ang suporta para sa pamumuno ng Britanya.*

Kung makakausap mo siya, maaari kang magpakita ng mga argumento tungkol sa halaga ng publisidad. Kung may alam siya tungkol sa mga estratehiya sa pamamahala ng silakbo ng galit, nasa mas magandang posisyon siya para gumawa ng maingat na pagpapasiya.

## Kalidad ng impormasyon

Mayroon kang ilang mga panimulang ulat tungkol sa mga panggugulpi, kaya nagmadali kang gumawa ng pahayag sa *media* o ipaalam sa libo-libong tagasuporta sa pamamagitan ng Facebook. Ngunit paano kung mali ang mga ulat? Kung sa gayon ay mawawalan ka ng kredibilidad, lalo na bilang mapagkukunan ng de-kalidad ng impormasyon. Kaya magiging mas mabuti kung maghihintay na makumpirma ang mga ulat.

Kung binabatay mo ang mga aksiyon sa impormasyon, kailangan mong tiyaking tama ang impormasyon. Isaisip ang pagtawag sa libo-libong tagasuporta sa mga lansangan ayon sa maling ulat.

Minsan, tama ang impormasyon, ngunit hindi ito malinaw o matingkad. Maaaring mayroon kang mga ulat ng *torture* mula sa mga maaasahang tagapag-ulat na sangkot sa pakikibaka para sa liberasyon. Pinagkakatiwalaan mo ang mga ulat dahil kilala mo ang mga tagapag-ulat. Ngunit kung walang mga independiyenteng testigo, maaaring hindi makuha ang kuwento. Maaaring mabago ang sitwasyong ito sa pamamagitan ng mga larawang ebidensiya. Maaaring maging lubhang makapangyarihan ang mga larawan at *video*.

Dapat ka bang maghintay hanggang mayroon kang mas maraming malinaw na ebidensiya? Kung may tiwala ka sa ebidensiya, maaaring mahalagang mailathala ito. Kung makakakuha ka ng mas malinaw na ebidensiya pagkatapos, hindi ito magiging sorpresa ngunit sa halip ay magbibigay ito ng mas makapangyarihang pagpapatibay. Sa kabilang banda, kung hindi malinaw o nakalilito ang inisyal na ebidensiya, maaaring mas mabuting maghintay para sa mas magandang ebidensiya.

Noong dakong huli ng 2003, may mga kuwento mula sa Red Cross at iba pa tungkol sa pag-*torture* ng mga bilanggo sa Afghanistan at Iraq na gawa ng mga guwardiya ng piitan mula sa Estados Unidos. Nakatanggap sila ng kaunting pagbabalita ng pangkalahatang *media* ngunit walang gaanong epekto. Pagkatapos, noong mga unang bahagi ng 2004, lumabas ang mga dramatikong larawan mula sa Abu Ghraib, na humantong sa isa sa pinakamalaking kuwento hinggil sa mga karapatang pantao ng taon. Sa gitna ng komentaryo ay ang impormasyon tungkol sa mga naunang ulat, na nagpapakita na hindi nakatanggap ang kuwento ng lubos na atensiyon hanggang sa nailabas ang mga larawan.

## Siklo ng *media*

Nagdesisyon kang maglabas ng ilang dramatikong impormasyon tungkol sa mga paglabag sa karapatang pantao. Gayunman, halos walang anumang pagbabalita ang *mass media*, dahil sa parehong araw ay nagkaroon ng malaking lindol. Lahat ng mga ulo ng balita ay tungkol sa lindol at natabunan na ang iyong kuwento.

Hindi mo mahuhulaan ang mga likas na sakuna ngunit mahuhulaan mo ang ilang klase ng mga priyoridad ng *media*, tulad ng eleksiyon. Ang mga pangunahing pangyayari tulad ng mga likas na sakuna ay maaaring mamayani sa pagbabalita nang ilang araw, linggo o kahit buwan pa.

Kailangan mong matutuhan ang tungkol sa paraan kung paano ang trato ng *mass media* sa mga kuwento. Mas mabuti ang mga partikular na araw ng linggo at partikular na oras ng araw para sa pagpapadala ng mga *media release*. Kaya alamin ang tungkol sa mga operasyon ng lokal, nasyonal o kahit pa internasyonal na *media* upang maitaguyod mo ang iyong impormasyon sa pinakamagandang oras na posible. Minsan, magiging mas mabuti ang paghihintay hanggang tama ang oras.

Kumikilos ang *social media* sa ibang mga paraan at hindi laging katulad ng *mass media*. Alamin ang tungkol sa kanilang mga siklo at priyoridad para makakuha ng magandang tugon.

## Dahan-dahang paglalabas?

Minsan, napakarami ang magandang materyal na ibubunyag mo. Maaaring pinakamainam na ilabas itong lahat nang sabay, para magtamo ng pinakamataas na bisa. Ang isa pang opsiyon ay ilabas ito nang dahan-dahan, para maging mas mahaba ang daloy ng kuwento. Naipapakita ang epekto ng pagpapakalat ng paghahayag sa paraan kung paano pinapatakbo ng ilang mga pahayagan ang mga kuwento, nang ilang araw o linggo, ayon sa mga dokumento sa WikiLeaks.

Ang batayang punto rito ay pag-isipan kung paano magiging mabisa sa paghahayag ng impormasyon. Minsan, maliit lamang ang kontrol mo rito, ngunit kung mayroon man, isipin ang iyong mga opsiyon. Lubhang nakatutukso ang agarang paglantad, ngunit maaaring

maging makabuluhang maghintay hanggang sa oras na may higit na oportunidad, para sa mas mabuting impormasyon o hanggang sa sinusuportahan na ng mga tao ang iyong mga plano.

## Bumawi: magpatunay sa target

Habang nagpapatuloy ang inhustisya, maging handa sa kabilang panig na susubok na siraan ka, ang iyong grupo, o sinumang sinusuportahan mo. Kailangan mong maging handa na protektahan ang iyong reputasyon.

Mahalaga ang iyong asal. Kung inakusahan ka na isang baliw na maninira, maaaring maging epektibo na umasal nang kalmado at manamit nang kagalang-galang. Ang iyong makatwiran at mapitagang asal ay magpapalito sa mga pahayag at ang mga umaatake sa iyo ang magmumukhang mga nababaliw.

Mahalaga ang iyong lengguwahe. Kung berbal kang inaabuso, nakatutuksong tumugon sa parehong paaan, gamit ang mainit na pananalita. Maaaring hindi ito maging mahalaga, ngunit makatutulong isipin kung paano pinapanatili, at lalong binubuo, ang iyong imahen. Maaaring magdesisyon kang magsalita sa lohikal at maingat na paraan, o madamdamin at marubdob, o may pakikiisa at pagsimpatiya. Hanggang hindi ka gumagawa ng kontra-atake, mayroon kang kalamangan. Nakadepende nang malaki ang mga estilo ng pananalita sa mga kagawiang kultural at mga inaasahan, at walang pangkalahatang tuntunin para sa lahat ng mga sitwasyon. Ang pangunahing bagay ay ang iyong berbal na estilo na maaaring may mahalagang papel sa pagsalungat sa mga tangkang ipawalang-halaga ka.

Maaaring makatulong ang ebidensiya ng iyong katapatan, kahusayan o pagtataya. Mahalaga ang sinasabi ng iyong mga tagasuporta. Kung mayroon silang ebidensiya ng iyong sinseridad at mabubuting gawa, at bukas na nagpapatotoo sa iyo, makapangyarihang suporta ito laban sa mga tangka ng paninira.

## Halimbawa

Binisita ni Scott Parkin, isang di-marahas na aktibista mula sa Texas, ang Australia noong 2005. Nang walang babala, inaresto siya at isinalang para sa deportasyon. Gumawa ng mga pahayag ang gobyerno ng Australia na nagpapahiwatig na sangkot si Parkin sa marahas na protesta.

Nag-organisa si Iain Murray, isang di-marahas na aktibista mula Australia na nagpaplanong makipagkita kay Scott para sa isang sesyon ng pagsasanay noong umagang iyon, ay nag-organisa ng mga protesta bilang suporta kay Scott. Maingat siya sa pagtukoy kay Scott bilang isang "kaibigan" at bigyang-diin ang pagtataya ni Scott sa kawalang-karahasan. Sa isang protesta bilang suporta kay Scott, nagsuot ang mga tagaprotesta ng mga maskara, isang taktika ng katatawanan na naghatid ng mensahe tungkol sa pagtataya sa kawalang-karahasan ni Scott at nila. Nakatulong ang pagbibigay-pansin ni Iain sa lengguwahe at asal sa pagkontra sa mga tangka ng gobyerno ng Australia sa pagpapawalang-halaga. Dahil sa matalinong paggamit ni Iain ng mga paraan, kasama ang iba pang mga aktibista, naghatid ang pag-aresto at deportasyon kay Scott nang higit na atensiyon at suporta para sa kawalang-karahasan kumpara sa kung iba ang nangyari. Sumablay ang mga aksiyon ng gobyerno ng Australia.[34]




*Sinalungat ng mga tagaprotesta ang pag-aresto at deportasyon kay Scott Parkin*

## Ibahin ang pagtingin: bigyang-kahulugan ang mga pangyayari bilang isang inhustisya

Kailangan mong ipaliwanag kung ano ang nangyari, mula sa iyong punto de bista. Mahalaga ito, dahil ang mga kalaban ay magsisinungaling, magmamaliit, maninisi at mag-iiba ng paraan ng pagtingin tungo sa kanilang paraan.

Maaaring isipin mong kitang-kita ang inhustisya. May mga larawan sa telebisyon. Nakita ng lahat kung ano ang nangyari. Tiyak na may nagpapatunay para sa kanilang mga sarili ang mga impormasyon. Mali! Hindi nagpapatunay para sa kanilang mga sarili ang mga

34 Brian Martin at Iain Murray, "The Parkin backfire," Social Alternatives, Vol. 24, No. 3, Third Quarter 2005, pp. 46–49, 70.

impormasyon. Kailangang unawain ang mga ito. Maaaring ang halata para sa iyo ay maunawaan nang ibang-iba ng iba.

Maaaring magsinungaling ang iyong mga kalaban. Kailangan mong kontrahin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng tumpak ng impormasyon at paglantad ng mga kasinungalingan.

Sasabihin ng iyong mga kalaban na hindi ganoon kahalaga ang isyu kung tutuusin. Maliliitin nila ang mga bunga. Kailangan mong patuloy na sabihing mahalaga ito at seryoso ang mga kahahantungan.

Kung ipinagtatanggol nila ang kanilang sarili, maaaring manisi ang iyong mga kalaban ng isang tao, kadalasan ay mababang antas ng tao. O maninisi sila ng iisang pinuno, na magiging panakip-butas para sa buong patakaran at malawakang pananagutan. Kailangan mong ituro kung sino ang responsable.

Pinakamahalaga, masasabi ang iyong mga kalaban ng tungkol sa mga pangyayari mula sa kanilang sariling pananaw, gamit ang lengguwaheng humihimok sa mga tao na mag-isip mula sa kanilang punto de bista. Kailangan mong kontrahin ito gamit ang iyong sariling mga paraan ng pagtanaw. Sa anumang isyu, kailangan mong malaman kung ano ang iyong layunin at kung magandang oportunidad ba ang kasalukuyang pinapaksang isyu sa pagtataguyod ng iyong pananaw.

## Ilipat ang direksiyon: magpakilos ng suporta at iwasan ang mga opisyal na linya

Kung matindi na ang silakbo ng galit, maaaring magtakda ang gobyerno o iba pang makakapangyarihang grupo ng siyasat para mag-imbestiga. O maaaring maglabas sila ng ilang mga eksperto upang magpahayag. O maaaring sabihin nila sa mga nagpoprotesta na magsampa ng reklamo sa patakaran ng kapulisan sa pagtugon sa karaingan o sa ombudsman, o magdemanda sa korte. O maaaring sabihin nilang maghintay na lamang ng eleksiyon.

Ang pagkakatulad ng mga klaseng ito ng tugon ay ang pagpapalagay na ang mga opisyal --- sa mga hukuman, siyasat, lupon ng eksperto o ahensiya ng gobyerno --- ay tutugunan ang problema at magbibigay ng hustisya. Karamihan sa mga opisyal na sangkot sa mga ahensiyang ito ay mabuti ang intensiyon: marami ang talagang may dedikasyon sa katarungang panlipunan. Ngunit ang mga opisyal na linya ay halos palaging mabagal, kinasasangkutan ng lahat ng klase ng kung ano-anong tuntunin at regulasyon, at nakasalalay sa paggamit ng mga eksperto tulad ng mga abogado. Dinadala nila ang isyu palabas ng pampublikong larangan at inilalagay ito patungo sa isang espesyal na arena na kadalasang ideyal na nakadisenyo para sa pag-ubos ng enerhiya ng mga kilos-protesta.

Kapag mainit ang isang isyu, kailangang maging layunin mong itaguyod ang pagkilos at baguhin ang mga pag-uugali at patakaran. Kaya karaniwang pinakamabuting hindi itaguyod ang mga opisyal na linya. Maaaring maganda sa kaloobang sabihing “gusto namin ng siyasat sa karahasan ng mga pulis” o “gusto naming pumagitna ang UN” ngunit madalang na kalugod-lugod ang realidad.

Gayunman, sa ilang pagkakataon, ang gobyerno, mga pulis o ibang mga ahensiya mismo ang nagtatayo ng mga opisyal na linya. Ipagpalagay nating isang pormal na siyasat. Ano ang pinakamabisang paraan para tumugon?

*Opsiyon 1:* Makilahok sa siyasat sa pamamagitan ng pagsusumite, pagbibigay ng testimonya at paghikayat sa iba na iyon din ang gawin. Maaaring makatulong ito na magkamit ng mas magandang resulta. Ang desbentaha ay nailalayo ang enerhiya mula sa pampublikong pagkampanya. Kung nagbunga ng mahihinang rekomendasyon ang siyasat, nagbibigay rito ang paglahok sa siyasat ng mas mataas na kredibilidad.

*Opsiyon 2*: Itulak ang mas mabuting siyasat. Ang mga panloob na siyasat - na pinatatakbo ng mga ahensiya tulad ng pulisya o ng gobyerno --- ay malamang na pagsisilbihan ang *status quo*. Kaya manawagan ng isang independiyenteng siyasat. Ang mga saradong siyasat - kung saan ang mga pagdinig ay kumpidensiyal at hindi bukas sa publiko --- ay malamang na malamang na paghuhugas-kamay. Kaya manawagan ng isang bukas at pampublikong siyasat.

*Opsiyon 3*: Pasukin ang siyasat. Magkaroon ng mga tagasuporta sa loob, tulad ng mga miyembro ng lupon o pansuportang tauhan, na magbibigay ng impormasyon kung paano umuusad ang siyasat at paano ito pinakamahusay na haharapin.

*Opsiyon 4*: Balewalain ang siyasat. Magpatuloy sa nakagawiang pagkampanya at huwag magpagambala.

*Opsiyon 5*: Subuking siraan ang siyasat. Tukuyin ang mga kahinaan ng siyasat tulad ng mga makipot na probisyon, nakaliligaw na palagay, mga salungatan ng interes at di-sapat na kapangyarihan para tumawag ng mga testigo at mangolekta ng impormasyon.

*Opsiyon 6*: Magsagawa ng iyong sariling siyasat. Ang isang "siyasat ng bayan" sa karahasan ng pulisya ay maaaring mayroong pampublikong pagdinig, magkolekta ng ebidensiya at gumawa ng mga pampublikong pahayag.

*Opsiyon 7*: Gamitin ang siyasat bilang isang oportunidad sa pagkampanya. Tuwing mayroong makabuluhang kaganapan, magsagawa ng isang kilos-protesta o magsagawa ng pagpapakitang-lakas. Padaluhin ang mga miyembro sa siyasat para magkolekta ng impormasyon o magsagawa ng isang aksiyon. Magpatakbo ng tuloy-tuloy na komentaryo sa mga detalye ng kaganapan, na nagbibigay ng alternatibong interpretasyon. Gamit ang opsiyong ito, ang iyong layunin ay magpakilos ng suporta. Ang siyasat ay isang paraan para makatulong sa paggawa nito.

Ano ang pinakamabuting opsiyon? Nakadepende ito sa sitwasyon. Ang pinakamahalagang bagay ay pag-usapan ang iba-ibang opsiyon at isaalang-alang ang magagamit na ebidensiya tungkol sa kung alin ang may pinakamahusay na bisa. Anong nangyari sa mga nakaraang siyasat? Ano ang alam mo tungkol sa mga miyembro ng lupon? Ano ang iniisip ng mga kasapi ng publiko?

Sa isa pang panahon para gumawa ng mga desisyon sa susunod: kapag sa wakay ay iniulat na ng siyasat ang mga natuklasan nito.

- Kung ang mga natuklasan ay hindi ang gusto mo, kailangan mong hamunin ang mga ito --- at marahil ay kuwestiyunin din ang pagiging patas ng siyasat.
- Kung ang mga natuklasan ay gaya ng gusto mo, maaaring humarap ka sa mas matinding hamon: ang maisakatuparan ang mga natuklasan. Iisipin ng maraming tao, "Nalutas ang problema dahil sa magagandang rekomendasyong ito" at hindi na nila makikitang may pangangailan pang gumawa ng kahit ano. Maging handa na magpatuloy sa pagkampanya.

Sa ilang bibihirang kaso, kapag inaasahan ng bawat isa ang hustisya sa pamamagitan ng siyasat, muling pinapaalab ng mahihinang resulta ang silakbo ng galit.

Pagkatapos ng panggugulpi kay Rodney King noong 1991, may kaso sa korte laban sa apat na opisyal ng pulisya na sangkot sa panggugulpi. Inasahan ng bawat isa na makukulong sila. Ngunit nahatulan sila ng hurado na walang sala. Lubos ang laki ng silakbo ng galit sa

ipinagkait na hustisya kaya pumutok ang kaguluhan sa South Central Los Angeles, na tumagal ng ilang araw at naging sanhi ng pagkamatay ng 50 tao at pagkasira ng daan-daang milyong dolyar na halaga ng ari-arian. Kinalaunan, pagkatapos ng ikalawang paglilits ng mga opisyal, nahatulan ang dalawa na may sala at wala nang naging kaguluhan.

## Tanggihan ang pananakot

Sa gitna ng isang inhustisya, matatakot ang ilang tao na magprotesta dahil sa mga panganib, sa pagmumukhang inutil man, pagkawala ng kanilang trabaho, o pagkaaresto, panggugulpi, pag-*torture* at pagpatay. Makapangyarihang taktika ang pananakot laban sa protesta at kailangang maingat na suriin.

Dapat na tandaan ang ilang mga punto.

- Pahintulot. Ang sinumang tumatanggi ay kailangang ganap ang kaalaman sa mga panganib.
- Pakikilahok. Sa pangkaraniwan, mas ligtas na magprotesta kung maraming sangkot na tao. (Ang mas malaking pakikilahok, lalo na kung sangkot ang tinuhog na bahagi ng populasyon, ay nagbibigay ng mas mataas na kredibilidad sa protesta - kung sa pinakamababa ay aasal ang lahat sa paraang mahirap na siraan.)
- Mga nakikipagsapalaran. Ang ilang mga indibidwal ay handang humarap sa mas malaking panganib. Sa maraming kaso, ang mga kabataan ang nangunguna. Lalong mahalagang nauunawaan nila ang mga panganib. Kailangan nilang suportahan. Sa kabilang kamay, ang pangahas ng aksiyon ay maaaring maging salungat sa produktibo sa ilang pagkakataon. Mahalaga sa isang kilos-protesta ang mga nakikipagsapalaran. Ang kanilang ambag ay dapat gamitin sa pinakamataas na kalamangan, kung talagang kinakailangan, at hindi para sa mga di-mahalagang layunin.
- Mga opsiyon. Makatutulong ang pagkakaroon ng magkaibang paraan ng pagprotesta. Ang ilan ay mas mapanganib kumpara sa iba. Kung malubha ang mga panganib, maaaring mabuti na magkaroon ng mas ligtas na paraan ng pagprotesta, tulad ng pagsindi’t patay ng mga ilaw, pangangalampag, o pagsusuot ng mga damit na may partikular na kulay o estilo.
- Bisibilidad. Para sa ilang indibidwal, mas ligtas na manindigan nang bukas kaysa sa pagtatago. Kung ikaw ay kilalang kumokontra at nanganganib na arestuhin, mas ligtas ka kung mas maraming tao ang nasa paligid mo, dahil maraming magiging testigo kung may mangyari man.

Maaaring pagmulan ang pananakot ng silakbo ng galit. Kaya kailangan mong subuking makakuha ng ebidensiya ng pananakot na may magandang kalidad at malinaw at ilantad ito sa mga sumasang-ayong madla. Kung magagawa mo ito, kaya mong gawing salungat sa produktibo ang mga pag-atake.

## Pagkalipas

Kapag lumipas na ang lahat ng mga kaganapan, mayroon ka pa bang kailangang gawin?

Maaaring tapos na ang mga pangyayari, ngunit ang pakikibaka laban sa inhustisya ay hindi pa tapos. Ang alaala at kahulugan at epekto ng mga pangyayari ay maaari pa ring paglabanan.

Nangyari ang panggugulpi kay Rodney King noong 1991. Sa mga sumunod na taon, pasulpot-sulpot si King sa mga balita, kadalasan dahil sa pagkakaaresto. Noong 2003, nagsulat ng artikulo si David Horowitz, isang prominenteng komentarista na may mga pananaw na maka-Kanan (*right-wing*), kung saan tinukoy niya si King bilang "*self-destructive lout* (mapanirang tao)," "*a pathetic bum*," (kaawa-awang nilalang) at "*a reckless criminal* (padalos-dalos na kriminal)." Bakit? Dahil nanatiling simbolo ng karahasan ng pulisya ang panggugulpi kay King. Sa kaniyang paninirang-puri kay King, ipinagtatanggol ni Horowitz ang mga pulis laban sa mga kritiko. Ang panggugulpi kay King ay nangyari na, ngunit ang kahalagahan nito ay pinagtatalunan pa rin.

Maaaring maalala o malimutan ang panggugulpi ng pulis. Maaaring makita ito bilang bagay na hindi dapat alalahanin kung ang biktima - tulad ni King - ay nakikita bilang mababang uri ng tao. Maaaring bigyan ito ng interpretasyon bilang wastong pamamaraan o pang-aabuso. Maaaring makita ito bilang naaksiyunan ng mga korte o iba pang mga ahensiya nang angkop o hindi. Maaaring malayang ipahayag ng mga tao ang kanilang mga pananaw tungkol dito, o matakot.

Noong 1915, noong panahon ng Unang Pandaigdigang Digmaan, ang mga Armenian, isang minoryang etnikong grupo sa Imperyong Ottomon, ay pinagmartsa mula sa kanilang mga tahanan ng mga kasundaluhang Ottoman. Isang milyon o higit pa ang namatay dahil sa pagkagutom, pagkahapo at masaker. Nakita ito ng marami bilang isa sa pinakamahalagang henosidyo ng dantaon - ngunit hindi ng gobyerno ng Turkey (ang pumalit na estado ng Imperyong Ottoman), na patuloy na pinaninindigang walang henosidyong naganap. Isang dantaon makalipas ang mga pangyayari, patuloy na nagtatago ang gobyerno ng impormasyon tungkol sa mga pangyayari at tinatakot ang mga nakauunawa sa mga ito

bilang henosidyo. Sa ibang salita, patuloy na gumagamit ang gobyerno ng Turkey ng mga paraan upang pahupain ang silakbo ng galit sa inhustisya.

Sa diwang ito, hindi pa tapos ang henosidyong Armenian. Ang kahulugan nito, at talagang pati na ang mismong pagkakaganap nito, ay patuloy na pinagtatalunan.

Tulad ng panggugulpi kay Rodney King at ang henosidyong Armenian, ang mga paglalaban hinggil sa kahulugan ng mga pangyayari ay maaaring magpatuloy sa mga susunod na taon o dekada. Lalong totoo ito para sa ilang mga pangyayari, tulad ng buhay ni Hesus, ang kolonisasyong Europeo at ang Holocaust, na nakatanim na sa mas malawak na naratibo tungkol sa kahulugan ng mundo.

Samakatwid, hindi magiging mabuting ipagpalagay na dahil tapos na ang mga kalapit na pangyayari, tapos na ang labanan at ayos lamang na magpatuloy na sa ibang mga bagay. May mahalagang papel ang pagpapanatili ng mga alaala, pagpapatunay sa mga biktima, paghamon sa mga inibang interpretasyon at pagkuwestiyon sa mga di-makatarungang hatol. Ang mga anibersaryo ng mga pangyayari - mga inhustisya man o mga matagumpay na kampanya - ay maaaring maging mga okasyon para muling paalabin ang pag-aalala at panatilihin ang pagbabantay laban sa mga suliranin sa hinaharap. Ang mga taunang kilos-protesta tuwing Agosto 6, ang anibersaryo ng pagbabagsak ng atomikong bomba sa Hiroshima noong 1945, ay nakakatulong sa pagpapanatili ng pag-aalala tungkol sa mga panganib ng mga sandatang nuklear.

Ang pag-aanalisa ng pagsablay ay isang paraan para panatilihing buhay ang alaala ng inhustisya. Sa pamamagitan ng paglantad sa mga teknik na ginagamit para pamahalaan ang silakbo ng galit, ang alaala ng inhustiya ay napoprotektahan mula sa mga nagnanais na itago ang kuwento, siraan ang mga biktima at unawain ang mga pangyayari bilang katanggap-tanggap.

# Mga tanong at tugon

Narito ang ilang mga tanong na may kinalaman sa modelo ng pagsablay, at mga posibleng sagot.

Labis na masama ang mga panggugulpi. Ito ay garapal na inhustisya. Ngunit nasaan ang silakbo ng galit? Walang may pakialam. Walang talab ang modelo.

Ang modelo ng pagsablay ay tungkol sa mga taktikang ginagamit ng mga tagapasimuno ng inhustisya at mga paraan para kontrahin ang mga ito. Hindi nito sinasabing awtomatikong magagalit ang mga tao sa kung anong iniisip *mo* na isang inhustisya.

Paano mo nalalamang walang may pakialam o walang nagagalit? Marahil ay may mga reklamo o protesta ngunit hindi mo naririnig ang tungkol sa mga ito.

Nasuri mo na ba ang mga taktikang ginagamit ng mga tagapasimuno para pahupain ang silakbo ng galit? Marahil iyon ang dahilan kung bakit hindi alamng mga tao ang tungkol sa panggugulpi o hindi nila iniisip na napakahalaga ng mga ito.

Bago ang pananakop sa Iraq noong 2003, mayroong mga malawakang protesta. Ngunit nagpatuloy pa rin ang pananakop. Nabigo ang kilusang pangkapayapaan na pigilin ito.

Sa katotohanan, nakagawa ng malaki ang mga protesta. Ipinakita ng mga ito na mayroong malawakang oposisyon at nakatulong sa pagtanggal ng kredibilidad sa pananakop.

Pagkatapos ng mga pag-atake ng mga terorista noong 9/11, lubos ang taas ng pandaigdigang suporta para sa gobyerno ng Estados Unidos. Sinayang ng pananakop sa Iraq ang kabutihang-loob na ito. Malaking bahagi ang mga protesta ng pagbabago ng opinyon ng publiko.

Sa pinakauna, pinaplano nina Bush, Cheney at iba pang nagtutulak para sa pananakop ang higit pang panghihimasok upang pilitin ang kanilang pasiya sa ibang mga bansa tulad ng Syria at Iran. Isang salik ang mariing oposisyon sa pananakop sa Iraq sa pagtulong na mapigil ang adyendang ito.




*Larawan ng mga nagmamartsang kontra-parusa at kontra-pananakop sa Iraq. 2002 o 2003, sa Washington, DC.*

Bilang paghahanda para sa pananakop, ginamit ng gobyerno ng Estados Unidorsang lahat ng limang paraan para pahupain ang silakbo ng galit. Tinago nito ang ebidensiya tungkol sa militar na kapasidad ni Saddam Hussein, binansagan siyang panibagong Hitler at ipinahiwatig na responsable sa 9/11, nagbigay ito ng mali o kaduda-dudang pangangatwiran sa pagpapatuloy ng giyera (ang alegasyon ng sandata para sa malawakang destruksiyon at mga ugnayan sa al Qaeda ni Saddam), at binantaan at sinuhulan ang mga gobyerno sa UN Security Council para suportahan ang pananakop. Kung walang protesta, magiging mas matagumpay ang mga paraang ito. Halimbawa, kung hindi nagkaroon ng protesta, maaaring yumuko ang mga gobyernong nakaupo sa Security Council sa pamimilit ng gobyerno ng Estados Unidos, na hahantong sa pag-endoso ng Security Council sa pananakop, at magbibigay dito ng mas malaking pagkalehitimo at magbubukas ng pinto sa mga pananakop sa hinaharap.[35]

Kumusta ang ideyang ito? Magpaplano kami ng aksiyong hahantong sa pagkakagulpi at maaaring pagkakapatay sa mga aktibista. Makabubuo iyon ng silakbo ng galit at maisasapubliko ang aming pinaglalaban.

Posible ang pagpaplano para lumikha ng pagsablay, ngunit maaaring maging mapanganib ito.

Maaaring gamitin ang anumang ebidensiya o kahit na espekulasyong ginagawa mo ito para siraan ka. Samakatwid, bihirang pinapayo ang paghimok sa iba na atakihin ka, at asahang sasablay ito.

Sa halip, maaari kang magdisenyo ng tinatawag na *dilemma action* o aksiyong pangkagipitan, kung saan gagawa ka ng aksiyon at anumang gawin ng kalaban ay magiging masama para sa kanila. Ang Plotilyang Pangkalayaan patungong Gaza noong 2020 ay isang halimbawa. Kung pinahintulutan ng gobyerno ng Israel na dumaong ang plotilya sa Gaza, masisira nito ang pagbangkulong at magpapahiwatig ng kahinaan ng gobyerno ng Israel. Ngunit kung pinigil ng gobyerno ng Israel ang plotilya, maaaring makita itong di-makatarungan. Ang lumalabas, umatake ang mga kasundaluhang Israeli, kung saan napatay ang siyam na pasahero at ginulpi at inaresto ang iba, at nagdulot ng malawakang pagsablay laban sa gobyerno ng Israel. Gayunman, hindi *umasa* ang ang mga tagapagplano ng plotilya para sa pag-atake ng Israel, o hindi rin magiging etikal para planuhin ang kamatayan at malubhang kapinsalaan. Gumawa ng mga paghahanda ang tagapagplano ng plotilya para sa

35 Brian Martin, “Iraq attack backfire,” Economic and Political Weekly, Vol. 39, No. 16, 17–23 April 2004, pp. 1577–1583.

mga bungang ito ngunit mayroong isa pang opsiyon para sa gobyerno ng Israel. Binigyan ng aksiyong pangkagipitan ang kalaban ng pagpipilian.

Kailangang maingat na paghandaan ang mga aksiyong pangkagipitan, o kung hindi ay hindi sasablay ang mga pag-atake. Nagkaroon ng malawakang publisidad tungkol sa plotilya. Ngunit ipagpalagay kung pumunta sa hanggahan ang ilang mga aktibista na umaasang papatayin sila. Kung walang nakakaalam dito, o kung bakit sila pupunta sa hanggahan, hindi sasablay ang mga pagpatay. Ganap na mahalaga ang paghahanda.

Isipin ang ilang aktibista na sumasalungat sa mga *land mine* o pampasabog na ibinabaon sa lupa at nagdesisyong lakaran ang lupang may bomba. Mababaldado o mapapatay ang ilan. Sasablay ba ito sa mga tagapagmanupaktura at gumagamit ng mga *land mine*? Halos hindi. Maaaring makita ang mga aktibista na walang direksiyon o hangal, dahil ang mga kalaban - mga tagasuporta ng mga *land mine* - ay wala namang magagawa.

Ang modelo ng pagsablay ay nagbibigay na labis-labis na atensiyon sa mga taktika, Kailangan nating magkaroon ng magandang pangmatagalang estratehiya.

Totoo --- may kinalaman ang modelo ng pagsablay sa mga aksiyong ginagawa sa pangmadaliang panahon. Totoo - mahalaga ang estratehiya. Kaya tingnan natin ang ugnayan.

Maaaring isipin ang estratehiya bilang isang plano sa pagtamo ng isang layunin, habang isinasaalang-alang ang mga sirkunstansiya ng sitwasyon, mapagkukunan, kaalyado, at iba pa. Maaaring isipin ang mga taktika bilang mga aksiyong ginagawa sa loob ng konteksto ng isang estratehiya. Kaya ang pangunahing tanong ay hindi kung mayroon bang labis-labis na tuon sa mga taktika, ngunit kung ang mga taktikang ginagamit ay magkatugma sa estratehiya.

Naglalaman ang modelo ng pagsablay ng ilang ipinapahiwatig na palagay tungkol sa estratehiya, at pinakamahalaga ay ang mahalaga ito sa pagpapakilos ng suporta gamit ang mga marubdob na damdamin ng tao laban sa inhustisya. Kung tugma ang iyong estratehiya sa palagay na ito, sa gayon ay walang problema.

Ipagpalagay, para sa punto ng argumento, na ang ilang mga aktibista sa iyong panig ay nadidismaya sa kawalan ng progreso kaya nagdesisyon silang gumamit ng karahasan laban sa mga kalaban, na tinatrato nila nang masama o binabatikos. Kung ito ang iyong paraan ng paglapit, huwag gamitin ang modelo ng pagsablay, dahil ibang-iba ang direksiyon na minumungkahi ng modelo.

Marahil ang iyong estratehiya ay gawin kung ano ang maganda sa iyong pakiramdam. Kaya kung gusto mong manamit na parang mga gorilya, murahin ang mga

estranghero at mag-eskandalo sa mga restawran, sige lamang - at huwag gagamitin ang modelo ng pagsablay, dahil tungkol ito sa pagpapakilos ng suporta, hindi sa magandang pakiramdam. (Gayunman, maaaring planuhing matamo ang magandang pakiramdam habang ginagamit ang modelo.)

Lubos na mahalaga ang estratehiya. Ngunit para sa karamihan ng mga aktibidad, hindi kapana-panabik ang estratehiya kung tutuusin. Kapana-panabik ang paggawa ng mga bagay. Kaya kung may pakialam ka tungkol sa estratehiya, kailangan mong pag-isipan ang tungkol sa kung anong mga paraan ng paglapit sa mga taktika --- sa aksiyon --- ay pinakatugma sa isang mabisang estratehiya. Kung hindi akma ang diskarte ng pagsablay, tulungan ang ibang maunawaan ito. Kung hindi, iba na lamang ang gawin.

Minsan, gumagawa tayo ng mga bagay para pahupain ang galit. Nagtatago tayo ng mga bagay o nang-aabuso. Nangangahulugan ba itong tagapasimuno na rin tayo?

Mahalagang paghiwalayin ang dalawang bagay: (1) mga bagay na nakikita bilang di-makatarungan, tulad ng mga panggugulpi at masaker; (2) mga paraang ginagamit sa pagpapahupa ng silakbo ng galit sa mga bagay na nakikita bilang di-makatarungan.

Kung nanggugulpi ka ng mga tao o sinisigawan sila, tiyak na tagapasimuno ka. Malamang na titingnan ka ng iba na ikaw ang problema.



*Marahas na pinagwatak-watak ng mga puwersang Israeli ang isang Hebrondemonstration, at nagpaputok ng tear gas at bombang pang-ingay at inaresto ang isang nakikiisang aktibistang Aleman.*

Ipagpalagay na sumali ka sa isang aksiyong protesta at ginulpi ka nang sobra ng mga pulis. Nagdesisyon kang hindi sabihin sa iba dahil sa mga personal na dahilan. Marahil ay hindi mo gustong malaman ng iyong pamilya o iyong tagapag-empleo na ikaw ay nagpoprotesta. Kaya may ambag ka sa pagtatakip. Hindi iyon nangangahulugang

tagapasimuno ka. Nangangahulugan lamang ito na hindi mo inilantad ang panggugulpi, at malamang ay mas mababa ang galit kaysa kung iba ang iyong ginawa. Ikaw ang pipili.

Ipagpalagay na sumali ka sa isang protesta at nagsisigaw ng mga di-kanais-nais na islogan tungkol sa mga pulis. Isa ka bang tagapasimuno? Oo, ngunit ng pagsigaw ng mga di-kanais-nais na islogan lamang. Hindi ito ganoon kaseryoso gaya ng malupit na panggugulpi. Ang pangunahing isyu ay kung maganda bang taktika ang pagsisigaw ng mga di-kanais-nais na islogan. Maaaring isipin ng mga tagamasid na may katwiran ang panggugulpi.

Kapag hinamon ka ng isang tao at sinabi, nang may pag-aakusa, “May pinagtatakpan ka” o “Gumagamit ka ng mga opisyal na linya,” maaari mong sagutin, “Ano’ng problema?” Gumagamit ka ng mga paraan para pahupain ang silakbo ng galit, ngunit maaaring may mabubuting dahilan ka.

Kapag sinabi ng isang tao, “Nanakot ka,” kailangan mong isaalang-alang nang maingat ang kanilang pahayag. Kung ang ginagawa mo ay pagbabanta sa iba, maaaring mali ang ginagawa mo. Sa kabilang banda, maaaring makakapangyarihang tagapasimuno sila at gumagamit ka ng di-marahas na aksiyon para hamunin ang kanilang mga aksiyon. Maaaring hindi sila sumasang-ayon sa iyong pananaw o iniisip nilang delikadong banta ang panlipunang pagsuway sa kaayusan sa lipunan, at ramdam nila ang banta.

Hindi awtomatikong masama ang mga paraang nagpapahupa sa silakbo ng galit. Kailangan ng bawat kaso na isaalang-alang ayon sa mga katwiran. Kaya kung ang mga bansag ay ginagamit (“pagtatakip,” “pananakot”), tiyaking tinitingnan kung ano talaga ang nangyayari.

Ako’y nasa isang grupo na maglulunsad ng isang kampanya na sa tingin ko ay mali ang direksiyon, batay sa aking karanasan. Sumasang-ayon ang aking mga ideya sa modelo ng pagsablay. Paano ko gagamitin ang modelo para hikayatin ang mga miyembro na suportahan ang paraan ng paglapit na mas malamang na makatutulong sa pagkamit ng mga layunin ng grupo?

Maaaring mong subuking magsimula ng pagtalakay ng mga opsiyon para sa grupo. Maaring mong sabihin, “Mungkahi ng modelo ng pagsablay na mas makakabuti kung iiwasan ang mga opisyal na linya. Baka kailangan nating mag-isip pa tungkol dito bago magpatuloy.” Kadalasang mahalaga ang pagtalakay.

Kailangan mong maging bukas sa naiibang ideya. Kailangan mong makinig at pati na rin magpakita ng iyong pagtingin. Marahil ay mali sa kasong ito ang modelo ng pagsablay, o mas mahalaga ang ibang konsiderasyon.

Gayunman, kung nakinig ka na at nakipagtalakay at nakipagtalo nang tuloy-tuloy, ngunit nakatuon pa rin ang iba sa pagtuloy, narito ang ilang mga posibilidad.

- Humingi sa kanila ng ebidensiya - mula sa ibang mga kampanya - na gagana ang kanilang plano.
- Gumawa ng prediksiyon tungkol sa ano ang mangyayari. Isulat ito. Kung magkatotoo ang iyong prediksiyon, masasabi mong “Sabi ko na nga ba!” (Gayunman, maaaring hindi ka maging popular dahil dito.)
- Magmungkahing gumawa ng maliit na eksperimento na sinusubok ang iba’t ibang paraan, bago magsimula ng malaking kampanya.
- Tanungin sila kung anong ebidensiya ang magpapabago sa kanilang mga isip. Kung hindi sila makaisip ng kahit ano, alam mong mas mahalaga ang mga motibasyon at malalim na paniniwala kaysa sa ebidensiya.

Pagkatapos ng lahat ng ito, maaaring matuklasan mong sadyang hindi sila nakikinig. Marahil iniisip nilang sakit sa ulo ka dahil sa patuloy na pagkuwestiyon sa kampanyang may taya sila. Ano na?

*Opsiyon 1*. Sumali sa kampanya. Gawin ang makakaya mo para makatulong na gawing matagumpay ito. Minsan, mas mahalagang makipagtulungan bilang isang grupo, at mabigo, kaysa maging mabisa sa pangmadalian ngunit magkakawatak-watak ang grupo dahil sa panloob na di-pagkakasundo at pagtatalunan. Sa pangmatagalan, maaaring pinakamabuting opsiyon ang pagtutulungan. Marahil matututo ang bawat isa mula sa mga kabiguan. (Marahil hindi!)

*Opsiyon 2*. Isabotahe ang kanilang mga pagsisikap, dahil lubhang walang direksiyon sila. Ito ay napakasamang opsiyon. Ang pag-isipan ito ay nagpapahiwatig na nawalan ka na ng pananaw at kailangan mo nang umalis ---

*Opsiyon 3*. Iwan ang grupo at sumali sa iba pa, o gumawa ng iyong sariling grupo. O magtrabaho nang mag-isa. Wala nang di-pagkakasundo!

# Pagsasanay

Maaari mong gawin ang mga pagsasanay na ito nang indibidwal o sa isang grupo. Sa isang sesyon ng pagsasanay, maaaring sabay-sabay na magtulungan ang ilang tao o grupo sa isang pagsasanay habang inihahambing ang mga tugon.

## 1. Suriin ang isang kaso ng inhustisya

Pumili ng isang kaso ng inhustisya na marami ang nalalaman mo o ng sinuman sa iyong grupo. Maaaring mula ito sa personal na karanasan, tulad ng pambu-*bully* sa paaralan, mula sa pag-aaral, tulad ng Holocaust, o mula sa pagkampanya sa isang isyu, tulad ng mga batang sundalo.

(a) Isulat ang mga paraang ginagamit ng mga tagapasimuno ng pag-atake na nagpapahupa sa silakbo ng galit, sa ilalim ng limang kategorya na
- pagtatakip
- pagpapawalang-halaga
- pag-iiba ng interpretasyon
- mga opisyal na linya
- pananakot

(b) Isulat ang mga paraang aktuwal na ginagamit ng mga pinupunterya ng mga pag-atake (*target*) para pataasin ang silakbo ng galit, sa ilalim ng limang kategorya na
- ibunyag (ilantad ang aksiyon)
- bumawi (magpatunay sa target)
- ibahin ang pagtingin (bigyang-kahulugan ang mga pangyayari bilang isang inhustisya)
- ilipat ang direksiyon (magpakilos ng suporta at iwasan ang mga opisyal na linya)
- tumanggi (labanan ang pananakot)

(c) Isulat ang pinagmulan ng iyong impormasyon/kaalaman tungkol sa bawat isa sa mga paraang ito, halimbawa ang obserbasyon, mga pag-uusap, pagbrodkast ng balita, mga panayam o aklat ng kasaysayan.

(d) Isulat kung paano ka magkakaroon ng higit na kaalaman tungkol sa mga paraang ginamit.

(e) Isulat ang mga paraang *maaaring* gamitin ng mga target para pataasin ang silakbo ng galit (kahit na hindi nagamit ang mga ito sa panahong iyon).
(f) Pag-isipan o pag-usapan kung makatutulong ang pagklasipika ng mga paraan sa pag-unawa ng kung anong nangyari hinggil sa inhustisya.

## 2. Pag-aralan ang isang artikulo tungkol sa pagsablay

Pumili ng isang artikulong gumagamit ng suri ng pagsablay.[36]

(a) Magsulat ng maikling buod ng mga pangunahing ideya sa artikulo. Maaaring listahan ito ng mga paraan ng pagpapahupa at pagpapataas ng silakbo ng galit.
(b) Suriin ang suri. Paano ginamit ang ebidensiya? Maingat bang naklasipika ang mga paraan? Matibay ba ang suporta sa kongklusyon? Ano ang babaguhin mo upang maging mas masinsinan, mas nakapagbibigay ng impormasyon o kahika-hikayat ang artikulo?
(c) Pag-aralan ang estilo ng artikulo. Akademiko ba ito o pangmadla? Malinaw ba itong naipahayag? Gumagamit ba ito ng isang salaysay (kuwento) o ibang partikular na paraan ng pagpapakita ng impormasyon? Ano ang babaguhin mo upang maging mas angkop ang artikulo para sa partikular na tagabasa tulad ng mga batang mag-aaral o mga beterano ng militar?
(d) Magbasa ng isa pang artikulo sa parehong isyu, na hindi gumagamit ng suri ng pagsablay tulad halimbawa ng mula sa isang ulat ng balita. Mayroon bang kahit anong bagong impormasyong maaaring isama sa artikulong may suri ng pagsablay? Mayroon bang kahit anong impormasyong hinahamon ang suri ng pagsablay? Mayroon bang ibinubunyag ang bagong artikulo na kahit anong mga paraang hindi agad maipapasok sa modelo ng pagsablay?

---

36 Para sa maraming posibilidad, tingnan ang “Backfire materials,” http://www.bmartin.cc/pubs/backfire.html

### 3. Gumawa ng komento

Pumili ng isang oportunidad para magkomento sa isang artikulo o salaysay ng balita na may kinalaman sa inhustisya tulad ng isang *blog* o *online* na artikulo. Magbigay ng komento gamit ang mga ideya mula sa modelo ng pagsablay. Halimbawa, maaaring magkomento ka sa kung paano sumablay ang isang aksiyon, paano ginamit ang pagpapawalang-halaga, o kung anong paraan ng pagtingin ang ginamit. (Hindi mo kailangang banggitin ang modelo ng pagsablay mismo. Magsabi lamang tungkol sa mga taktika o kinahinatnan.) Tingnan ang mga kasunod na komento upang makita kung may sinumang tumugon sa kung ano'ng sinabi mo. Subuking gumawa ng mga komentong naghihikayat ng mga mapanuring tugon at mas impormadong talakayan.

### 4. Magsulat ng suri ng pagsablay

Ang mga sumusunod na hakbang ay mga mungkahi. Isaayos ang mga ito upang maging akma sa iyong mga pangangailangan.

(a) Pumili ng isang paksa na mayroon kang nalalaman, o magbasa ng isa o dalawang batayang artikulo.
(b) Pumili ng anyo, halimbawa, artikulo, *slide show* o poster.
(c) Magsulat ng borador na ganap na nanggaling sa iyong kaalaman, nang hindi sumasangguni sa anumang mapagkukunan.
(d) Magbasa o magsuri ng ilang mga karagdagang mapagkukunan, at magrebisa o mag-edit sa iyong borador habang nagpapatuloy.
(e) Kapag masasabing magkakaugnay at pulido na ang borador, ibigay o ipakita ito sa isa o dalawang hindi eksperto, at humingi ng mga tanong at komento. Gumawa ng mga pagrerebisa.
(f) Ibigay o ipakita ang borador sa ilang taong may sapat na kaalaman tungkol sa paksa. Gumawa ng mga pagrerebisa batay sa kanilang mga komento.
(g) Kung panatag ang parehong hindi eksperto at eksperto sa kung ano'ng ginawa mo, maaari mo nang gamitin o ipakita ang iyong suri. Kung hindi, ulitin ang mga hakbang d hanggang f.

Tip: magsimula sa maliit, para maaari kang makatapos sa loob ng makatwirang oras. Kapag nakakuha ka ng mas maraming karanasan, maaari ka nang kumuha ng mas malaking proyekto.

5. Magplano para sa pag-atake

    (a) Pag-isipan ang isang posibleng pag-atake, halimbawa, isang bagay na nakakasira sa iyo nang personal, sa iyong grupo, o sa ilang tao o grupong mahalaga sa iyo.
    (b) Isulat ang mga bagay na maaaring gawin ng umaatake para pahupain ang silakbo ng galit tungkol sa pag-atake.
    (c) Isulat kung paano mo, ng iyong grupo, o kung sinuman, mapapataas ang silakbo ng galit.
    (d) Isulat ang pinakamahahalagang paraan upang paghandaan ang pag-atake.
    (e) Magdesisyon kung kailan, saan, at paano gagawin ang mga paghahanda.
    (f) Kung ang paghahanda ay isang bagay na magagawa mo nang personal, gawin na ito! Kung kailangang gumawa ng iba ng aksiyon, bumuo ng isang plano para hikayatin silang gawi ito.

6. Maglaro ng mga taktika

___Makatutulong kung mayroong dalawang o higit pang tao para sa pagsasanay na ito.

    (a) Maghati sa dalawang koponan, isang koponang aatake at isang koponang dedepensa. Magdesisyon sa pangkalahatang uri ng pag-atake.
    (b) Ang koponang aatake --- natural lamang! --- ang mag-iisip ng malikhaing paraan ng pag-atake, kabilang ang mga paraan para pahupain ang silakbo ng galit. Mag-iisip ang koponang dedepensa ng mga paraan para kontrahin ang pag-atake at pataasin ang silakbo ng galit.
    (c) Pagkukumparahin ng mga koponan ang kanilang mga ideya.

Depende sa sitwasyon, maaaring hintayin ng koponang dedepensa na mapakinggan ang mga plano ng koponang aatake, at maaaring sabay na maghanda ang parehong koponan.

7. Gumawa ng mga prediksiyon

Panoorin ang *media*, at pumili ng isang sikat na nagbabagang kuwentong sangkot ang potensiyal na kamalian ng isang makapangyarihang grupo. Ang mga halimbawa mula 2011 ay ang mga pag-atake sa mga tagaprotesta sa Egypt, ang *hacking scandal* sangkot ang News Corporation at ang mga demanda laban sa tagapatatag ng WikiLeaks na si Julian Assange.

(a) Habang pumuputok ang balita, gumawa ng mga prediksiyon tungkol sa mga klase ng mga paraang ginagamit ng makapangyarihang grupo para mapahupa ang silakbo ng galit.
(b) Humanap ng mas maraming impormasyon, mula sa iba-ibang pagkukunan, o maghintay para sa mga maibubunyag sa hinaharap, at tingnan kung tama ang iyong mga prediksiyon.

## 8. Makipag-usap

Minsan, makakatagpo ka ng isang taong lubos ang pagkakasangkot sa pagsalungat sa inhustisya. Maaaring nagtatrabaho sila sa isang sentro ng krisis sa panggagahasa, kampanya sa mga isyung pangkalikasan o aktibong miyembro ng Amnesty International. Kung mayroon kang pagkakataong makipag-usap sa kanila kahit sandali, tanungin sila tungkol sa kanilang isyu, gamit ang mga kategorya ng pagsablay. Narito ang ilang mga posibleng tanong, kung saan tinutukoy ng "sila/nila" ang mga kalaban, tulad ng mga tagapaggahasa, kompanyang nagdudulot ng polusyon o mapaniil na gobyerno.

- Pinagtatakpan ba nila ang impormasyon tungkol sa kanilang mga aktibidad?
- Sinusubok ba nilang ipawalang-halaga ang mga target?
- Nagsisinungaling ba sila tungkol sa kanilang ginawa? O pinapaliit nila ang kahalagahan nito? Sinisisi ba nila ang iba? Nakikita ba nila ang mga bagay mula sa isang ganap na naiibang pananaw?
- Gaano kabisa sa paglutas ng problema ang mga pormal na proseso tulad ng mga ahensiya ng gobyerno at korte?
- Gumagamit ba sila ng mga pagbabanta at pag-atake para takutin ang mga tao?

## 9. Bumuo ng iyong sariling pagsasanay!

# Suplemento: Mga pananggalang na tao at pampigil na pagsablay

## Jørgen Johansen

Kapag ginagamit ng mga tao ang kanilang pisikal na presensiya para protektahan ang mga posibleng target, tulad ng mga gusali, tinatawag silang mga *human shield* o "pananggalang na tao." Ang ideya ay kung ang "inosente" o "kagalang-galang" na mga mamamayan ay malapit sa isang posibleng target, mag-aalangan ang kalaban na umatake dahil sa posibilidad ng epekto ng pagsablay.

### Mga target na tao

Ang mga sibilyan na pinoprotektahan ang ibang mga sibilyan ay kadalasang itinuturing bilang mga "di-armadong guwardiya". Ang mga organisasyon tulad ng Nonviolent Peaceforce at Peace BrigadesInternational ay nag-iisponsor at sumusuporta sa mga boluntaryo upang magsilbi bilang mga pananggalang na tao para sa mga aktibista na nakararanas ng banta mula sa estado, mga pangkat ng gerilya, mafia o paramilitary. May magandang tala ang mga ganoong organisasyon ng mabisang trabaho.[37] Sa ilang mga okasyon kung saan ay inaatake ang mga di-armadong guwardiya, mahirap na ipawalang-halaga o takutin ang mga ito dahil sa talagang dokumentado at respetadong kasaysayan ng kanilang grupo.

Isa sa mga pangunahing aktibidad ng mga grupong ito ay dokumentahin kung ano ang kanilang ginagawa kaya mahirap para sa mga umaatake na pagtakpan ang pinsalang nagawa. Ang mga organisasyong ganoon ay may mahusay na mahusay na sistema para magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga aktibidad. Dahil ang mga talagang respetadong tao ay tuwiran mang sangkot o may tungkulin bilang mga tagapagtaguyod ng

---

37 Liam Mahony and Luis Enrique Eguren, Unarmed Bodyguards: International Accompaniment for the Protection of Human Rights (West Hartford, CT: Kumarian Press, 1997).

trabaho, mahirap ding ibahin ang interpretasyon ng kung anong nangyari gamit ang pagsisinungaling, paninisi, at pag-iiba ng paraan ng pagtingin.

## Mga gusali at impraestruktura

Sa mga sitwasyon ng digmaan, ang mga tao ay minsan ginagamit bilang mga pananggalang upang protektahan ang mga gusali at impraestruktura.



*Noong sinimulang bombahin ng NATO ang Serbia noong ika-24 ng Marso 1999, daan-daang mga lokal at internasyonal na aktibista ang sumunod na nagsitayo sa mga tulay sa Belgrade, Grdelica, Novi Sad at ibang mga lungsod sa pagtatangkang pigilin ang mga ito mula sa pagkasira sa mga bomba. Ang ilan sa mga dayuhan ay mula sa mga bansa kung saan nakibahagi ang kanilang mga militar. Dahil naroon ang ilang mga internasyonal na media, iniwasan ng mga komandante ng NATO na punteryahin ang mga tulay na may mga tao. Maraming ibang bahagi ng impraestruktura ang nasira, ngunit nailigtas ang mga tulay na iyon.*

Tinawid ng Human Shield Action to Irag ang hanggahan patungong hilagang Iraq mula Syria noong ika-15 ng Pebrero, 2003. Ito ay isang larawan ng madla na binati ang mga double-decker na bus habang dumadaan sa hanggahan patungo sa katabing kalsada. Lubhang napakarami ng tao kahit pa walang nakakaalam, kahit na mismo ang mga pananggalang hanggang sa kinagabihan, na dito ang lugar kung saan nila papasukin ang Iraq. Ang lalaking sumisilip mula sa pinto ay ang 68 taong gulang na si Godfrey Meynell ng Britanya, na mahusay sa paggamit ng wikang Arabe at ipinaliwanag sa nabubuong madla kung bakit sila naroon.

Noong Enero 2003, bago ang paparating na pananakop sa Iraq, 30 mga boluntaryong pananggalang na tao ang umalis mula London papuntang Iraq upang manatili sa Baghdad para sa inaasahang pambobomba. Habang naglalakbay ang kanilang bus sa Europa, nakakuha sila ng mas maraming aktibista at nagkaroon ng pinakamataas na bilang na humigit-kumulang 500 na gustong protektahan ang mga pinupunterya ng pambobomba sa Iraq. Nagdesisyon silang manatili sa dalawang planta ng tubig, dalawang planta ng kuryente, isang imbakan ng pagkain, isang pasilidad pangkomunikasyon at isang dalisayan ng langis.[38] Ang kanilang layunin ay pigilin ang mga pag-atake sa pamamagitan ng pag-aanunsiyo na mananatili sila mismo sa o malapit sa mga instalasyong ito. Sa mga lugar na ito, iisa lamang ang binomba noong 2003: ang pasilidad pangkomunikasyon, isang araw makalipas umalis ang mga pananggalang na tao.

## Kalikasan

May ilang mga pakikibaka laban sa pagputol ng mga kakahuyan na gumamit ng teknik ng mga pananggalang na tao para protektahan ang mga puno. Sa India, ang mga kababaihan mula sa kilusang Chipko sa Garhwal Himalayas ay nagsimula noong unang bahagi ng dekada ‘70 na “yakapin ang mga puno” tuwing dumarating ang mga magtotroso na putulin ang mga ito. Ang pinakaunang halimbawa ng uring ito ng aksiyon ay maituturo pabalik sa 1731 kung saan pinangunahan ni Amrita Devi ang daan-daang mga tao sa pagprotekta ng mga nanganganib ng puno sa kanilang komunidad.

Ang mga modernong aktibistang pangkalikasan ay lalo pang nakapagpaunlad. Ang ilan sa kanila ay nanirahan sa taas ng mga puno nang ilang linggo upang mahirapan ang mga kompanyang namumutol na kakahuyan sa pagputol ng mga ito. Ang ilan ay ibinaon ang kanilang mga katawan, maliban ang kanilang mga uli, sa malalalim na butas sa kalsada ng kagubatan upang hindi mahikayat ang mga naghahatid ng troso sa pag-aalis ng troso. Para makadaan ang malalaking trak, kailangan nilang sagasaan at patayin ang mga aktibista. Naging matagumpay ang ilan sa mga kampanyang ito; ang iba naman ay nagpapatuloy pa.

## Kongklusyon

Ang tatlong uring ito ng mga pananggalang na tao ay gumagamit ng bisa ng pagsablay sa paraang maaasahan. Hayagan nilang inilalagay ang kanilang mga sarili sa matinding panganib at umaasang magiging napakataas ng negatibong publisidad mula sa pananakit o pagpatay sa kanila para sa mga taong nasa kapangyarihan. Bagaman ang ganitong klaseng

38 http://www.humanshields.org

ng teknik ay walang garantiyang tatalab, maaaring mapabuti ng maingat ng paghahanda ang tsansa ng tagumpay. Pinaplano ng mga tagapagkampanya ang kanilang mga aksiyon upang lubos na mahirapan ang mga nasa kapangyarihan sa tuwing sinusubok nilang pigilin ang silakbo ng galit ng mamamayan.

1. Sa pamamagitan ng lubos na pinaghandaang dokumentasyon at epektibong pagpapakalat, pinapahirapan ng mga tagapagkampanya ang kalaban na pagtakpan ang mga kasamaan.

2. Sinusubok nilang makipag-ugnayan sa mga talagang respetadong tao para mabawasan ang pagpapawalang-halaga sa grupong nagsasagawa ng mga aksiyon.

3. Gamit ang magandang *access* sa *mainstream media* at pati na rin sa mga linya ng alternatibong *media*, nalilimitahan nila ang mga opsiyon para magsinungaling, manisi, at ibahin ng mga kalaban ang paraan ng pagtingin sa mga aksiyon.

4. Sa tuwing posible, bumubuo sila ng mga ugnayan sa mga opisyal na kinatawan tulad ng mga embahada, internasyonal na organisasyon at gobyerno.

Ang ilang mga kampanya ng pagpapawalang-halaga laban sa mga aksiyon ay nakatuon sa kakulangan ng partisipasyon ng boluntaryo. Halimbawa, minsan ay pinoproklama ng mga umaatake na inutusan ang mga pananggalang na tao na makibahagi. Kadalasan, ang pagpapawalang-halaga ay nasa anyo ng mga sabi-sabi na parurusahan ang mga kalahok kung tumanggi sila at gagantimpalaan kung makibahagi sila. Ang iba naman ay binabansagang walang-alam o inaakusahang nakikipagsabwatan sa “kalaban”. Kapag mas nakikita at mas marami ang nakikibahaging respetadong tao, mas mababa ang epekto ng mga ganoong akusasyon. Kinakailangan ang mas maraming eksperimentasyon at saliksik para mapahusay ang paggamit ng mga pananggalang na tao.

---

Noong 1991, ang mga tagaprotesta sa Dili, East Timor ay minasaker ng mga sundalong Indonesio. Lumabas na isa itong sakunang politikal para sa gobyerno ng Indonesia, na labis na nagpataas sa internasyonal na suporta para sa pakikibakang pangkasarinlan ng East Timor. Sumablay ang masaker sa gobyerno ng Indonesia. Ipinapaliwanag ng Manwal hinggil sa Pagsablay kung bakit.

Ipagpalagay na nagpaplano ka ng isang aksiyon at iniisip mong maaaring atakihin ka. Maaaring isa itong kilos-protesta at may panganib ng karahasan ng pulisya. Marahil ilalantad mo ang katiwalian ng gobyerno at maaaring may mga paghihiganti laban sa iyong grupo. Upang maging handa, kailangan mong unawain ang mga taktikang malamang na ginagamit ng iyong kalaban, tulad ng pagtatakip sa aksiyon at pagsubok na siraan ka at iyong grupo.

Nagbibigay ng gabay ang Manwal hinggil sa Pagsablay para sa klaseng ito ng pagpaplano. Binabalangkas nito ang modelo ng pagsablay at nagbibigay ng mga halimbawa at pagsasanay sa paggamit nito. Isa itong praktikal na *handbook* para sa pagiging mas mabisa kung may hinaharap na makapangyarihan at mapanganib na kalaban.

Si Brian Martin ay isang propesor ng mga agham panlipunan sa University of Wollongong, Australia. Siya ang may-akda ng maraming aklat at artikulo ukol sa di-marahas na aksiyon at bise presidente ng Whistleblowers Australia.

